

2025
HUL – SET

Vol. 101, No. 3

Pansabadong mga Aralin sa Biblia

Sangay ng Nakatatanda



IKATLONG BAHAGI

Ang Ebanghelyo **Ayon kay Juan**

Sa pananatili kay Kristo, tayo ay pinatitibay upang magalak at makapagtiis para sa kapakanan ng Kaniyang minamahal.

Mga Nilalaman



1. Si Jesus, Simon, at si Maria	5
2. Ang Maluwalhating Pagpasok	10
3. Ibig Sana Naming Makita si Hesus.....	15
4. Si Jesus, ang Lingkod ng mga Lingkod	20
5. Ang Daan, anf Katotohanan, at ang Buhay	26
6. Ang Ipinangakong Banal na Espiritu.....	31
7. Si Jesus, ang Tunay na Puno ng Ubas	36
8. Pag-ibig sa mga Kapatid	41
9. Ang Misyong ng Banal na Espiritu	46
10. Si Kristo ay Idinadalangin ang Kaniyang mga Alagad (1).....	52
11. Si Kristo ay Idinadalangin ang Kaniyang mga Alagad (2).....	57
12. Ang Pagsasakdal kay Kristo	62
13. Si Simon Pedro	67

Pansabadong mga Aralin sa Biblia, isang programang pang-araw araw na pag-aaral, ay nakabatay lamangsa Bibliya at Espiritu ng Hula na walang karagdagang mga pagpapaliwanag. Ang mga sipi ay mas maiklihangga't maaari upang makapagbigay ng buod, direktang mga kaisipan. Ang mga panaklong [] ay ginagamit sa ilang mga sitwasyon upang magbigay-linaw, wastong pagkakaugnay ng kahulugan, at maal-wangpagbabasa. Ang karagdagang pag-aaral sa mga sinipinh babasahin ay maringin iminumungkahi.

Mga Ilustrasyon: Adobe Stock on the front cover and pp. 4, 25, 72; Map Resources on pp. 51, 72.

Copyright © 2025 by the Seventh Day Adventist Reform Movement General Conference, Sabbath School Department, 5240 Hollins Road, Roanoke, Virginia 24019, USA.
Telephone: 1-540-362-1800 • Web: www.sdarm.org • E-mail: info@sdarm.org

Sabbath Bible Lessons (USPS 005-118), Vol. 101, No. 3, Hulyo-Setyembre 2025. Published quarterly by the Seventh Day Adventist Reform Movement General Conference, Sabbath School Department. Printed, and distributed by Reformation Herald Publishing Association, 5240 Hollins Road, Roanoke, Virginia 24019-5048, U.S.A. Periodical postage paid at Roanoke, Virginia 24022-9993.

U.S.A. and Canada
Contact: Telephone 1-540-366-9400 • Website: www.reformationherald.com • E-mail: info@reformationherald.org

Annual subscriptions in U.S.A.: U.S. \$22.00. Large print \$33.00. International \$21.00 plus shipping. Large print international \$31.00 plus shipping. Single copies \$6.00. Large print \$9.00. Please send subscription requests and payments (in U.S. currency only) to the address below. Prices subject to change without notice.

POSTMASTER, please send address changes to: Sabbath Bible Lessons, P. O. Box 7240, Roanoke, VA 24019-0240.

Australia
Contact: Telephone 61-2-9627-7553 • Fax 61-2-9627-7554 • Website: www.sdarm.org.au • E-mail: info@sdarm.org.au

Annual subscriptions in Australia: AU \$34.00 (individual copies \$8.50). Other countries, AU \$34.00 plus shipping. Please send subscription requests and payments (in Australian currency) to the address below. Sabbath Bible Lessons, P.O. Box 132, Riverstone NSW 2765, Australia.

South Africa
Contact: Telephone & Fax 27-011-336-7064 • Website: www.sdarm.sa.org.za • E-mail: admin@sdarm.sa.org.za

Annual subscriptions in South Africa: R120-00 (single copies R35-00). Please send subscription requests and payments to the address below.

POSTMASTER, please send address changes to: Sabbath Bible Lessons, P. O. Box 7950, Johannesburg 2000, South Africa.

Paunang salita

Habang nagpapatuloy tayo sa Mga Aral Mula sa Ebanghelyo Ayon kay Juan, tayo ay nagsisimula nang lumapit sa mga huling araw ng ministryo ni Jesus sa lupa. Ang Espiritu ng Hula ay nagsasabi sa atin, “makabubuti para sa atin na gumugol ng oras sa bawat araw sa paginilay-nilay sa buhay ni Kristo. Dapat nating isaalang-alang ito sa bawat punto, at hayaang maunawaan ng kaisipan ang bawat kaganapan, lalo na ang mga pangkatapusang mga pangyayari. Habang isina-saalang-alang natin ang Kanyang dakilang pagpapakasakit para sa atin, ang ating pagtitiwala sa Kanya ay magiging mas matatag, ang ating pag-ibig ay mapapasigla, at tayo ay magiging lubos na mapupuspos ng Kanyang espiritu. Kung nais nating maligtas sa huli, kinakailangan nating matutunan ang aral ng pagsisisi at pagpapakababa sa paanan ng krus.”—The Desire of Ages, p. 83.

Ang apostol ay binanggit ang tunay na mga Simbolo bilang si Jesu-Kristo, ang nag-katawang-taong pagpapahayag ng banal na karunungan, banal na kalooban, at banal na kapangyarihan, kung saan ang daan ng kaligtasan ay nabuksan at nahayag sa lahat ng tao. Si Jesus ay tinutukoy bilang ang Maylalang ng lahat ng mga bagay, ang pinagmumulan ng buhay, ang liwanag ng sanglibutan, ang buhay na kapahayagan ng kaisipan ng Ama. Ang kalooban ng Diyos “na ang lahat ay mag-sisisi” (2 Pedro 3:9), sa pamamagitan ng pagkilos ng Banal na Espiritu, ay ipinapaabot din sa ating pag-unawa ni Juan, na pagkatapos ay aakay sa atin sa Getsemane, kung saan ang kahahantungan ng sangkatauhan ay mapagpapasyahan. Lumilitaw na ang isa sa mga pangunahing layunin ng aklat ay upang matulungan ang mga Kristiyanong mananampalataya na nangangalat, na walang personal na pakikipag-ugnayan kay Jesus at yumayakap sa mga ideya ng pagano, upang matugunan ang tunay na mga Simbolo, ang tunay na Liwanag. Ang isa pang mahalagang layunin ng sulat ni Juan ay upang ihanda ang mga Kristiyano sa pangkalahatan na harapin ang ilan sa mga panganib na nagbabanta sa iglesia sa pagtatapos ng siglo: Ang sinaunang kabanalan ay nawawala (Pahayag 2:4) at ang pag-ibig sa sanlibutan ay lumalago sa gitna ng bayan ng Diyos (1 Juan 2:15). Ang mga maling paniniwala tulad ng Gnosticism ay unti-unting nakakapasok sa kawan. Ang Gnosticism ay itinatangi na si Kristo ay tunay na nagkatawang-tao, kinuha ang likas ng tao. Ang mga Gnostic ay itinuturo na hindi aktwal na nakita ng mga tao si Kristo, na ang kanilang nakita ay isang aparisyon lamang. Samakatuwid, ang katotohanang inihayag sa Juan 1:14 ay partikular na makabuluhan noong mga araw na iyon. Ang isa pang panganib na nagbabanta sa iglesia ay ang pag-uusig mula sa mga awtoridad ng Roma.

Walang alinlangan na ang aklat ni Juan ay malaking tulong sa sinaunang Kristiyanong iglesia. Ito ay malaking tulong sa mga tagasunod ni Kristo sa mga nagdaang panahon—at ito ay malaking tulong din sa atin ngayon.

Nawa’y ipagkaloob ang patnubay ng Espiritu ng Diyos sa parehong mga guro at mag-aaral habang patuloy nating pinag-aaralan ang seryeng ito ng mga aralin!

Ang General Conference Sabbath School Department

A map of Tahiti and its surrounding islands. The main island, Tahiti, is shown in green and yellow, with various locations labeled: Papeete, Faa'a, Punaauia, Maraa, Atamaono, Taravao, Paea, Papietoo, Tiarei, Hitiaa, Faaone, Pueu, and Teanupo. To the northwest is the smaller island of Afaanitu. To the southeast is the island of Hotupu. The Pacific Ocean is labeled at the bottom.



Sabbath Bible Lessons, Sabbath Bible Lessons, Hulyo–Setyembre 2025

Si Hesus, Simon, at si Maria

SAULUHING TALATA: “Kaya nga sinasabi ko sa inyo, Ipinatatawad ang kaniyang maraming kasalanan; sapagka’t siya ay umibig ng malaki: datapuwa’t sa pinatatawad ng kaunti, ay kakaunti ang pag-ibig” (Lucas 7:47).

Iminumungkahing Babasahin: *Testimonies for the Church*, vol. 4, p. 485–487, 550–552.

“Si Hesus ay nalalaman ang mga kalagayan ng bawat kaluluwa. Maaari mong sabihing, Ako ay makasalanan, napaka makasalanan. Maaaring ikaw ay gayon nga; subali’t kung gaano man tayo napakasama, mas kinakailangan natin si Hesus. Siya ay hindi tinatalikuran ang tumatangis, ang isang nagsisisi. Hindi Niya sinasabi sa sinuman ang lahat ng maaari Niyang ihayag, ngunit in-aanyayahan Niya ang bawat nanginginig na kaluluwa na magkaroon ng lakas ng loob. Lubos Niyang patatawarin ang lahat ng lumalapit sa Kanya para sa kapatawaran at pagpapanumbalik.” *The Desire of Ages*, p. 568.

1. ANG HULING PAGDALAW SA BETANIA

Lin, Hun 29

- a. Ilarawan ang sitwasyong umiiral sa Jerusalem noong panahon ng pagdalaw ni Kristo sa Betania at kung paano ito maaaring nakaimpluwensya sa ilang dumalo sa kapistahan ni Simon. Juan 11:55–57; Awit 55:21

“Si Simon ng Betania ay itinuturing na isang alagad ni Hesus. Siya ay isa sa ilang mga Pariseo na hayagang sumama sa mga tagasunod ni Kristo. Kinilala niya si Hesus bilang isang guro, at umaasa na Siya ay maaaring ang Mesiyas, ngunit hindi niya Siya tinanggap bilang isang Tagapagligtas. Ang Kanyang pag-uugali ay hindi nabago; ang kanyang mga prinsipyo ay hindi nagbago.”—*Ibid.*, p. 557.

- b. Anong dakilang pagpapala ang natanggap ni Simon, at paano niya ipinakita ngayon ang kaniyang pagpapasalamat kay Hesus? Lucas 7:36.

“Si Simon ay gumaling sa ketong, at ito ang naglapit sa kanya kay Hesus. Ninais niyang ipakita ang kanyang pagpapasalamat, at sa huling pagdalaw ni Kristo sa Betania ay gumawa siya ng isang piging para sa Tagapagligtas at sa Kanyang mga alagad.” - *Ibid.*

- a. Ilarawan ang nakatago, sa likod ng mga pangyayari na uri ng sitwasyon na kadalasang nangyayari sa mga pakikipagkapwang pagtitipon (social gatherings)—at kung paano ito umiral sa okasyong ito. Awit 55:21.

“Sa piging na ito ay nagsama-sama ang marami sa mga Hudyo. Sa panahong ito ay nagkaroon ng labis na kagalakan sa Jerusalem. Si Kristo at ang Kanyang misyon ay umaakit ng higit na pansin kaysa dati. Yaong mga dumalo sa piging ay maingat na binabantayan ang Kanyang mga pagkilos, at ang ilan sa kanila ay may masamang mga tingin.” - *The Desire of Ages*, p. 557.

- b. Isalaysay ang mga ginawa ni Maria sa piging ni Simon. Lucas 7:37, 38; Juan 12:3.

“Si Maria ay taimtim na nakikinig sa bawat salita mula sa mga labi ni Jesus. Sa Kanyang habag, pinatawad ni Jesus ang kanyang mga kasalanan, Kanyang tinawag ang kanyang minamahal na kapatid mula sa libingan, at ang puso ni Maria ay napuspos ng pagpapasalamat. Narinig niyang binanggit ni Jesus ang Kanyang nalalapit na kamatayan, at sa kanyang taimtim na pag-ibig at kalungkutan ay ninais niyang magpakita sa Kanya ng pagpaparangal. Sa isang napakalaking personal na sakripisyo ay bumili siya ng alabastro ng unguentong taganas na nardo, na totoong mahalaga’ upang pahiran ang Kaniyang katawan. Subali’t ngayon ay ipinahahayag ng marami na Siya ay malapit nang makoronahan bilang hari, at ang kaniyang kalungkutan ay napalitan ng kagalakan, at siya ay sabik na mauna sa pagpaparangal sa kaniyang Panginoon. Binasag niya ang sisidlan ng unguento at ibinuhos niya ang mga laman nito sa ulo at mga paa ni Jesus, habang siya ay nakaluhod na tumatangis, nababasa ang mga ito ng kanyang mga luha, pinahiran niya ang Kaniyang mga paa ng kaniyang mahabang mga buhok. pp. 558, 559.

- c. Ano ang pagtanggap ni Judas sa gawang ito? Juan 12:4, 5; Mateo 26:8, 9.

“[Si Maria] ay sinikap na iwasan ang pagmamasid, at ang kanyang mga pagkilos ay maaaring hindi napapansin, subali’t napuno ng mabangong amoy ng unguento ang bahay, at isinaysay ang kanyang ginawa sa lahat ng naroroon. Si Judas ay tiningnan ang gawang ito nang labis na hindi nasisiyahan. Sa halip na hintaying marinig kung ano ang maaaring sasabihin ni Kristo tungkol sa bagay na iyon, siya ay nagsimulang magsalita ng palihim ng kanyang mga reklamo sa mga nasa malapit sa kanya, na napupukol ng pagtuligsa sa gayong pag-aaksaya. Siya ay may katusuhang gumawa ng mungkahi na maaaring maging dahilan ng paglayo ng damdamin.”—*Ibid.*, p. 559

- a. Sa katunayan, bakit pinuna ni Judas ang ginawa ni Maria sa pagpapahid sa mga paa ni Jesus? Juan 12:6.

“Si Judas ay ingat-yaman ng mga alagad, at mula sa kanilang maliit na imbakan ay palihim siyang kumukuha para sa kanyang sariling paggamit, kaya’t nababawasan ang kanilang mga salapi hanggang sa lumiit ang halaga. Siya ay sabik na inilalagay sa supot ang lahat ng kanyang makukuha. Ang yaman sa supot ay kadalasang kinukuha upang tulungan ang mga mahihirap; at kapag may isang bagay na iniisip ni Judas na hindi kinakailangan ay nabili, siya ay magsasabi, bakit may pag-aaksaya? Bakit hindi na lang ilagay sa supot ang halaga nito upang aking madala para sa mga dukha? Ngayon ang gawa ni Maria ay kapansin-pansing salungat sa kanyang pagkamakasariili na nailagay siya sa kahihiyan; at ayon sa kanyang gawi, siya ay nagsikap na makahanap ng nararapat na motibo para sa kanyang pagtutol sa kaloob. Sa pagbaling sa mga alagad, siya ay nagtanong, ‘Bakit hindi ipinagbili ang unguentong ito ng tatlong daang denario, at ibigay sa mga dukha? Ito’y sinabi nga niya, hindi sapagka’t ipinagmalasakit niya ang mga dukha; kundi sapagka’t siya’y magnanakaw, at dahil nasa kaniya ang supot ay kinukuha niya ang doon ay inilalagay.’ Si Judas ay walang puso para sa mga dukha. Kung ang unguento ni Maria ay naipagbili, at ang mga nalikom ay inilagay sa kanyang pag-iingat, ang mga dukha ay walang matatanggap na kapakinabangan.”—The Desire of Ages, p. 559.

- b. Paano itinuring ng mga alagad si Judas—at paano niya tinitingnan ang kaniyang sarili? Juan 13:29.

“Si Judas ay may mataas na opinyon sa kanyang sariling pangpangangasiwang kakayahan. Bilang isang tagahawak ng pondo ay inisip niya ang kanyang sarili na lubos na nakahihigit sa kanyang mga kapwa alagad, at inakay niya sila na ituring siya sa parehong pananaw. Nakuha niya ang kanilang pagtitiwala, at nagkaroon siya ng malakas na impluwensya sa kanila. Ang kanyang sinasabing simpatiya para sa mga dukha ang naglinlang sa kanila, at ang kanyang tusong mungkahi ay naging dahilan upang sila ay tumingin nang walang pagtitiwala sa debosyon ni Maria.”—Ibid., pp. 559, 560.

- c. Ilarawan kung ano ang kadalasang nagtutulak sa mga tahimik na bumubulong-bulong sa iba—at kung paano ito makakaapekto sa mga sensitibong kaluluwang pinupuntirya nito. Judas 1:16.

“Si Maria ay narinig ang mga salita ng pagtuligsa. Ang kanyang puso ay nanginig sa kaniyang kalooban. Siya ay natakot na ang kanyang kapatid na babae ay mapagalitan siya dahil sa labis na paggasta. Ang Panginoon, gayon din, ay maaaring isipin na siya ay mapag-aksaya. Walang pagpapaliwanag o pagdadahilan siya ay malapit ng makaramdam ng panliliit.”—Ibid., p. 560.

- a. Paano si Simon naapektuhan ng sarili niyang tulad sa pariseong pagmamataas at ng ginawa ni Maria—at paano niya hinatulan si Jesus? Lucas 7:39.

“Si Simon na punong-abala ay naimpluwensyahan ng pamumuna ni Hudas sa kaloob ni Maria, at siya ay nagulat sa pagkilos ni Jesus. Ang kanyang tulad sa Pariseong pagmamataas ay nasagi....

“Sa pamamagitan ng pagpapagaling kay Simon sa ketong, siya ay iniligtas ni Kristo mula sa buhay na tila kamatayan. Ngunit... dahil pinahintulutan ni Kristo ang babaeng ito na lumapit sa Kanya, dahil hindi Niya siya itinakuwil nang may galit bilang isa na ang mga kasalanan ay napakalaki upang mapatawad, dahil hindi Niya ipinakita na Kanyang napagtanto na siya ay nagkasalala, si Simon ay natuksong isipin na Siya ay hindi isang propeta.”—*The Desire of Ages*, p. 566.

- b. Anong kaalaman sa personal na buhay nina Simon at Maria ang inihayag ni Jesus? Lucas 7:40–43. Paano ni Jesus sinaway si Simon, at bakit? Lucas 7:44–46.

“[Si Simon] ay hindi naunwaan na ang Anak ng Diyos ay dapat kumilos sa pamamaraan ng Diyos, nang may pagkahabag, at awa. Ang pamamaraan ni Simon ay hindi pinahalagahan ang nagsisising paglilingkod ni Maria. Ang kanyang paghalik sa mga paa ni Kristo at pagpapahid sa mga ito ng unguento ay lalong nagpapagalit sa katigasan ng kaniyang puso. Inisip niya na kung si Kristo ay isang propeta, ay makikilala Niya ang makasalanan at sasawayin sila.

“Tulad ng ginawa ni Nathan kay David, si Kristo ay ikinubli ang Kanyang direktang pagsaway sa ilalim ng lambong ng isang talinghaga. Inilagay Niya sa Kanyang punong-abala ang pasanin ng pagbigkas ng paghatol sa kanyang sarili. Si Simon ay naakay sa pagkakasalala sa babaeng hinahamak niya ngayon. Si Maria ay lubos niyang nagawan ng pagkakamali. . . . Subali’t si Simon ay nakadama sa kanyang sarili na mas banal siya kaysa kay Maria, at si Jesus ay ninais na makita niya kung gaano kalaki ang kanyang pagkakasalala. Nais Niyang ipakita sa kanya na ang kanyang pagkakasalala ay mas matindi kaysa kay Maria.”—*Ibid.*, pp. 566, 567.

- c. Paano tumugon ang mga Judio nang sabihin ni Jesus na ang mga kasalanan ni Maria ay ipinatatawad na? Lucas 7:48, 49. Ano ang naging epekto ng talinghaga ni Kristo sa puso ni Simon?

“Si Simon ngayon ay nagsimulang makita ang kanyang sarili sa isang bagong liwanag. Nakita niya kung paano si Maria itinuring ng Isa na higit pa sa isang propeta. Nakita niya nang may matalas na paningin na nababasa ni Kristo ang kanyang puso ng may pag-ibig at debosyon. Ang kahihiyan ay pumuno sa kanya, at naunawaan niya na siya ay nasa presensya ng Isang nakakataas sa kanyang sarili.”—*Ibid.*, p. 567.

- a. Bagama't sa atin ay tila hindi matitiyak ang resulta, bakit tayo hinihikayat na makipag-usap nang may katapatan sa mga nagkakasala kagaya ni Simon? Kawikaan 9:8; Santiago 5:20.

“Habang si Maria ay isang makasalanang pinatawad, [si Simon] ay isang makasalanang hindi napatawad. Ang mahigpit na pamamaraan ng katuwiran na nais niyang ipataw kay Maria ang nagkondena sa kanya.

“Si Simon ay naantig sa kabaitan ni Jesus sa hindi hayagang pagsaway sa kanya sa harapan ng mga panauhin. Hindi siya tinatrato ayon sa nais niyang pagtrato kay Maria. Nakita niya na hindi nais ni Jesus na ihayag ang kanyang pagkakasala sa iba, ngunit sinisikap na sa pamamagitan ng tunay na pagpapahayag ng kalagayan upang kumbinsihin ang kanyang isipan, at sa pamamagitan ng may habag na kabaitan upang masupil ang kanyang puso. Ang mahigpit na pagtuligsa ay maaaring magpatigas kay Simon sa pagsisi, ngunit ang mapagtiis na pagpapaunawa ang naghikayat sa kanya sa kanyang pagkakamali. Nakita niya ang kalakhan ng pananagutan niya sa kaniyang Panginoon. Ang kanyang pagmamalaki ay napagpakumbaba, siya ay nagsisi, at ang palalong Pariseo ay naging isang maamo, mapagmalasakit na alagad.”—The Desire of Ages, p. 567, 568.

- b. Ano ang sinabi ni Jesus tungkol sa ginawa ni Maria, at anong nakakapag-pasiglang mga salita ang Kanyang sinabi sa kanya? Mateo 26:12, 13; Lucas 7:50.

“Si Maria ay itinuring na isang lubos na makasalanang, subali't nalalaman ni Kristo ang mga pangyayari na humubog sa kanyang buhay. Maaari Niyang wasakin ang bawat sinag ng pag-asa sa kanyang kaluluwa, ngunit hindi Niya ginawa. Siya ang nag-ahon sa kanya mula sa kawalan ng pag-asa at kapahamakan. Pitong beses niyang narinig ang Kanyang pagsaway sa mga demonyo na kumokontrol sa kanyang puso at isipan. Narinig niya ang Kanyang malakas na pagtangis sa Ama para sa kanyang kapakanan. Nalaman niya kung gaano nakakalapastangan ang kasalanan sa kanyang kadalisan, at sa Kanyang kalakasan si Maria ay nagtagumpay.”—Ibid., p. 568.

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL**Biy, Hul 4**

1. Sa aking paglalakad kasama ang Diyos, paano ko malilinig ang mas magandang katangian ni Maria?
2. Anong babala ang dapat kong isalang-alang sa pagpansin ng ugali ni Judas sa kapistahan?
3. Paano ko maiiwasan ang patibong na pinangunahan ng mga iniisip ni Simon?
4. Kailan ang mga salita ni Kristo na nagpapasigla kay Maria maiaangkop sa aking buhay?
5. Ano ang dapat kong matutunan sa kung paano ni Jesus nakumbinsi si Simon sa kaniyang pagkakamali?

Ang Maluwalhating Pagpasok

SAULUHING TALATA: “Sabihin ninyo sa anak na babae ng Sion: Narito, ang Hari mo’y pumaparito sa iyo, Na maamo, at nakasakay sa isang asno, At sa isang batang asno na anak ng babaing asno” (Mateo 21:5).

Iminumungkahing Babasahin: *The Desire of Ages*, pp. 569–579.

“Si Kristo ay naparito upang iligtas ang Jerusalem kasama ang kanyang mga anak; ngunit ang tulad sa kapalaluan ng mga Pariseo, pagpapaimbabaw, paninibugho, at masamang hangarin ang humahadlang sa Kanya na mai-sakatuparan ang Kanyang layunin.”—*The Desire of Ages*, p. 577.

1. SA BUNDOK NG MGA OLIVO

Lin, Hul 6

- a. Habang si Jesus at ang Kanyang mga alagad ay papalapit sa Jerusalem, sa anong mga tagubilin isinugo Niya nang mas maaga ang dalawa sa kanila? Mateo 21:1–5.

“Si Jesus ay nagpadala ng dalawa sa Kanyang mga alagad upang dalhin sa Kanya ang isang asno at ang batang asno (na anak) nito. Sa Kanyang pag-silang ang Tagapagligtas ay umaasa sa kabutihang loob ng mga taga-ibang bayan. Ang sabsaban kung saan Siya nakahiga ay isang hiram na pahingahan. Ngayon, bagaman ang mga hayop sa libo-libong mga burol ay sa Kanya, Siya ay umaasa sa kagandahang-loob ng isang taga-ibang bayan para sa isang hayop na gagamitin sa pagpasok sa Jerusalem bilang kanyang Hari.”—*The Desire of Ages*, pp. 569, 570.

- b. Ilarawan ang pagkilos ng mga alagad. Mateo 21:6, 7.

“Ang mga alagad, sa masiglang kasigasigan, ay inilatag ang kanilang mga damit sa hayop, at pinaupo ang kanilang Panginoon sa ibabaw nito. Noon pa man, si Jesus ay palaging naglalakbay sa pamamagitan ng paglalakad, at ang mga alagad nang una ay nagtaka na Siya ngayon ay piniling sumakay. Ngunit ang pag-asa ay lumiwanag sa kanilang mga puso na may masiglang pag-iisip na Siya ay papasok na sa kabisera, ipapahayag ang Kanyang Sarili bilang Hari, at ipapahayag ang Kanyang pangharing kapangyarihan, p. “. 570.

- a. Nang marinig ng karamihan na si Jesus ay darating sa Jerusalem, ano ang kanilang ginawa? Juan 12:12, 13.

“Habang nasa kanilang gawain [ang mga alagad] ay ipinaabot ang kanilang masiglang pag-asa sa mga kaibigan ni Jesus, at ang pananabik ay kumalat sa malayo at malapit, na tumataas ang pag-asa ng mga tao sa pinakamataas na antas.”—*The Desire of Ages*, p. 570.

- b. Ano ang umakay sa karamihan na papurihan si Jesus bilang ang Mesiyas sa napakasayang pagkakataong iyon? Zacarias 9:9; Juan 12:14, 15.

“Si Kristo ay sinusunod ang kaugalian ng mga Hudyo para sa isang pangharang pagpasok. Ang hayop na Kanyang sinasakyan ay ang sinasakyan ng mga hari ng Israel, at ang propesiya ay naghula na sa gayon ang Mesiyas darating sa Kanyang kaharian. Hindi pa man Siya matagal na nakakaupo sa asno ay ang malakas na hiyawan ng pagtatagumpay ang pumuno sa kapaligiran. Ang karamihan ay pinupuri Siya bilang Mesiyas, ang kanilang Hari. Si Jesus ay tinanggap ang pagpaparangal na hindi Niya pinahihintulutan noon, at ang mga alagad ay tinanggap ito bilang patunay na ang kanilang malugod na pag-asa ay matutupad na nakikita Siyang nanatili sa trono.”—*Ibid.*

- c. Paano ang pananabik ng mga tao para sa pagpapalaya ay inulit ng may kagalakan ang mga salita ng Salmista? Mateo 21:9; Awit 118:26.

““Ang karamihan ay naniniwala na ang panahon ng kanilang pagpapalaya ay malapit na. Sa imahinasyon ay nakita nila ang mga hukbong Romano na itinatuboy mula sa Jerusalem, at ang Israel ay muling naging isang malayang bansa. Ang lahat ay nagagalak at nasasabik; ang mga tao ay nagpapagalingan sa isa’t isa sa pagbibigay-pugay sa Kanya. Hindi sila makapagpakita ng panlabas na maringal at marilag na pagpupugay, subali’t binigyan nila Siya ng pagsamba ng masayang mga puso. Hindi sila makapagbigay sa Kanya ng marangyang mga kaloob, subali’t inilatag ang kanilang mga panlabas na kasuotan sa Kanyang daraanan, at inilatag din nila ang madahong mga sanga ng olibo at ng palma sa daan. Sila ay maaaring pangunahan ang matagumpay na pagdiriwang na walang pangharing mga pamantayan, subali’t pinutol nila ang mga nakabukang mga suloy ng palma, ang Kalikasang simbulo ng tagumpay, at iwinagayway ang mga ito nang mataas na may malalakas na pagbubunyi at mga papuri.”—*Ibid.*

- a. Paano ang naging reaksiyon ng ilan sa mga Pariseo sa pagpapakita ng papuri para kay Kristo? Juan 12:19; Lucas 19:39.

“Maraming mga Pariseo ang nakasaksi sa kaganapan, at, nag-iinit sa pagka-inggit at masamang hangarin, ay nagsikap na ibaling ang kasalukuyang laganap na damdamin. Sa lahat ng kanilang kapamahalaan ay sinubukan nilang patahimikin ang mga tao; ngunit ang kanilang mga panawagan at pagbabanta ay nagpapataas lamang ng kasigasigan. Sila ay nangamba na ang karamihang ito, sa lakas ng kanilang bilang, ay maaaring gawing hari si Jesus. Bilang isang huling paraan sila ay sumiksik sa gitna ng karamihan kung nasaan ang Tagapagligtas at pinagsabihan Siya: ‘Guro, sawayin mo ang Iyong mga alagad.’ Ipinahayag nila na ang gayong maingay na mga pagtatanghal ay hindi matuwid, at hindi pinahihintulutan ng mga awtoridad.” – *The Desire of Ages*, p. 572.

- b. Anong sagot ang ibinigay ni Jesus sa kanila? Lucas 19:40.

“Ang kaganapang iyon ng pagtatagumpay ay ang mismong paghirang ng Diyos. Ito ay inihula ng propeta, at ang tao ay walang kapangyarihan na ilihis ang layunin ng Diyos. Kung ang mga tao ay nabigong isakatuparan ang Kanyang plano, Siya ay magbibigay ng tinig sa walang buhay na mga bato, at sila ay magpupugay sa Kanyang Anak na may malakas na pagbubunyi ng mga pagpuri.” – *Ibid.*, p. 572.

“Gayundin maaaring ang mga saserdote at mga pinuno ay may pagtatangka na pagkaitan ang kalupaan ng sumisinag na mukha ng araw, upang hadlangan ang sanglibutan ng mga sinag ng kaluwalhatian mula sa Araw ng Katuwiran. Sa kabila ng lahat ng pagsalungat, ang kaharian ni Kristo ay ipinahayag ng mga tao.” — *God’s Amazing Grace*, p. 47.

“Ang gawain ng Diyos ay patuloy na susulong, sa kabila ng lahat ng maaaring gawin ng tao upang hadlangan ito o sirain ito.”—*The Story of Jesus*, p. 85.

- c. Paano ang kamangha-manghang pagbubunyi na ito naging katuparan ng propesiya, na kinilala ng marami sa dagsa ng mga tao? Zacarias 9:9.

“Habang ang mga natahimik na Pariseo ay umurong, ang mga salita ni Zacarias ay kinuha ng daan-daang mga tinig. [Sipi ng Zacarias 9:9.]—*Ibid.*, p. 572–575.

- a. Sa anong layunin pinahintulutan ni Jesus ang gayong dakilang pagsasagawa ng pagpaparangal sa araw ng Kanyang matagumpay na pagpasok sa Jerusalem? Juan 12:16, 23–28.

“Kailanman sa Kanyang buhay sa lupa ay hindi pinahintulutan ni Jesus ang gayong pagsasagawa ng pagpaparangal. Malinaw Niyang nakita ang resulta. Ito ay magdadala sa Kanya sa krus. Subali’t ito ay Kanyang layunin na sa gayon ipahayag sa publiko ang Kanyang sarili bilang Manunubos. Ninais Niyang tawagin ang atensyon tungo sa sakripisyo na magpuputong sa Kanyang misyon sa nahulog na sanglibutan. Habang ang mga tao ay nagtitipon sa Jerusalem upang ipagdiwang ang Paskuwa, Siya, ang simbulong Tupa, sa pamamagitan ng kusang loob na gawa ay itinalaga ang Kaniyang sarili bilang hain. Kinakailangan para sa Kanyang iglesya sa lahat ng susunod na kapanahunan na ang Kanyang kamatayan para sa mga kasalanan ng sanglibutan ay gawing paksa ng malalim na pag-iisip at pag-aaral. Ang bawat katotohanang may kaugnayan dito ay dapat na mapatunayan nang walang pag-aalinlangan. Kinakailangan, kung gayon, na ang mga mata ng lahat ng mga tao ay dapat na maituon ngayon sa Kanya; ang mga pangyayari na nauna sa Kanyang dakilang pagsakripisyo ay dapat na sa gayon makatawag ng pansin sa sakripisyo mismo. Pagkatapos ng gayong pagsasagawa ng pagpaparangal gaya ng pagsama sa Kanyang pagpasok sa Jerusalem, ang lahat ng mga mata ay susunod sa Kaniyang mabilis na pagpapatuloy sa huling kaganapan.

“Ang mga pangyayari na may kaugnayan sa matagumpay na pagsakay na ito ay magiging paksa ng bawat pag-uusap, at magdadala kay Jesus sa bawat isipan. Pagkatapos ng Kanyang pagkapako sa krus, marami ang maaalala ang mga pangyayaring ito ng kanilang kaugnayan sa Kanyang pagsubok at kamatayan. Sila ay maaakay na saliksikin ang mga propesiya, at makukumbinsi na si Jesus ang Mesiyas; at sa lahat ng lupain ang mga mahihikayat sa pananampalataya ay dadami pa.”—*The Desire of Ages*, p. 571.

- b. Pagdaka, ano ang ginawa ni Jesus nang matanaw Niya ang kabuuan ng lungsod—at bakit? Lucas 19:41–44.

“Sa kalagitnaan ng kaganapan ng pagsasaya, kung saan ang lahat ay nagbibigay-pugay sa Kanya, ang Hari ng Israel ay lumuluha; hindi sa tahimik na pagluha ng kagalakan, kundi mga pagluha at pagdalamhati ng hindi mapigilang matinding paghihirap. Ang karamihan ay tinamaan ng biglang kalungkutan. Ang kanilang mga pagbubunyi ay natahimik. Marami ang tumatangis sa pagdamay sa kalungkutang hindi nila nauunawaan.

“Ang mga pagluha ni Jesus ay hindi dahil sa pag-iisip ng nalalapit Niyang sariling paghihirap. . . . Ang pananaw sa Jerusalem ang tumusok sa puso ni Jesus—ang Jerusalem na tumanggi sa Anak ng Diyos at hindi nagpahalaga sa Kanyang pag-ibig, na tumangging makumbinsi sa Kanyang makapangyarihang mga himala, at malapit nang kukuha ng Kanyang buhay. Nakita Niya kung ano ang mangyayari sa kaniya sa pagkakamali na tanggihan ang kaniyang Manunubos.”—*Ibid.*, p. 576. 576.

5. PAGDATING SA JERUSALEM

Huw, Hul 10

- a. Nang pumasok si Jesus sa Jerusalem, ano ang itinanong ng mga pinuno at anong sagot ang nakuha nila sa gitna ng kaguluhan? Mateo 21:10, 11.

“Habang ang paglalakad ay malapit nang bumaba sa Bundok ng mga Olibo, ito ay naharang ng mga pinuno. Sila ay nagtanong ng dahilan ng nagkakagulong pagsasaya. Habang sila ay nagtatanong, ‘Sino kaya ito?’ ang mga alagad, na puspos ng espiritu ng kinasihan, ay sinagot ang tanong na ito. Sa mahusay na pananalita ay inulit nila ang mga propesiya patungkol kay Kristo.”—The Desire of Age. 578.

- b. Nang dumating si Jesus sa lungsod, ano ang Kaniyang ginawa sa templo? Mateo 21:12–16; Awit 8:2.

Tatlong taon na ang nakalilipas, ang mga pinuno ng templo ay nahihiya sa kanilang pagtakas sa utos ni Jesus. Sila ay nagtaka sa kanilang sariling mga takot, at sa kanilang walang pag-aalinlangang sumunod sa isang simpleng Tao. Nadama nila na imposible nang maulit ang kanilang nakakahiyang pagsuko. Subali’t sila ngayon ay higit na natatakot kaysa sa dati, at nagmamadal-ing sundin ang Kaniyang ipinag-uutos. Ang mga saserdote at ang mga mangangalalak ay tumakas mula sa Kanyang presensya, na itinatboy ang kanilang mga hayop sa harapan nila.

“Nang ang karamihan ay tumakas mula sa templo, marami ang naiwan. Ang mga ito ay sumama na ngayon sa mga bagong dating. Muli ang looban ng templo ay napuno ng mga maysakit at malapit ng mamatay, at sa muli si Jesus ay naglingkod sa kanila.”—Ibid., pp. 591, 592

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

Biy, Hul 11

1. Paano ang ugali ng mga Pariseo madalas na nauulit ngayon?
2. Anong mga katangian ang inilarawan ng mga nagpaparangal kay Kristo bilang ang ipinangakong Hari?
3. Ano ang maaaring dahilan ng pagtangis ni Jesus para sa akin tulad ng ginawa Niya para sa Jerusalem?
4. Paano ang propesiya sa Zacarias 9:9 natupad sa pagkakataong ito?
5. Bakit lubos na pinahintulutan ni Kristo ang gayong nagpaparangal ng publiko sa panahong ito?

Ibig sana Naming Makita si Hesus

SAULUHING TALATA: “Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Maliban ang butil ng trigo ay mahulog sa lupa at mamatay, ay natitira siyang magiisa; nguni’t kung mamatay, ay nagbubunga ng marami” (Juan 12:24).

Iminumungkahing Babasahin: *Christ’s Object Lessons*, pp. 80–89.

“Tanging sa pamamagitan lamang ng kamatayan ni Kristo maibabagsak ang kaharian ni Satanas. Sa gayon lamang ang tao maaaring matubos, at ang Diyos ay maluluwalhati.”—*The Desire of Ages*. p. 624.

1. MULA SA SILANGANAN AT SA KANLURAN

Lin, Hul 13

- a. Sino ang naghahanap kay Jesus sa Kanyang kapanganakan—ang simula ng Kanyang buhay—at ano ang dinala nila sa Kanya? Mateo 2:1, 2, 10, 11.
- b. Ngayon, sino ang naghahanap kay Jesus sa pagtatapos ng Kanyang ministryo, at sino ang kanilang kinakatawanan? Juan 12:20. Ano ang itinuturo nito sa atin? Mateo 8:11.

“Ang mga taong ito [ang ilang mga Griyego] ay nagmula sa Kanluran upang hanapin ang Tagapagligtas sa pagtatapos ng Kanyang buhay, tulad ng mga pantas na tao na nagmula sa Silanganan sa pasimula. Sa panahon ng kapanganakan ni Kristo ang mga Judio ay labis na abala sa kanilang sariling mapaghangad na mga plano kaya’t hindi nila nalaman ang Kanyang pagdating. Ang mga magus mula sa isang pagangonong lupain ay pumunta sa sabsaban dala ang kanilang mga kaloob, upang sambahin ang Tagapagligtas. Kayat ang mga Griyegong ito, na kinakatawanan ng mga bansa, lahi at mga tao sa sanglibutan, ay dumating upang makita si Jesus. Kaya’t ang mga tao sa lahat ng lupain at sa lahat ng kapanahunan ay maaakay ng krus ng Tagapagligtas

“Ang ilan ay nag-akala, at nagpakalat ng ulat, na Kanyang pinalayas ang mga saserdote at mga tagapamahala mula sa templo, at Kanyang kukunin ang trono ni David, at mangangasiwa bilang hari ng Israel. Ang mga Griyego ay nagnanais na malaman ang katotohanan patungkol sa Kanyang misyon.”—*The Desire of Ages*, pp. 621, 622.

a. Paano ipinahayag ng mga Griyego ang kanilang pagnanais? Juan 12:21.

b. Ipaliwanag ang proseso kung paano nalaman ni Jesus ang kahilingan at kung paano tumugon ang Kanyang puso dito. Juan 12:22, 23.

“Nang marinig ni Kristo ang nanabik na kahilingang, ‘Ibig sana naming maki-ta si Jesus,’ na umaalingawngaw sa nagugutom na sigaw ng sanglibutan, ang Kanyang mukha ay nagliwanag, at Kaniyang sinabi, ‘Dumating na ang oras, na ang Anak ng tao ay luluwalhatiin.’ Sa kahilingan ng mga Griyego ay nakita Niya ang isang taimtim na resulta ng Kanyang dakilang sakripisyo.” – *The Desire of Ages*, p. 621.

“Nang ang kahilingan ay dinala kay Jesus, Siya ay nasa bahaging iyon ng templo kung saan ang lahat maliban sa mga Hudyo ay hindi kasama, ngunit Siya ay lumabas papunta sa mga Griyego sa labas ng looban, at nagkaroon ng personal na pakikipanayam sa kanila.”—*Ibid.*, p. 622.

c. Paano ang magiliw na pagsasa-alang-alang ni Kristo na abutin ang mga taga-ibang bayan ay magpapasigla sa atin? Lucas 14:23; *Eclesiastes* 11:1, 2.

“Dapat nating gawin ang lahat ng pagsisikap na ipalaganap ang kaalaman sa katotohanan sa lahat ng makakarinig, at marami ang makikinig. Sa lahat ng malalaking lungsod natin, ang Diyos ay may mga matapat na kaluluwa na interesado sa kung ano ang katotohanan. . . . Ipahayag muli ang mensahe, ipahayag muli ang mensahe, ang mga salitang binibigkas sa akin ng paulit-ulit. Sabihin sa aking bayan na ipahayag muli ang mensahe sa lugar kung saan ito unang ipinangaral, at kung saan ang bawat iglesia na nanindigan para sa katotohanan, ang kapangyarihan ng Dios na nagpapatotoo sa mensahe sa isang kahanga-hangang pamamaraan.”—*Evangelism*, p. 394.

“Tayo ay hindi sinabihan na dapat tayong gumawa ng isang espesyal, kahanga-hangang pagtatanghal. Ang katotohanan ay dapat ipahayag sa mga lansangan at sa mga sangang-daan, at sa gayon ang gawain ay dapat gawin sa pamamagitan ng matalino, makatuwirang mga pamamaraan. . . . Ang gawain na ginawa ni Kristo sa ating sanglibutan ang dapat na ating maging halimbawa, lalo na ang pagtatanghal ay may kinalaman. Ating dapat na iwasan ang madamdamin at hindi pangkaraniwan na gaya nang iniwasan ni Kristo sa Kaniyang gawain. Ang pandama ay hindi pananampalataya, kahit na ang relihiyon ay dapat magpakita ng sarili nitong malinis, dalisay, sagrado, nakapagpapasigla, nagpapabanal na impluwensya, nagdadala ng espirituwal na buhay, at kaligtasan.”—*Ibid.*, p. 396.

- a. Anong paghahambing ang ginawa ni Jesus sa pagitan ng butil ng trigo at ng Kanyang misyon? Juan 12:24.

“Ang binhing ibinaon sa lupa ay nagbubunga, at muli ito naman ay itinatanim. Sa gayon ang ani ay dumarami. Kaya’t ang kamatayan ni Kristo sa krus ng Kalbaryo ay magbubunga tungo sa buhay na walang hanggan. Ang pag-ninilay-nilay sa sakripisyong ito ay magiging kaluwalhatian ng mga taong, bilang bunga nito, ay mabubuhay sa walang hanggang panahon.

“Ang butil ng trigo na nag-iingat sa sarili nitong buhay ay hindi maaaring magbunga. Ito ay nananatili nang nag-iisa. Si Kristo ay maaaring, kung Kanyang pipiliin, ay maililigtas ang Kanyang sarili mula sa kamatayan. Ngunit kung gagawin Niya ito, Siya ay manatili nang mag-isa. Hindi Siya makapagdadala ng mga anak na lalaki at babae sa Diyos. Sa pamamagitan lamang ng pag-aalay ng Kanyang buhay maibibigay Niya ang buhay sa sangkatauhan. Tanging sa pamamagitan ng pagkahulog sa lupa upang mamatay Siya ay magiging binhi ng gayong napakaraming ani— ang lubhang karamihan na mula sa bawat bansa, at angkan, at wika, at mga tao, ay tinubos ng Diyos.”—The Desire of Ages, p. 623.

- b. Anong ikalawang aplikasyon ang ginawa ni Jesus sa talinghaga ng binhi? Juan 12:25, 26.

“Ang lahat na nais magbunga bilang manggagawang kasama ni Kristo ay dapat munang mahulog sa lupa at mamatay. Ang buhay ay dapat itapon sa tudlingan ng pangangailangan ng sanlibutan. Ang pag-ibig sa sarili, pansariling interes, ay dapat mawala. At ang batas ng pagsasakripisyo ng sarili ay ang batas ng pag-iingat sa sarili. Ang magsasaka ay pinangangalagaan ang kaniyang butil sa pamamagitan ng pagtatapon nito. Gayon din sa buhay ng tao. Ang magbigay ay mabuhay. Ang buhay na pinangangalagaan ay ang buhay na malayang ibinibigay sa paglilingkod sa Dios at sa tao. Yaong dahil kay Kristo ay isinasakripisyo ang kanilang buhay sa sanglibutang ito ay iingatan tungo sa buhay na walang hanggan.

“Ang buhay na ginugugol para sa sarili ay parang butil na kinakain. Ito ay nawawala, ngunit walang paglaki. Ang isang tao ay maaaring magtipon ng lahat ng kanyang makakaya para sa kanyang sarili; siya ay maaaring mabuhay at mag-isip at magplano para sa sarili; ngunit ang kanyang buhay ay lilipas, at wala siya kahit anoman. Ang batas ng paglilingkod sa sarili ay ang batas ng pagsira ng sarili.

“[Sinipi ang Juan 12:26.] Lahat ng nagpasan ng krus ng pagsakripisyo kasama si Jesus ay magiging mga kabahagi Niya ng Kanyang kaluwalhatian. Ito ay kagalakan ni Kristo sa Kanyang pagpapakababa at pagpapakasakit na ang Kanyang mga alagad ay dapat na luwalhatiin kasama Niya. Sila ang bunga ng Kanyang pagsasakripisyo sa sarili.”—Ibid., pp. 623, 624.

- a. Anong panalangin ang inialay ni Jesus habang iniisip Niya ang Kanyang kamatayan sa krus? Juan 12:27, 28 (unang bahagi).

“Sa malalim na pag-iisip si Kristo ay umiinom na ng saro ng kapaitan. Ang Kanyang pagkatao ay nanliit mula sa oras ng pag-iwan, kung saan sa lahat ng anyo Siya ay iniwan kahit ng Diyos, kahit ng lahat ay tinitingnan Siyang hinampas, sinaktan ng Diyos, at pinahihirapan. Siya ay nanliit sa paglalantad sa publiko, mula sa pagtrato bilang pinakamasama sa mga kriminal, mula sa isang nakakahiya at walang-dangal na kamatayan. Ang pag-iisip ng Kaniyang pakikipagtunggali sa kapangyarihan ng kadiliman, ang pagkadama ng nakakakilabot na pasanin ng pagsalangsang ng tao, at ang poot ng Ama dahil sa kasalanan ay naging sanhi ng panghihina ng espiritu ni Jesus, at ang pamumutla dahil sa kamatayan ay kumalat sa Kanyang mukha.

“Pagkatapos ay dumating ang banal na pagpapasakop sa kalooban ng Kanyang Ama. ‘Ngunit dahil dito,’ sinabi Niya, ‘ay naparito Ako sa oras na ito. Ama, luwalhatiin mo ang Iyong pangalan.’ Tanging sa pamamagitan ng kamatayan ni Kristo ang kaharian ni Satanas ay maibabagsak. Sa gayon lamang ang tao matutubos, at ang Diyos ay maluluwalhati. Si Jesus ay sumang-ayon sa matinding paghihirap, tinanggap Niya ang pagsakripisyo.”—*The Desire of Ages*, p. 624.

- b. Anong sagot ang narinig mula sa langit? Juan 12:28 (huling bahagi). Ano ang sinabi ng maraming taong nakatayo? Juan 12:29.

“Nang marinig ang tinig, isang liwanag ang mabilis na kumislap mula sa ulap, at pinalibutan si Kristo, na para bang ang mga bisig ng Walang-hanggang Kapangyarihan ay nakapalibot sa Kaniya tulad ng isang kutang apoy. Ang mga tao ay minasdan ang kaganapang ito nang may pagkatakot at pagkamangha. Walang sinuman ang nangahas na magsalita. Na may tahimik na mga labi at pigil na hininga ang lahat ay nakatayo na ang mga mata ay nakatuon kay Jesus. Ang patotoo ng Ama ay naibigay na, ang ulap ay umangat at kumalat sa mga langit. Sa pagkakataong iyon ang lantad sa paningin na pagsasama sa pagitan ng Ama at ng Anak ay natapos.

“Ang mga tao sa gayon, na nakatayo at nakarinig nito, ay nagsabing kumulong: sinabi ng mga iba, Isang anghel ang nakipag-usap sa Kanya.’ Datapuwa’t ang nagtatanong na mga Griego ay nakita ang ulap, narinig ang tinig, naunawaan ang kahulugan nito, at tunay na nakilala si Kristo; sa kanila Siya ay nahayag bilang Sugo ng Diyos.

“Ang tinig ng Diyos ay narinig sa pagbautismo kay Jesus sa pasimula ng Kanyang ministeryo, at muli sa Kanyang pagbabagong-anyo sa bundok. Ngayon sa pagtatapos ng Kanyang ministeryo ay narinig ito sa pangatlong pagkakataon.”—*Ibid.*, p. 625.

- a. Sa kabila ng maraming himalang ginawa ni Jesus—kasama ang tinig na muling umalingawngaw mula sa langit—paano ang karamihan ng mga Judio tumugon sa Kanya? Juan 12:37–41.

“Si Jesus ay nasasabi pa lang ang napakasolemneng katotohanan tungkol sa kalagayan ng mga Hudyo. Siya ay ginawa ang Kanyang huling panawagan, at ipinahayag ang kanilang kapahamakan. Ngayon ay muling inilalagay ng Diyos ang Kanyang tatak sa misyon ng Kanyang Anak. Kinilala Niya ang Isa na tinanggihan ng Israel. ‘Ang tinig na ito’y hindi dumating dahil sa Akin,’ sabi ni Jesus, ‘kundi dahil sa inyo.’ Ito ang pinakamataas na katibayan ng Kanyang pagka-Mesiyas, at ang tanda mula sa Ama na ipinahayag ni Jesus ang katotohanan, at Siya ang Anak ng Diyos.”—*The Desire of Ages*, p. 625.

“Minsan ay tinanong nila ang Tagapagligtas, ‘Ano nga ang inyong ginagawa na pinakatanda, upang aming makita, at sampalatayanan ka namin?’ Juan 6:30. Napakarami na ng mga tanda ang ibinigay, ngunit ipinikit nila ang kanilang mga mata at pinatigas ang kanilang mga puso. Ngayon ang Ama Mismo ay nagpahayag, at wala na silang mahihingi pang karagdagang tanda, tumanggi pa rin silang maniwala.”—*Ibid.*, p. 626.

- b. Paano tayo binalaan sa mga pagkilos ng ilan sa mga pinuno, sa kabila ng katotohanan na sila ay kumbinsido na ang misyon ni Kristo ay tunay? Juan 12:42, 43.

“Sila ay mas inibig ang papuri ng mga tao kaysa sa pagsang-ayon ng Diyos. Upang iligtas ang kanilang sarili mula sa pagkutya at kahihiyan, ay ipinagkaila nila si Kristo, at tinanggihan ang kaloob na buhay na walang hanggan. At gaano karami sa lahat ng mga kapanahunan mula noon ang gumagawa ng parehong bagay!”—*Ibid.*

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL**Biy, Hul 18**

1. Ano ang kinakatawanan ng mga naghahanap sa kapanganakan ni Kristo at ngayon ng mga Griyego?
2. Paano ang talinghaga ng butil ng trigo naaangkop sa aking buhay?
3. Paano ko makikilala ang tinig ng Diyos pagka ang marami ay inaakala na ito ay kulog?
4. Anong mga pagkatakot at pagkabahala ng mga pinunong Judio ang dapat kong iwasan?
5. Ipaliwanag ang dalawang aplikasyon ng butil ng trigo na ibinaon.

Si Jesus, ang Lingkod ng mga Lingkod

SAULUHING TALATA: “Sapagka’t kayo’y binigyan ko ng halimbawa, upang gawin naman ninyo ayon sa ginawa ko sa inyo” (Juan 13:15).

Iminumungkahing Babasahin: *The Desire of Ages*, pp. 642–651.

“Ang buong buhay ni Kristo ay naging isang buhay na walang pag-iimbot na paglilingkod. ‘Hindi upang paglingkuran, kundi upang maglingkod,’ (Mateo 20:28), ang naging aral ng Kanyang bawat pagkilos.”—*The Desire of Ages*, p. 642.

1. ANG PALAGAY NG ISANG GENTIL

Lin, Hul 20

- a. Anong nakakasira sa kaisipan na nagmula kay Lucifer ang nakaapekto sa Judaismo (kabilang na ang mga alagad ni Kristo) at maaari pa ring makaaapekto sa atin ngayon? Lucas 22:24, 25.

“Si Lucifer ay hinangad ang kapangyarihan ng Diyos, ngunit hindi ang Kanyang katangian. Hinangad niya para sa kanyang sarili ang pinakamataas na kalagayan, at ang bawat nilalang na pinakikilos ng kanyang espiritu ay gagawin din ang gayon. Kaya ang pagpapalayo ng damdamin, hindi pagkakasundo, at alitan ay hindi maiiwasan. Ang kapangyarihan ay nagiging gantimpala ng pinakamalakas. Ang kaharian ni Satanas ay isang kaharian ng puwersa; ang bawat isa ay itinuturing bilang isang hadlang sa kanyang pagsulong, o maaaring maging isang tuntungang bato kung saan maaari siyang umakyat patungo sa mas mataas na kalagayan.”—*The Desire of Ages*, pp. 435, 436.

“Sa mga kaharian ng sanglibutan, ang posisyon ay nangangahulugan ng pagpapatatag sa sarili. Ang mga tao ay pinaniniwalaang umiiral para sa kapakanan ng mga namumunong uri ng mga tao. Ang impluwensya, kayamanan, edukasyon, ay napakaraming pamamaraan sa pagkakaroon ng kontrol ng mga tao para sa paggamit ng mga pinuno. Ang mga nakatataas na uri ang nag-iisip, nagdedesisyon, nagsasaya, at namumuno; ang mas mababa ay susunod at maglilingkod. Ang relihiyon, tulad ng iba pang mga bagay, at ang mga tao ay pinaniniwalaang hamon sa kanilang kapamahalaan. Ang mga tao ay inaasahang maniniwala at magsasagawa ayon sa itinuturo ng kanilang mga nakakataas. Ang karapatan ng tao bilang tao, na mag-isip at kumilos para sa kanyang sarili, ay lubos na hindi kinikilala.”—*Ibid.*, p. 550.

“Sa pamamagitan ng espirituwal na kapalaluan, ang isang pagnanais na magdikta, ang isang magpahangad na pagnanais para sa karangalan o posisyon... ang iglesia ay maaaring magambala at ang kanyang kapayapaan ay maisakripisyo.”—*Testimonies for the Church*, vol. 5, p. 241.

- a. Sa matinding pagsalungat para sa mapaghangad na pagnanais para sa mas mataas na posisyon, anong prinsipyo ang itinatag ni Jesus—at anong halimbawa ang Kaniyang ibinigay sa bagay na ito? Lucas 22:26, 27; Juan 13:13–16.

“Si Kristo ay nagtatatag ng isang kaharian sa naiibang mga prinsipyo. Tinawagan Niya ang mga tao, hindi para sa kapamahalaan, kundi para sa paglilingkod, ang malalakas para pasanin ang mga kahinaan ng mahihina. Ang kapangyarihan, posisyon, talento, edukasyon, ay inilalagay ang nagmamay-ari kanila sa ilalim ng mas malaking tungkulin na paglilingkuran ang kanyang mga kapwa. . . .

“Sa kaharian ni Kristo ay walang arroganteng pagmamalupit, walang pamimilit sa pamamaraan. Ang mga anghel ng langit ay hindi pumupunta sa lupa upang mamuno, at humingi ng pagpupugay, kundi bilang mga mensahero ng awa, upang makipagtulungan sa mga tao sa pagpaparangal ng sangkatauhan.” - *The Desire of Ages*, pp. 550, 551.

- b. Ilarawan kung paano pinakitunguhan ni Kristo ang may depektong mga tao—isang pag-uugali na dapat pumalit sa ating likas na hilig. Filipos 2:3, 4.

“Ito ay likas, ngunit hindi nakakalugod, na katangian sa ating mga pag-uugali na mag-ing matalas sa ating mga pananaw, at masugid sa ating pag-alaala, sa mga pagkakamali at pagkukulang ng iba.

“Si Kapatid na B ay hindi sinisikap na makiisa sa kanyang mga kapatid; ang kaniyang pagtitiwala sa sarili ay nagdulot sa kanya na makaramdam na wala ng natatanging pangangailangan para sa pagkakaisa. Nararamdaman niya na ang kanilang mga kaisipan ay nahuhubog sa isang hulma na mas mababa kaysa sa kanyang sarili at ang pagtanggap ng kanilang mga opinyon at payo bilang karapat-dapat na bigyang pansin ay isang malaking pagpapakababa. . . . Pakiramdam niya na siya ay masyadong matalino at may karanasan upang mangailangan ng mga pag-iingat na kailangang-kailangan ng karamihan. Siya ay may napakataas na opinyon sa kanyang sariling mga kakayahan at ang gayong pagtitiwala sa kanyang mga nakamit ay pinaniniwalaan ng kaniyang sarili na siya ay handa sa anumang biglaang pangyayari.”—*Testimonies for the Church*, vol. 3, pp. 444, 445.

“Ang impluwensya ng makamundong pagkamakasariili, na dinadala ng ilan ay tulad ng isang ulap, na pinalalamig ang mismong kapaligiran na nilalanghap ng iba, na nagdulot ng sakit sa kaluluwa at kadalasang nanlalamig hanggang sa kamatayan.”—*Ibid.*, p. 528.

“Kung mayroong pag-ibig sa gitna ng mga magkakapatid na aakay sa kanila na ipalagay ng bawa’t isa ang iba na lalong mabuti kay sa kaniyang sarili, magkakaroon ng pagpapaubaya ng kanilang sariling mga pamamaraan at mga naisin sa iba.”—*Gospel Workers*, p. 447.

- a. Ano pa rin ang alalahanin ng mga apostol sa maikling panahon bago ang Paskuwa? Mateo 20:20–24; Lucas 22:24.

“Nagkaroon ng ‘pagtatalo-talo sa gitna nila, kung sino kaya sa kanila ang ibibilang na pinakadakila.’ Ang pagtatalong ito, na nagpatuloy hanggang sa harapan ni Kristo, ay nagpalungkot at sumugat Kaniya. Ang mga alagad ay kumapit sa kanilang paboritong ideya na igigiit ni Kristo ang Kanyang kapangyarihan, at kukunin ang Kanyang posisyon sa trono ni David. At sa puso ng bawat isa ay nananabik pa rin sa pinakamataas na lugar sa kaharian. Sila ay nagbigay ng sarili nilang pagpapalagay sa kanilang sarili at sa bawat isa; at, sa halip na ipalagay ang kanilang mga kapatid na mas karapat-dapat, ang kanilang sarili muna ang kanilang inilalagay. Ang hiling nina Santiago at Juan na maupo sa kanan at kaliwa ng trono ni Kristo ang pumukaw sa galit ng iba. Ang dalawang magkapatid na inisip na dapat hilingin ang pinakamataas na posisyon kaya ang sampu ay labis na nabalisa na ang pagkahihiwalay ay nagbabanta. Sila ay nakadama na sila ay hinusgahan ng mali, na ang kanilang katapatan at mga talento ay hindi pinahahalagahan. Si Judas ang nagtrato ng napakalupit kina Santiago at Juan.

“Nang ang mga alagad ay pumasok sa silid ng hapunan, ang kanilang mga puso ay napuno ng hinanakit. Si Judas ay nagdidiin sa tabi ni Kristo sa kaliwang bahagi; si Juan ay nasa kanan. Kung mayroon mang isang pinakamataas na kalagayan, si Judas ay determinadong makuha ito.” - *The Desire of Ages*, pp. 643, 644.

- b. Anong naunang paglalarawan ang maliwanag na nakalimutan ng mga alagad, sa gayo’y nagdulot ng isa pang dahilan ng hindi pagkakaunawaan sa gitna nila? Mateo 18:1–4.

“Ang isa pang dahilan ng hindi pagkakaunawaan ay lumitaw. Sa isang pig-ing ay nakaugalian para sa isang alipin na maghugas ng mga paa ng mga panauhin, at sa pagkakataong ito ay ginawa ang paghahanda para sa paglilingkod. Ang banga, ang palanggana, at ang tuwalya ay nandoon na, handa na para sa paghuhugas ng mga paa; ngunit walang lingkod na naroroon, at iyon ay bahagi ng mga alagad na magsagawa nito. Ngunit ang bawat isa sa mga alagad, na nasaktan ang dangal ay determinadong hindi gawin ang bahagi ng isang lingkod. Ang lahat ay nagpakita ng malamig na kawalan ng pakikialam, na parang walang malay na mayroong bagay para sa kanila na dapat nilang gagawin. Sa kanilang pananahimik sila ay tumangging ipagpakumbaba ang kanilang mga sarili.”—*Ibid.*, p. 644.

“Isipin natin kung gaano ang ating mga salita umaabot sa pandinig ng Diyos, kung ano ang anyo ng ating makasariling pag-iisip sa Kanyang paningin, kapag hinuhusgahan natin at kinokondena natin ang iba, na maaaring mas mabuti ang puso at layunin kaysa sa ating mga sarili.” — *The Signs of the Times*, Pebrero 19, 1885.

- a. Pagkatapos matiyagang maghintay sa mga alagad na magkusa, ano sa huli ang ginawa ni Jesus? Juan 13:3–5.

“[Sinipi ang Juan 13:5.] Ang pagkilos na ito ay nagbukas ng mga mata ng mga alagad. Ang mapait na kahihiyan at pagpapakumbaba ang pumuno sa kanilang mga puso. Naunawaan nila ang hindi binigkas na pagsaway, at nakita nila nang kanilang sarili mismo sa kabuuan ang isang bagong liwanag.

“Kaya ipinahayag ni Kristo ang Kanyang pag-ibig para sa Kanyang mga alagad. Ang kanilang makasariling espiritu ang pumuno sa Kanya ng kalungkutan, ngunit hindi Siya nakipagtalo sa kanila tungkol sa kanilang suliranin. Sa halip Siya ay nagbigay ng isang halimbawa na hinding-hindi nila malilimutan.”—*The Desire of Ages*, pp. 644, 645.

- b. Ano ang naging reaksiyon ni Pedro nang siya na ang kasunod? Juan 13:6–8 (unang bahagi).

“Si Pedro ay hindi matiis na makita ang kanyang Panginoon, na kanyang pinaniniwalaan na Anak ng Diyos, na kumikilos bilang isang lingkod. Ang kanyang buong kaluluwa ay napukaw laban sa kahihiyang ito. Hindi niya naunawaan na para dito si Kristo ay naparito sa sanglibutan.” - *Ibid.*, pp. 645, 646.

- c. Gaano kalayo si Judas nagpasakop sa mga tukso ni Satanas—at paano ipinakita ni Kristo na nalalaman Niya ito? Juan 13:2, 10, 11.

“Bago ang Paskuwa si Judas ay muling nakipagtagpo sa mga pari at mga eskriba, at isinara ang kasunduan na ibigay si Jesus sa kanilang mga kamay. Subali’t pagkatapos ay nakihalubilo siya sa mga alagad na parang inosente sa anumang pagkakamali, at interesado sa mga gawain ng paghahanda para sa kapistahan. Ang mga alagad ay walang nalalaman sa layunin ni Judas. Si Jesus lamang ang nakakabasa ng kanyang lihim. Ngunit hindi Niya siya inihiyag. Si Jesus ay nanabik sa kanyang kaluluwa. Siya ay nakadama sa kanya ng gayong pasanin tulad ng sa Jerusalem nang Siya ay tumangis sa mapapahamak na lungsod, ang Kanyang puso ay tumatangis, Paano kita pababayaang? Ang pumipigil na kapangyarihan ng pag-ibig na iyon ay nadama ni Judas. Nang ang mga kamay ng Tagapagligtas ay hinuhugasan ang mga maruming paa, at pinupunasan ang mga ito ng tuwalya, ang puso ni Judas ay nanginginig sa simula hanggang sa pagtatapos na may udyok sa sandaling iyon na ipagtatapat ang kaniyang kasalanan. Subali’t hindi niya ninais ipagpakumbaba ang kaniyang sarili.”—*Ibid.*, p. 645.

- a. Sa gawang ito, ano ang talagang nais gawin ni Jesus? Juan 13:8 (huling bahagi).

“Sa gawa ng ating Panginoon ang mapagpakumbabang seremonyang ito ay ginawang banal na ordinansa. Ito ay dapat sundin ng mga alagad, upang lagi nilang isasaisip ang Kanyang mga aral ng pagpapakumbaba at paglilingkod.

“Ang ordenansang ito ay itinalagang paghahanda ni Cristo para sa sakramentong paglilingkod. Habang ang pagmamataas, hindi pagkakaunawaan, at tunggalian para sa pangingibabaw ay itinatangi, ang puso ay hindi maaaring pumasok sa pakikipagka-isa kay Kristo. Tayo ay hindi handa upang tanggapin ang pakikipagkaisa sa Kanyang katawan at sa Kanyang dugo. Sa gayon ito itinalaga ni Jesus ang alaala ng Kanyang pagpapakababa na unang ganapin.”—The Desire of Ages, p. 650.

- b. Anong mahahalagang mga salita ang binigkas ni Jesus pagkatapos ng seremonya ng paghuhugas ng paa—at ano ang dapat dalhin nito sa ating isipan sa panahon na ating ginaganap ito? Juan 13:12-17.

“Tayo ay may likas na magkamali, at maraming beses na nagkakamali. Tayo ay manumbalik sa Panginoon nang may pagsisisi at pagtatapat ng pagkakamali. Habang tayo ay nagtitipon upang makilahok sa mga ordenansa sa tahanan ng Panginoon, itama natin ang bawat pagkakamali, sa abot ng ating makakayanan. Kapag yumuyukod sa harap ng isang kapatid, na hinuhugasan ang kanyang mga paa, magtanong sa inyong sarili, ‘Mayroon ba akong anumang bagay sa aking puso na naghihiwalay sa akin sa kapatid na ito? Ako ba ay may nasabi o nagawang makapaglalayo sa atin?’ Kung gayon, alisin ito sa pamamagitan ng buong pusong pagtatapat ng iyong kasalanan. Sa gayon ang puso ay mapapatibay sa puso, at ang pagpapala ng Diyos ay makikita.”—Reflecting Christ, p. 283.

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL**Biy, Hul 25**

1. Ipaliwanag ang kaibahan ng makalangit na pag-uugali at ng sa lupa.
2. Kung ako ay tumatangging hugasan ang mga paa ng aking kapatid, ano ang talagang tinatanggihan ko?
3. Paano ang karanasan sa kalooban ni Judas nagiging isang babala sa akin?
4. Ipaliwanag kung paano binago ni Kristo ang pag-uugali ng mga alagad.
5. Ano ang layunin at kahalagahan ng seremonya ng paghuhugas ng paa?

Handog sa Unang Sabbath

Sabbath, Agosto 2, 2025



Ang GC Education Department

Ang edukasyon, tulad ng pagpapakabanal, ay gawain sa buong buhay. Mula sa ating pinakamaagang taon hanggang sa walang-hanggan, ang edukasyon ay palaging magiging isang likas na bahagi ng karanasan ng tao. Ngayong Sabbath, hinihiling namin ang inyong suporta sa mahalagang bahagi ng iglesia na mapalawak ang naaabot nito. Dapat tayong matutong maging mga misyonero mula sa ating mga maagang taon. “Bawat tunay na alagad ay isinilang sa kaharian ng Diyos bilang isang misyonero.” *The Desire of Ages*, p. 195. “At iyong ituturo ng buong sikap sa iyong mga anak, at iyong sasalitain tungkol sa kanila pagka ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga at pagka ikaw ay bumabangon” (Deuteronomio 6:7). At kapag ang tagumpay ay natiyak, at ang kasalanan at ang mga nagkakasala ay wala na, ang gawain ng edukasyon ay magpapatuloy. Ngayon higit kailanman, ang ating iglesia ay dapat na handang magbigay ng mga kagamitan upang magtatag ng wastong pundasyong pang-edukasyon para sa bawat klase ng edad sa pamilya ng tao.

Nakalulungkot, na karamihan sa mga institusyong pang-edukasyon ay lumalayo mula sa pagtuturo ng mga pangunahing kaalaman tungo sa pagiging sentro ng pagtuturo ng doktrina para sa kamunduhan. Nauunawaan kung gaano kalaki ang impluwensya ng pag-aaral sa kanilang mga anak, marami ang humihiling ng mga kagamitan para makatulong sa pagtuturo sa kanila para sa karangalan at kaluwalhatian ng Diyos. Kaya, ang GC Education Department ay gumagawa ng isang buong kurikulum na ito mismo ang layunin at mithiin. Ang pakikipagtulungan sa ating mga tagapagturo at sa iba't-ibang bahagi, ang gawain ng paghahanda ng kurikulum na ito ay mahusay na isinasagawa.

Ngunit ang proyekto ay mas Malaki ang halaga kaysa sa mga halaga ng salapi na mayroon. Kinakailangan namin ang inyong saganang tulong upang maihanda ang mga kagamitan, ilimbag ang mga ito, at gawin itong abot-kaya kahit sa mga nasa lugar na may kahirapan. Ang inyong suporta ay gagawing posible para sa amin na maihanda ng mga kagamitan na may pinakamataas na kalidad upang ang mga mag-aaral na gagamit nito ay magiging “kwalipikado para sa pagiging kapaki-pakinabang sa buhay na ito at para sa paglilingkod sa Diyos sa buong walang-hanggan.”—*Counsels to Parents, Teachers, and Students*, p. 495.

Nuunawaan namin na ang proyektong ito ay malaki, ngunit sulit ito. Sa pamamagitan ng inyong tulong gagawa kami ng mga kagamitan mula sa math hanggang sa language sa social sciences na magbibigay ng kasangkapan kahit na sa pinakabata sa atin upang maibigay ang mensahe ng ebanghelyo sa buong sanglibutan sa pina-epektibong posibleng pamamaraan.

Salamat nang maaga at nawa ay pagpalain ng Diyos ang mga handog at nagkakaloob.

Ang General Conference Education Department

Ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay

SAULUHING TALATA: “Sinabi sa kanya ni Jesus, Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay hindi makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko” (Juan 14:6).

Iminumungkahing Babasahin: *Testimonies for the Church*, vol. 8, pp. 265–269.

“Ang lupang ito, dahil sa pagsalangsang, ay inalis mula sa kontinente ng langit. Ang komunikasyon ay tumigil sa pagitan ng tao at sa kanyang Maylalang, ngunit ang daan ay nabuksan upang siya ay maaaring makabalik sa bahay ng Ama.”—*My Life Today*, p. 260.

1. SI JESUS AY IPINAALAM ANG KANYANG PAGBABALIK SA AMA

Lin, Hul 27

- a. Sa anong mga salita ipinahayag ni Jesus ang pagtatapos ng Kanyang misyon sa lupa? Juan 13:33. Ano pang mensahe ang Kanyang ipinaparating? Juan 13:34, 35.

“Isa sa mga huling utos ni Kristo sa Kanyang mga alagad ‘Na kayo’y mangagibigan sa isa’t isa: na kung paanong iniibig ko kayo.’ Juan 13:34. Sinusunod ba natin ang utos na ito, o tayo ay nagpapakabuyo sa nakakasakit hindi tulad kay Kristo na pag-uugali? Kung tayo sa anomang paraan ay nakapagpalungkot o nakasakit sa iba, ito ay ating tungkulin na ipagtapat ang ating pagkakamali at pagsikapan ang pakikipagkasundo. Ito ay ang kinakailangang paghahanda upang tayo ay maaaring makalapit sa Dios sa pananampalataya, upang humingi ng pagpapala.”—*Christ’s Object Lessons*, p. 144.

- b. Anong pag-uusap ang naganap sa pagitan nina Pedro at ni Jesus tungkol sa pag-alis ng Panginoon? Juan 13:36–38.

“Marami ngayon ang nakatayo sa kinalalagyan ni Pedro dahil sa pagtitiwala sa sarili ay ipinahayag niya na hindi niya ikakaila ang kanyang Panginoon. At dahil sa kanilang pagiging-sapat sa sarili, sila ay nagiging madaling biktima ng mga pakana ni Satanas. Ang mga nauunawaan ang kanilang kahinaan ay nagtitiwala sa isang kapangyarihan na mas mataas kaysa sa kanilang sarili. At habang sila ay tumitingin sa Diyos, si Satanas ay walang kapangyarihan laban sa kanila. Ngunit ang mga nagtitiwala sa sarili ay madaling nadadaig.”—*Our High Calling*, p. 307.

- a. Habang nasa silid pa sa itaas, anong nakakaaliw na mga salita ang sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad at anong pangako ang Kanyang ginawa sa kanila? Juan 14:1, 2.

“[Sinipi ang Juan 14:1–4.] Dahil sa inyo Ako ay naparito sa sanglibutan. Ako ay gumagawa alang-alang sa inyong kapakanan. Kapag ako ay umalis na, Ako ay patuloy pa ring gagawa ng masigasig para sa inyo. Naparito ako sa sanlibutan upang ipahayag ang Aking sarili sa inyo, upang kayo’y manampalataya. Ako ay pupunta sa Ama upang makipagtulungan sa Kanya alang-alang sa inyong kapakanan. Ang layunin ng pag-alis ni Kristo ay salungat sa kung ano ang kinatatakutan ng mga alagad. Hindi ibig sabihin ng tuluyang paghihiwalay. Siya ay paroroon upang maipaghanda ng kanilang kalalagyan, upang muli Siyang paririto, at tanggapin sila sa Kanyang sarili. Habang Siya ay nagtatayo ng mga tahanan para sa kanila, sila ay bubuo ng mga pag-uugali na ayon sa banal na wangis.” – *The Desire of Ages*, p. 663.

- b. Anong mahalagang kaganapan ang isinama ni Kristo sa Kanyang mensahe? Juan 14:3.

“Ang pangako ng ikalawang pagparito ni Kristo ay dapat panatilihing sariwa sa isipan ng Kanyang mga alagad. Ang parehong Jesus na nakita nilang umakyat sa langit, ay muling babalik, upang kunin sa Kanyang sarili ang mga narito sa ibaba na ibinigay ang kanilang sarili sa paglilingkod sa Kanya. Ang parehong tinig na nagsabi sa kanila, ‘At narito, Ako’y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan,’ ay tatanggap sa kanila sa Kanyang presensya sa makalangit na kaharian.”—*The Acts of the Apostles*, p. 33.

- c. Ano ang itinanong ni Tomas kay Jesus patungkol sa daan, at anong sagot ang natanggap niya? Juan 14:5, 6.

“Walang maraming daan patungo sa langit. Ang bawat isa ay hindi maaaring piliin ang kanyang sariling pamamaraan. Sinabi ni Kristo, ‘Ako ang daan: ... walang sinumang makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan Ko.’ Mula nang ang unang sermon ng ebanghelyo ay ipinangaral, noong sa Eden ay ipinahayag na ang binhi ng babae ang dapat dudurog sa ulo ng ahas, si Kristo ay itinaas ang katotohanan, ang daan, at ang buhay. Siya ang daan nang nabubuhay si Adan, nang inihandog ni Abel sa Diyos ang dugo ng pinatay na kordero, na kumakatawan sa dugo ng Manunubos. Si Kristo ang daan kung saan ang mga patriyarka at mga propeta ay naligtas. Siya ang daan kung saan lamang tayo magkakaroon ng daan palapit sa Dios.”—*The Desire of Ages*, p. 663.

- a. Paano ipinakilala ni Jesus ang Kanyang sarili kasama ang Ama—at paano ito nauugnay sa atin? Juan 14:7.

“Si Kristo ay naparito upang ihayag ang Diyos sa sanlibutan bilang isang Diyos ng pag-ibig, puno ng awa, kabaitan, at pagkahabag. Ang makapal na kadiliman na pinagsisikapan ni Satanas na ibalot sa trono ng Diyos ay inalis ng Manunubos ng sanlibutan, at ang Ama ay muling nahayag sa mga tao bilang liwanag ng buhay.”—Testimonies for the Church, vol. 5, pp. 738, 739.

- b. Anong pakiusap ang ginawa ni Felipe kay Jesus, at ano ang kahalagahan ng pagtugon ng Panginoon? Juan 14:8–11.

“Nang si Felipe ay lumapit kay Jesus na may kahilingan, ‘Ipakita mo sa amin ang Ama, at kami ay masisiyahan na,’ ... Si Kristo ay ipinahayag ang Kanyang sarili na sinugo sa sanlibutan bilang kinatawan ng Ama. Sa Kanyang dakilang katangian, sa Kanyang awa at magiliw na habag, sa Kanyang pag-ibig at kabutihan, Siya ay nakatayo sa harapan natin bilang simbolo ng banal na kasakdalan, ang larawan ng hindi nakikitang Dios. 5, p. 739.

“Si Kristo ay madiing ikinintal sa kanila ang katotohanang maaari nilang makita ang Ama sa pamamagitan ng pananampalataya lamang. Ang Diyos ay hindi maaaring makita ng sinumang tao sa panlabas na anyo.”—The SDA Bible Commentary [E. G. White Comments], vol. 5, pp. 1141, 1142.

“Si Kristo ay hindi tumigil sa pagiging Diyos nang Siya ay naging tao. Bagama’t ang Kaniyang sarili ay nagpakumbaba sa sangkatauhan, ang pagka-Diyos ay nasa Kanyang sarili pa rin. Si Kristo lamang ang maaaring kumatawan sa Ama sa sangkatauhan, at ang pagkakatawang ito ay naging pribiliheyo ng mga alagad na makita sa mahigit na tatlong taon.

“Ang kanilang pananampalataya ay maaaring ligtas na nakasalalay sa kati-bayan na ibinigay sa mga gawa ni Cristo, mga gawa na walang sinuman, sa kanyang sarili, kailanman ang nakagawa o kailanman maaaring magawa. Ang gawain ni Cristo ay nagpatotoo ng Kanyang kabanalan. Sa pamamagitan Niya ang Ama ay nahayag.

“Kung ang mga alagad ay naniniwala sa mahalagang kaugnayang ito sa pagitan ng Ama at ng Anak, ang kanilang pananampalataya ay hindi iiwan sila nang makita nila ang pagdurusa at kamatayan ni Kristo upang iligtas ang napapahamak na sanlibutan. Si Kristo ay sinisikap na akayin sila mula sa kanilang mababang kalagayan ng pananampalataya tungo sa karanasang matatanggap nila kung tunay nilang nauunawaan kung ano Siya—ang Diyos sa katawang-tao.”—The Desire of Ages, pp. 64.3, 64.

- a. Anong malalaking posibilidad ang iniaalok ni Jesus sa Kanyang mga alagad? Juan 14:12.

“Ang Tagapagligtas ay lubos na nananabik para sa Kanyang mga alagad na maunawaan kung ano ang layunin ng Kanyang pagka-Diyos na nakipagka-isa sa sangkatauhan. Siya ay naparito sa sanlibutan upang ipakita ang kaluwalhatian ng Diyos, upang ang tao ay mapataas sa pamamagitan ng nagpapanumbalik na kapangyarihan nito. Ang Diyos ay nahayag sa Kanya upang Siya ay mahayag sa kanila. Si Jesus ay hindi naghayag ng katangian, at hindi gumamit ng kapangyarihan, upang ang tao ay hindi magtaglay kundi sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya. Ang Kanyang sakdal na pagkatao ay ang lahat na maaaring taglayin ng Kanyang mga tagasunod, kung sila ay magpapasakop sa Diyos na kagaya Niya.

“At ang lalong dakilang mga gawa kay sa rito ang gagawin Niya; sapagka’t Ako’y paroroon sa Ama.’ Sa pamamagitan nito si Kristo ay hindi ibig sabihin na ang gawain ng mga alagad ay higit na mas magiging marangal ang katangian kaysa sa Kanya, kundi ito ay magkakaroon ng mas malaking saklaw. Siya ay hindi lamang tinukoy ang paggawa ng himala, kundi ang lahat na magaganap sa ilalim ng paggawa ng Banal na Espiritu.

“Pagkatapos ng pag-akyat ng Panginoon, ang mga alagad ay naunawaan ang katuparan ng Kanyang pangako. Ang mga kaganapan ng pagpapako sa krus, pagkabuhay na mag-uli, at pag-akyat ni Kristo ay isang buhay na katunayan para sa kanila. Nakita nila na ang mga propesiya ay literal na natutupad. Sinaliksik nila ang mga Banal na Kasulatan, at tinanggap ang kanilang mga turo nang may pananampalataya at katiyakan na hindi nalalaman noon. Alam nila na ang banal na Guro ay ang lahat na kung ano ang Kaniyang inaangkin. Habang sinasabi nila ang kanilang karanasan, ay pinararangal nila ang pag-ibig ng Dios, ang mga puso ng mga tao ay natutunaw at nasusupil, at maraming tao ang nanampalataya kay Jesus.”—The Desire of Ages, pp. 664, 667.

- b. Anong katiyakan ang ibinigay ni Jesus upang magdulot ng pag-asa sa lahat ng kapanahunan? Juan 14:13, 14.

“Habang ang mga alagad ay wala pang nalalaman sa walang limitasyong mga mapagkukunan at kapangyarihan ng Tagapagligtas. Sinabi Niya sa kanila, ‘Hanggang ngayon ay wala pa kayong hinihinging anoman sa pangalan Ko.’ Juan 16:24. Ipinaliwanag Niya na ang lihim ng kanilang tagumpay ay sa paghingi ng kalakasan at biyaya sa Kanyang pangalan. Siya ay naroroon sa harapan ng Ama upang hilingin para sa kanila. Ang panalangin ng mapagpakumbabang nagsusumamo ay ipinapahayag na parang Kaniyang sariling pagnanais sa kapakanan ng kaluluwang iyon. Ang Bawat taimtim na panalangin ay dinidinig sa langit. Maaaring hindi man ito maipahayag nang malinaw; ngunit kung ang puso ay nasa loob nito, ito ay aakyat sa santuario kung saan si Jesus ay nangangasiwa, at ipapaabot Niya ito sa Ama nang wala ni isang hindi akma, nauutal na pananalita, napakaganda at may humahalimuyak sa insenso ng Kanyang sariling kasakdalan.”—Ibid., p. 667.

- a. Ilarawan ang natatanging sandali ng mga alagad na kasama si Jesus habang ipinapaliwanag Niya ang Kanyang kaugnayan sa Ama (Juan 14:8–10)—at kung paano rin natin matatamasa ang gayong pakikipag-ugnayan sa Langit. Awit ni Solomon 2:3, 4.

“Habang si Cristo ay nagpapahayag ng mga salitang ito [sa Juan kabanata 14:8–10], ang kaluwalhatian ng Diyos ay suminag sa Kanyang mukha, at lahat ng naroroon ay nakadama ng sagradong pagkamangha habang sila ay nakikinig na nahahalina sa Kanyang mga salita. Nadama nila na ang kanilang mga puso ay lalong naaakit sa Kanya, at habang sila ay nalalapit kay Cristo sa lalong dakilang pag-ibig, sila ay napapalapit sa isa’t isa. Nadama nila na ang langit ay napakalapit sa kanila, na ang mga salita na kanilang napapakinngan ay mensahe sa kanila mula sa makalangit na Ama.”—The SDA Bible Commentary [E. G. White Comments], vol. 5, p. 1142.

“Maraming nag-aangking Kristiyano na nababalisa at nanlulumo, marami ang punong-puno ng abalang gawain kung kaya’t hindi sila makahanap ng panahon upang magpahinga nang tahimik sa mga pangako ng Diyos, na kumikilos na parang hindi nila kayang magkaroon ng kapayapaan at katahimikan. Sa lahat ng gayon ang paanyaya ni Kristo ay: ‘Magsiparito kayo sa Akin, . . . at kayo’y aking papagpahingahan.’. . .

“Tayo’y tumalikod mula sa maalikabok, mainit na mga daanan ng buhay upang magpahinga sa lilim ng pag-ibig ni Kristo. Dito tayo nagtatamo ng kalakasan para sa pakikibaka. Dito tayo natututo kung paano mabawasan ang pagpapagal at pag-aalala, at kung paano magsalita at umawit para sa papuri sa Diyos. Hayaang ang napapagod at nabibigatan ay matuto mula kay Kristo ng aral ng tahimik na pagtitiwala. Sila ay dapat maupo sa ilalim ng Kanyang lilim kung nais nilang magtaglay ng Kaniyang kapayapaan at kapahingahan.”—Testimonies for the Church, vol. 7, pp. 69, 70.

“Kapag ang bayan ng Panginoon ay napuspos ng kaamuan at pagkamahabagin, kanilang mauunawaan na ang Kanyang watawat sa kanilang itaas ay pag-ibig, at ang Kanyang bunga ay magiging matamis sa kanilang panlasa. Sila ay gagawa ng langit sa ibaba para sa paghahanda sa langit sa itaas.”—Ibid., p. 131.

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

Biy, Ago 1

1. Paano ko maiiwasan ang patibong kung saan nalugmok si Pedro?
2. Sa liwanag ng pangako ni Kristo ng isang tahananang para sa akin, ano ang aking tungkulin sa lupa?
3. Paano ko magagawang maisakatuparan ang mga gawa ni Jesus?
4. Paano ni Jesus inaliw ang mga alagad nang malaman nila ang Kanyang paglisan?
5. Ano ang ibig sabihin ni Jesus sa “lalong dakilang mga gawa” na dapat gawin—at paano?

Ang Ipinangakong Banal na Espiritu

SAULUHING TALATA: “At kami’y mga saksi ng mga bagay na ito; at gayon din ang Espiritu Santo, na siyang ibinigay ng Dios sa nagsisitalima sa kaniya” (Mga Gawa 5:32).

Mga Iminumungkahing Babasahin:

Testimonies for the Church, vol. 8, pp. 19–23.
The Acts of the Apostles, pp. 47–56.

“Ang pangako ng Banal na Espiritu ay hindi limitado sa anumang edad o sa anumang lahi. Ipinahayag ni Kristo na ang banal na impluwensya ng Kanyang Espiritu ay kasama ng Kanyang mga tagasunod hanggang sa kata-pusan.” – *The Acts of the Apostles*, p. 49.

1. PAGESUNOD—ANG BUNGA NG PANANAMPALATAYA

Lin, Ago 3

- a. Sa pagtanggap kay Jesus sa pamamagitan ng pananampalataya, ano ang tinatanggap ng mga Kristiyano sa kanilang mga puso? Roma 5:1–5.
- b. Paano ang pag-ibig ni Kristo naipapakita sa buhay ng mananampalataya? Juan 14:15, 21; 1 Juan 2:3.

“[Si Kristo] ay iniligtas ang mga tao, hindi sa kasalanan, kundi mula sa kasalanan; at ang mga umiibig sa Kanya ay magpapakita ng kanilang pag-ibig sa pamamagitan ng pagsunod.

“Lahat ng tunay na pagsunod ay nagmumula sa puso. Iyon ay gawain ng puso kasama si Kristo. At kung ating pahihintulutan, Kanyang iuugnay ang Kanyang sarili sa ating mga kaisipan at mga layunin, kaya’t ilakip natin ang ating mga puso at isipan sa pag-sang-ayon sa Kanyang kalooban, na kapag sumusunod sa tayo sa Kanya ay ginagawa lamang natin ang nilalaman ng ating mga puso. Ang kalooban na nadalisay at napabanal, ay matatagpuan ang pinakamataas nitong kaluguran sa paggawa ng paglilingkod sa Kaniya. Kapag nakilala natin ang Dios na ito ay ating pribilehiyo na makilala Siya, ang ating buhay ay magiging isang buhay ng patuloy na pagsunod. Sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa katangian ni Kristo, sa pamamagitan ng pakikipagka-isa sa Diyos, ang kasalanan ay magiging kasuklam-suklam sa atin.” – *The Desire of Ages*, p. 668.

- a. Sino ang ipinangako ni Jesus na ipapadala upang aliwin ang mga alagad? Juan 14:16–18.

“Mula pa sa simula ng gawain ng pagtubos Siya [ang Espiritu] ay kumikilos na sa puso ng mga tao. Subali’t habang si Kristo ay nasa lupa, ang mga alagad ay hindi nagnanais ng iba pang katulong. Hindi hanggang sa sila ay inalisan ng Kanyang presensya ay hindi nila madarama ang kanilang pangangailangan ng Espiritu, at pagkatapos Siya ay darat-ing.”—*The Desire of Ages*, p. 669.

- b. Paano si Kristo “mabubuhay” sa puso ng mga alagad? Juan 14:19–23.

“Ang Banal na Espiritu ay kinatawan ni Kristo, subali’t inalis ang personalidad ng pagkatao, at kaya ang sarili nito. Dahil sa pagiging tao, si Kristo ay hindi maaaring personal na naroroon sa lahat ng lugar. Kaya’t para sa kanilang kapakanan Siya ay dapat pumunta sa Ama, at ipadala ang Espiritu upang maging Kanyang kahalili sa lupa. Walang sinuman ang maaaring magkaroon ng anumang kalamangan dahil sa kanyang kinalalagyan o sa kanyang personal na pakikipag-ugnayan kay Kristo. Sa pamamagitan ng Espiritu ang Tagapagligtas ay mas mapapalapit sa lahat. Sa ganitong diwa Siya ay mas mapapalapit sa kanila kaysa kung hindi Siya umakyat sa taas .

“Si Jesus ay nababasa ang hinaharap ng Kanyang mga alagad. Nakita Niya na ang isa ay dadalhin sa bitayan, ang isa sa krus, ang isa ay ipatatapon sa malungkot na batuhan ng dagat, ang iba sa pag-uusig at kamatayan. Hinikayat Niya sila sa pangako na sa bawat pagsubok Siya ay makakasama nila. Ang pangakong iyon ay hindi nawalan ng puwersa nito. Ang Panginoon ay nalalaman ang lahat patungkol sa Kanyang matapat na mga lingkod na dahil sa Kanya ay nakakulong o ipinatapon sa malungkot na mga isla. Inaaliw Niya sila sa pamamagitan ng Kanyang sariling presensya. Kapag para sa katotohanan ang mananampalataya ay nakatayo sa harap ng mga hindi matuwid na hukuman, si Kristo ay nakatayo sa tabi niya, ang lahat ng mga panlalait sa kanya ay napupunta kay Kristo. Si Kristo ay muling hinahatulan sa katauhan ng Kanyang mga alagad. Kapag ang isa ay nakukulong sa mga bilangguan, si Kristo ay binibihag ang puso ng Kaniyang pag-ibig.

“Sa lahat ng oras at sa lahat ng dako, sa lahat ng kalungkutan at sa lahat ng pagdadalamhati, kapag ang pananaw ay tila nagdidilim at ang hinaharap ay nagiging magulo, at tayo ay nakadarama na walang magagawa at nag-iisa, ang Mang-aaliw ay ipapadala bilang sagot sa panalangin ng may pananampalataya. Ang mga pangyayari ay maaaring maghihiwalay sa atin sa bawat makalupang kaibigan; ngunit walang pangyayari, walang distansya, ang makapaghihiwalay sa atin mula sa makalangit na Mang-aaliw. Saan man tayo naroroon, saan man tayo patutungo, Siya ay nasa ating kanang kamay, upang tumulong, umalalay, pagtibayin, at pasiglahin.”—*Ibid.*, pp. 669, 670.

- a. Paano maiimpluwensyahan ng Mang-aaliw ang isipan at pang-unawa ng mga alagad? Juan 14:26.

“[Ang mga alagad] ay hindi nauunawaan ang kahalagahan ng mga banal na kasulatan na inilathad ni Kristo. Marami sa Kanyang mga aral ang tila halos nawala na sa kanila. Nakita ni Jesus na hindi nila pinanghahawakan ang tunay na kahulugan ng Kanyang mga salita. Siya ay mahabaging ipinangako na ang Banal na Espiritu ang magpapaalala ng mga kasabihang ito sa kanilang mga isipan. At hindi na Niya sinambit ang marami pang mga bagay na hindi rin mauunawaan ng mga alagad. Ang mga ito ay bubuksan rin sa kanila ng Espiritu. Ang Espiritu ay patatalasin ang kanilang pang-unawa, upang magkaroon sila ng pagpapahalaga sa makalangit na mga bagay, ‘Gayon ma’y kung Siya, ang Espiritu ng katotohanan ay dumating,’ sinabi ni Jesus, ‘Ay papatnubayan Niya kayo sa buong katotohanan.’ ” —The Desire of Ages, pp. 670, 671.

- b. Ano pa ang gagawin ng Mang-aaliw para sa kapakanan ng mga tunay na tagasunod ni Kristo? Juan 16:12–14.

“Kung mayroong isang punto ng katotohanan na hindi ninyo nauunawaan, kung saan hindi kayo nagkakapareho ng pag-unawa, magsiyasat, ihambing ang kasulatan sa kasulatan, bungkalin ng palaso ng katotohanan ang kailaliman ng minahan ng Salita ng Diyos. Dapat ninyong ilagay ang inyong sarili at ang inyong mga opinyon sa altar ng Diyos, alisin ang inyong mga naisip na ideya, at hayaang ang Espiritu ng Langit ang pumatnubay sa inyo sa buong katotohanan.”—Selected Messages, bk. 1, pp. 412, 413.

“Hindi natin wastong mauunawaan o mapapahalagahan ang banal na kapahayagan kung wala ang tulong ng Espiritung iyon kung kanino ang salita ibinigay.”—Testimonies for the Church, vol. 5, p. 241.

“Ang mga tukso ay madalas na mukhang hindi mapaglabanan dahil, sa pamamagitan ng pagpapabaya sa panalangin at pag-aaral ng Bibliya, ang natutukso ay hindi madaling maalala ang mga pangako ng Diyos at harapin si Satanas ng mga sandata ng Banal na Kasulatan. Subali’t ang mga anghel ay nasa paligid niyaong mga handang maturuan ng mga banal na bagay; at sa panahon ng matinding pangangailangan ay ipapaalaala nila sa kanila ang mismong mga katotohanan na kinakailangan. Sa gayon ‘kapag ang kaaway ay darating na parang bugso ng tubig, ang Panginoon ay magtataas ng watawat laban sa kaniya.’ Isaias 59:19.

“Si Jesus ay nangako sa Kanyang mga alagad: ‘Datapuwa’t ang Mangaaliw, sa makatuwid baga’y ang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa aking pangalan, siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat na sa inyo’y aking sinabi.’ Juan 14:26. Subali’t ang mga aral ni Kristo ay dapat na dati nang nakaimbak sa isipan upang ang Espiritu ng Dios ay ipaalaala ang mga ito sa panahon ng panganib.”—The Great Controversy, pp. 599, 600.

- a. Anong kahanga-hangang pangako ang ibinigay ni Jesus sa Kanyang matapat na mga tagasunod—isang pangakong makakatulong sa panahon ng kahirapan? Juan 14:27–29.

“Sa Kanyang pakikipag-usap sa mga alagad, si Jesus ay hindi gumawa ng naka-kalungkot na pagtukoy sa Kanyang sariling pagdurusa at kamatayan. Ang Kanyang huling pamana sa kanila ay isang pamana ng kapayapaan.”—*The Desire of Ages*, p. 672.

“[Sinipi ang Juan 14:27.] Ang kapayapaang ito ay hindi ang kapayapaang dumarating sa pamamagitan ng pagsang-ayon sa sanglibutan. Si Kristo ay hindi kailanman binili ang kapayapaan sa pamamagitan ng pakiki-pagkompromiso sa kasamaan. Ang kapayapaang iniwan ni Kristo sa Kanyang mga alagad ay panloob sa halip na panlabas at mananatili sa Kanyang mga saksi sa pamamagitan ng pakikipagtung-gali at paninindigan.” - *The Acts of the Apostles*, p. 84.

“Ang kasaysayan ng katotohanan kailanman ay naging kasaysayan ng pakikibaka sa pagitan ng tama at mali. Ang pagpapahayag ng ebanghelyo ay patuloy na isinusulong sa sanlibutang ito sa harap ng pagsalungat, panganib, kalugihan at paghihirap.

“Ano ang kalakasan ng mga taong sa nakaraan ay dumanas ng pag-uusig alang-alang kay Kristo? Ito ay ang pakikipagkaisa sa Diyos, pakikipagkaisa sa Banal na Espiritu, pakikipagkaisa kay Kristo. Ang panlalait at pag-uusig ay naghihiwalay sa marami sa mga makalupang magkakaibigan, subali’t hindi kailanman mula sa pag-ibig ni Kristo. Ang kaluluwang sinusubok ng unos ay lalong iniibig ng Tagapagligtas sa panahon na siya nagdadanas ng kahihiyan dahil sa katotohanan. ‘At siya’y iibigin ko,’ sinabi ni Kristo, ‘at ako’y magpapakahayag sa kanya.’ Juan 14:21 Kapag alang-alang sa katotohanan ang mananampalataya ay nakatayo sa harapan ng mga makalupang hukuman, si Kristo ay nakatayo sa kanilang tabi. Kapag siya ay nakakulong sa loob ng mga bilanguan, si Kristo ay magpapakahayag ng Kanyang sarili sa kanya at pasisiglahin ang kanyang puso ng Kanyang pag-ibig.”—*Ibid.*, p. 85.

- b. Sa pagtatapos ng Kanyang misyon, ano ang napagtibay ni Jesus patungkol sa Kanyang sarili? Juan 14:30.

“Si Satanas ay nakakatagpo sa puso ng tao ng ilang punto kung saan siya ay maaaring magkaroon ng panghahawakan; ang ilang napakasamang pagnanasa ay pinahalagahan, na kung saan sa kanyang mga panunukso ay patutunayan ang kanilang kapangyarihan. Ngunit si Kristo ay nagpahayag tungkol sa Kanyang sarili, ‘Sapagka’t dumarating ang prinsipeng sanglibutan: at siya’y walang anoman sa Akin.’ Ang mga unos ng tukso ay sumambulat sa Kanya, ngunit hindi nila nagawang ilihis Siya mula sa Kanyang pakikipagkaisa sa Dios.”—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 7, p. 927.

- a. Sa pamamagitan ng anong paraan lamang tayo magkakaroon ng kapayapaan sa Diyos? Juan 16:33; Efeso 2:13, 14.

“Sa sarili nating kalakasan imposible para sa atin na tanggiin ang mga hiyaw ng ating masamang likas. Sa pamamagitan ng lagusang ito si Satanas ay magdadala ng tukso sa atin. Nalalaman ni Kristo na ang kaaway ay lalapit sa bawat tao, upang samantalahin ang minanang kahinaan, at sa pamamagitan ng kanyang maling mga mungkahi upang masilo ang lahat na ang pagtitiwala ay wala sa Diyos. At sa pagdaan sa lupa kung saan dapat maglakbay ang tao, ang ating Panginoon ay naghahanda ng daan para sa atin upang magtagumpay. Hindi Niya kalooban na tayo ay malagay sa kapinsalaan sa pakikibaka kay Satanas. Hindi Niya nais na tayo ay matakot at masiraan ng loob dahil sa pagsalakay ng ahas. ‘Nguni’t laksan ninyo ang loob; Sinabi Niya; Aking dinaig ang sanglibutan.’ John 16:33.”—The Desire of Ages, p. 122.

- b. Ano ang hinihiling sa mananampalataya na nagnanais na magkaroon ng kapayapaan sa Diyos? Awit 119:165. Ano ang magiging karanasan ng gayong mananampalataya? 1 Juan 3:22.

“Ang Panginoon ay tinuturo sa atin ang ating tungkulin nang malugod kagaya ng Kanyang pagtuturo sa iba pa. Kung tayo ay lalapit sa Kanya nang may pananampalataya, ipapahayag Niya sa atin ang Kanyang mga hiwaga nang personal. Ang ating mga puso ay madalas na mag-iinit sa ating kalooban habang ang Isa ay lumalapit upang makipagkaisa sa atin tulad ng Kanyang ginawa kay Enoc. Yaong mga nagpasiya na walang anumang gagawin sa anumang hanay na hindi ikalulugod ng Diyos, ay malalaman, pagkatapos lamang na ipahayag ang kanilang kalagayan sa Kanya, at kung ano ang pamamaraang pagsisikap. At sila ay tatanggap hindi lamang ng karunungan, kundi kalakasan. Ang kapangyarihan para sa pagsunod, para sa paglilingkod, ay ipagkakaloob sa kanila, gaya ng ipinangako ni Kristo.”—Ibid., p. 668.

1. Paano ako makatitiyak na ako ay talagang nananalangin sa pangalan ni Kristo?
2. Bakit kinakailangang ang kapayapaan ni Kristo ay higit na makaakit sa akin kay-sa sa kapayapaang iniaalok ng sanlibutan?
3. Paano ko mararanasan ang lubos ang kapayapaan ni Kristo?
4. Ilarawan ang buhay ng mananampalataya na may kapayapaan sa Diyos.
5. Ibuod ang gawain ng Banal na Espiritu.

Si Hesus, ang Tunay na Puno ng Ubas

SAULUHING TALATA: “Sapagka’t kung kayo’y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa” (Juan 15:5, huling bahagi).

Mga Iminumungkahing Babasahin:

Testimonies for the Church, vol. 4, pp. 353–355;
vol. 1, pp. 248, 249.

“Ang pakikipagkaisa kay Kristo sa pamamagitan ng buhay na pananampalataya ay mananatili; ang bawat iba pang pakikipagkaisa ay dapat mawala. . . . Ang pakikipagkaisang ito ay may halaga sa atin. Ito ay ang pakikipagkaisa nang lubusang pagtitiwala, na papasukin ng isang mapagmataas na nilalang.”—*Testimonies for the Church*, vol. 5, p. 231.

1. MAHINA AT UMAASA

Lin, Ago 10

- a. Sa ano inihambing ni Jesus ang Kanyang sarili, at bakit? Juan 15:1 (unang bahagi).

“Sa halip na piliin ang napakagandang palma, ang matayog na sedro, o ang matibay na encina, si Jesus ay kinuha ang puno ng ubas at ang kanyang nakakapit na mga palutput nito upang ilarawan sa Kanyang sarili. Ang puno ng palma, ang sedro, at ang encina ay tumatayong magisa. Sila ay hindi nangangailangan ng suporta. Subali’t ang puno ng ubas ay pumupulupot sa trellis, at sa gayon ay umaakyat paitaas. Kaya’t si Kristo sa Kanyang pagiging tao ay umaasa sa banal na kapangyarihan. ‘Hindi ako makagagawa ng anoman sa aking sarili,’ Ipinahayag Niya. Juan 5:30.”—*The Desire of Ages*, pp. 674, 675.

- b. Ano pang aral ang sinikap ni Jesus na ilarawan sa pamamagitan ng puno ng ubas? Juan 15:1–3.

“Ang mga Hudyo ay palaging itinuturing ang puno ng ubas bilang ang pinakamaganda sa mga halaman, at isang uri sa lahat na napakalakas, kahanga-hanga, at mabunga. Ang Israel ay inilarawan bilang isang puno ng ubas na itinanim ng Diyos sa Lupang Pangako. Ang mga Hudyo ay ibinatay ang kanilang pag-asa ng kaligtasan sa katunayan ng kanilang kaugnayan sa Israel. Ngunit sinabi ni Jesus, Ako ang tunay na Puno ng ubas. Huwag isipin na sa pamamagitan ng pagkakaugnay sa Israel ay maaari kayong maging kabahagi ng buhay ng Diyos, at tagapagmana ng Kanyang pangako, Sa pamamagitan Ko lamang ang espirituwal na buhay matatanggap.”—*Ibid.*, p. 675.

- a. Anong kondisyon ang kinakailangan sa isang mabungang buhay Kristiyanong Juan 15:4.

“Ang koneksyon ng sanga sa puno ng ubas, sinabi Niya, ay naglalarawan sa kaugnayan na dapat ninyong panatilihin sa Akin. Ang supling ay inihuhugpong sa buhay na puno ng ubas, at hibla sa hibla, ugat sa ugat, ito ay tumutubo sa puno ng baging. Ang buhay ng baging ay nagiging buhay ng sanga. Kaya’t ang kaluluwang patay sa mga pagsalangsang at mga kasalanan ay tumatanggap ng buhay sa pamamagitan ng pagkaka-ugnay kay Kristo. Sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya bilang isang personal na tagapagligtas ang pagkaka-ugnay ay nabubuo. Ang makasalanan ay iniuugnay ang kaniyang kahinaan sa kalasan ni Kristo, ang kanyang kawalan sa kapunuan ni Kristo, ang kanyang kahinaan sa walang hanggang kapangyarihan ni Kristo. Sa gayon ay magkakaroon siya ng kaisipan ni Kristo. Ang pagkatao ni Kristo ay nag-ugnay sa ating pagkatao, at ang ating pagkatao ay nag-ugnay sa pagka-Diyos. Sa gayon sa pamamagitan ng pagkilos ng Banal na Espiritu ang tao ay nagiging kabahagi ng banal na likas. Siya ay tinatanggap ng Pinakaiibig.”—*The Desire of Ages*, p. 675.

- b. Ano ang nangyayari sa isang taong hiwalay kay Kristo? Juan 15:6.

“Ang pagkakaugnay na ito kay Kristo, sa sandaling mabuo, ay dapat na panatilihin. . . . Ito ay hindi nagkataong ugnayan lamang, walang patigil-tigil na pagkaka-ugnay. Ang sanga ay nagiging bahagi ng buhay na puno ng ubas. Ang pagpapahatid ng buhay, kalakasan, at pagiginng mabunga mula sa ugat hanggang sa mga sanga ay walang harang at patuloy. Kung hiwalay sa puno, ang sanga ay hindi mabubuhay. Hindi na, sinabi ni Hesus, maaari kayong mabuhay kung hiwalay sa Akin. Ang buhay na inyong natatanggap mula sa Akin ay maaari lamang mapanatili sa pamamagitan ng patuloy na pakikipag-ugnayan. Kung wala Ako hindi kayo maaaring makapanagumpay sa isang kasalanan, o mapaglalabanan ang kahit isang tukso.”—*Ibid.*, p. 676.

- c. Paano ang tunay na pagiging alagad ipinahayag? Juan 15:4; 8:31; 13:35.

“Kapag ang mga tao ay pinagsama-sama, hindi sa pamamagitan ng puwersa o pansariling interes, kundi sa pamamagitan ng pag-ibig, ipinapakita nila ang pagkilos ng isang kapangyarihan na higit sa lahat ng impluwensya ng tao. Kung saan umiiral ang pagkakaisa na ito, ito ay katibayan na ang wangis ng Diyos ay naibabalik sa sangkatauhan, na ang isang bagong prinsipyo ng buhay ay naipunla. Ito ay nagpapakita na may kapangyarihan sa banal na likas upang mapaglalaman ang higit sa karaniwang mga ahensya ng kasamaan, at ang biyaya ng Dios ang susupil sa likas na pagiging makasarili ng natural na puso.”—*Ibid.*, p. 678.

a. Ano ang magiging tiyak na resulta ng patuloy na kaugnayan natin kay Kristo? Juan 15:5, 8.

“Ang ugat ay nagpapadala ng pagkain nito sa pamamagitan ng sanga hanggang sa pinakamalayong sanga. Gayon inihahatid ni Kristo ang daloy ng espirituwal na kalakasan sa bawat mananampalataya. Hangga’t ang kaluluwa ay kaisa kay Kristo, ay walang panganib na ito ay malalanta o mabubulok. . .

“Kapag tayo ay namumuhay sa pamamagitan ng pananampalataya sa Anak ng Diyos, ang mga bunga ng Espiritu ay makikita sa ating buhay; wala ni isa ang mawawala.”—*The Desire of Ages*, p. 676.

“Si Jesus ang ating kinakailangan; ang Kanyang liwanag, ang Kanyang buhay, ang Kanyang espiritu, ay dapat na patuloy na nasa atin. Kinakailangan natin Siya sa bawat oras. At dapat tayong manalangin sa umaga na kung paanong ang araw ay nagliliwanag sa tanawin, at pinupuno ang sanlibutan ng liwanag, gayundin ang Araw ng Katuwiran ay maaaring suminag sa mga silid ng isipan at puso, at gawin tayong lahat na liwanag sa Panginoon. Hindi natin magagawa nang wala ang Kanyang presensya sa isang sandali. Ang kaaway ay nalalaman kapag tayo ay nagsisikap na gumawa nang wala ang ating Panginoon, at siya ay nariyan, handang punuin ang ating mga isipan ng kanyang masasamang mungkahi upang tayo ay mabuwal mula sa ating katatagan; ngunit ito ay pagnanais ng Panginoon na sa bawat sandali tayo ay dapat manatili sa Kanya, at sa gayon ay maging ganap sa Kanya.”—*My Life Today*, p. 15.

“Lahat ng tumatanggap kay Kristo bilang isang personal na Tagapagligtas ay dapat ipakita ang katotohanan ng ebanghelyo at ang nagliligtas nitong kapangyarihan sa buhay. Ang Diyos ay hindi nag-aatas nang hindi gumagawa ng probisyon para sa katuparan nito. Sa pamamagitan ng biyaya ni Kristo ay magagawa natin ang lahat ng bagay na hinihingi ng Diyos. Ang lahat ng kayamanan ng langit ay mahahayag sa pamamagitan ng bayan ng Diyos.”—*Christ’s Object Lessons*, p. 301.

b. Sa anong kondisyon tayo makakapanatili sa pag-ibig ni Kristo? Juan 15:9, 10; 1 Juan 2:5.

“Ang Diyos ay nagnanais na ipakita sa pamamagitan natin ang kabanalan, ang kandahang-loob, ang pagiging mahabagin, ng Kanyang sariling katangian. Ngunit ang Tagapagligtas ay hindi nag-uutos sa mga alagad na magsikap na magbunga. Sinabi Niya sa kanila na manatili sa Kanya.”—*The Desire of Ages*, p. 677.

“Ang dakilang layunin ng Diyos sa paggawa ng Kanyang mga probidensya ay subukin ang mga tao, upang bigyan sila ng pagkakataong bumuo ng pag-uugali. Sa gayon ay pinatutunayan Niya kung sila ay masunurin o masuwayin sa Kanyang mga utos. Ang mabubuting gawa ay hindi makabibili ang pag-ibig ng Diyos, subali’t sila ay nagpapahayag na tayo ay nagtataglay ng pag-ibig na iyon.” — *Christ’s Object Lessons*, p. 283.

a. Ano ang sinabi ni Jesus tungkol sa Kanyang salita na nag-uugnay sa pagitan Niya at ng mga mananampalataya? Juan 15:3, 7; 6:63.

“Sa pamamagitan ng salita kaya si Kristo ay nananatili sa Kanyang mga tagasunod. Ito ang parehong mahalagang pakikipagkaisa na inilalarawan ng pagkain ng Kanyang laman at pag-inom ng Kanyang dugo. Ang mga salita ni Cristo ay espiritu at buhay. Sa pagtanggap sa mga ito, tinatanggap natin ang buhay ng Puno ng ubas. Tayo ay nabubuhay ‘sa bawat salita na lumalabas sa bibig ng Diyos.’ Mateo 4:4. Ang buhay ni Kristo sa atin ay gumagawa ng parehong bunga kagaya ng sa Kanya. Namumuhay kay Kristo, sumusunod kay Kristo, tinutulungan ni Kristo, kumukuha ng sustansya mula kay Kristo, tayo ay magkakaroon ng bunga ayon sa pagkakatulad mula kay Kristo.”—*The Desire of Ages*, p. 677.

b. Ilarawan kung paano ang isang espirituwal na uri ng operasyon binabago ang ating panloob na mga motibo at pag-uugali habang tayo ay nagpapasakop sa salita ng Diyos. Mga Hebreo 4:12; Awit 51:10.

“Ang mga lingkod ng Diyos ay dapat magdala ng tuwirang patotoo, na siyang tatabas sa likas ng puso at bubuo ng pag-uugali.”—*Testimonies for the Church*, vol.1, p. 249.

“Ang Bibliya . . . ay ang tinig ng Diyos na nagsasalita araw-araw sa kaluluwa. . . . Ang gawain ng Banal na Espiritu ay liwanagan ang madilim na pang-unawa, tunawin ang makasarili, matigas na puso, supilin ang mapanghimagsik na mananalangsi, at iligtas siya mula sa masasamang impluwensya ng sanglibutan. Ang panalangin ni Kristo para sa Kanyang mga alagad ay: Pakabalin mo sila sa katotohanan: ang salita mo’y katotohanan.’ ‘Ang tabak ng Espiritu, na siyang salita ng Diyos, ay tumatagos sa puso ng makasalanan at ito ay pinagpipira-piraso .’—*Ibid.*, vol. 4, p. 441.

“Sa lahat ng magpapasakop sa kanilang sarili sa Banal na Espiritu ay isang bagong prinsipyo ng buhay ang dapat itanim; ang nawalang wangis ng Diyos ay maibabalik sa sangkatauhan.”—*Christ’s Object Lessons*, p. 96.

“Habang [ang nagugutom at nauuhaw bayan ng Diyos] ay kumakain sa Kanyang salita, ay natutuklasan nilang ito ay espiritu at buhay. Ang salita ang sumisira sa minana, makamundong likas, at nagbibigay ng bagong buhay kay Kristo Jesus. Ang Banal na Espiritu ay dumarating sa kaluluwa bilang isang Mang-aaliw. Sa pamamagitan ng nagpapabagong kapangyarihan ng Kanyang biyaya, ang wangis ng Diyos ay muling nabubuo sa mga alagad. Siya ay nagiging bagong nilalang. Ang pag-ibig ang pumapalit sa poot, at ang puso ay tumatanggap ng banal na pagkakahawig. Ito ang ibig sabihin ng mamuhay ‘sa bawat salita na lumalabas sa bibig ng Diyos.’”—*The Desire of Ages*, p. 391.

- a. Ano ang gagawin ni Kristo sa mananampalataya na nagsasabing siya ay na kay Kristo ngunit hindi nagbubunga? Juan 15:2 (unang bahagi).

“Bagaman ang pagkakahugpong ay panlabas na pagkaka-ugnay sa puno ng ubas, ay maaaring walang mahalagang kaugnayan. Kung gayon ay walang magiging paglago o pagbubunga. Kaya’t maaaring may tila koneksyon kay Kristo na walang tunay na pakikipagkaisa sa Kanya sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang pag-aangkin ng relihiyon ay naglalagay ng mga tao sa iglesia, subali’t ang katangian at pag-uugali ang nagpapakita kung sila ay may kaugnayan kay Kristo. Kung sila ay walang bunga, sila ay mga huwad na sanga. Ang kanilang paghiwalay mula kay Kristo ay nauugnay sa pagkawasak bilang ganap na inilalarawan ng patay na sanga.”—*The Desire of Ages*, p. 676.

- b. Ano ang ginagawa ni Jesus sa mga sanga na nananatili sa Kanya? Juan 15:2 (huling bahagi).

“Ipinaliwanag ni Jesus nang may taimtim na pagkahabag ang layunin ng magsasaka. Ang pagpuputol ay magdudulot ng sakit, subali’t ang Ama ang naglalapat ng tabak. Siya ay hindi gumagawa nang walang pakundangang kamay o walang malasakit na puso. May mga sanga na gumagapang sa lupa; ang mga ito ay dapat maalis sa pagsuporta ng lupa kung saan ang kanilang mga palutput ay nakakapit. Dapat sila makarating paitaas, at hanapin ang suporta ng Dios. Ang labis na mga dahon na kumukuha ng pagdaloy ng buhay mula sa bunga ay dapat putulin. Ang labis na paglaki ay dapat putulin, upang bigyan ng puwang ang mga nakapagpapagaling na sinag ng Araw ng Katuwiran. Ang magsasaka ay pinuputol ang nakakapinsalang paglago, upang ang bunga ay maging mataba at sagana.”—*Ibid.*, p. 677.

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL**Biy, Ago 15**

1. Paano ako makakapanatili kay Kristo?
2. Paano ako lalong magiging bukas sa pagtanggap sa mga benepisyo ng Kanyang “mga gunting sa pag-pruning”?
3. Ano ang magiging resulta ng “pagpuputol” (“pruning”) na ito sa aking buhay?
4. Bakit ginamit ni Kristo ang puno ng ubas upang ilarawan ang ugnayang ito?
5. Ano ang batayan para sa isang mabungang buhay Kristiyano?

Pag-ibig sa mga Kapatid

SAULUHING TALATA: “Isang bagong utos ang sa inyo’y ibinigay ko, na kayo’y mangagibigan sa isa’t isa: na kung paanong iniibig ko kayo, ay mangagibigan naman kayo sa isa’t isa” (Juan 13:34)

Iminumungkahing Babasahin: *Christ’s Object Lessons*, pp. 376–389.

“Ang lahat ng napuspos ng Kanyang Espiritu ay umiibig gaya ng Kanyang pag-ibig. Ang mismong prinsipyo na nagpakilos kay Kristo ay magpapakilos din sa kanila sa lahat ng kanilang pakikitungo sa isa’t-isa.”—*The Desire of Ages*, p. 678.

1. ISANG BAGONG UTOS

Lin, Ago 17

a. Gaano kalaking pag-ibig ang ipinakita ng dakilang Halimbawa, at ano ang kahalagahan nito para sa Kanyang mga tagasunod? Juan 13:1 (huling bahagi); 15:13.

“Gaano kalawak, gaano kapuspos, ang pag-ibig na ito! Ang mga alagad ay dapat mag-ibigan sa isa’t isa tulad ng pag-ibig ni Kristo sa kanila. Ito ang kanilang magiging patotoo sa sanglibutan na si Kristo ay nabuo sa kalooban, ang pag-asa ng kaluwalhatian. Sa panahong iyon ang mga alagad ay hindi naunawaan ang bagong bahagi ng utos na iyon; subali’t pagkatapos ng mga pagtitiis ni Kristo, pagkatapos ng Kanyang pagkapako sa krus at pagkabuhay na mag-uli at pag-akyat sa langit, sila ay nagsimulang magkaroon ng kaisipan sa langit, at kung ano ang pagkaunawa sa pag-ibig ng Dios, at sa pag-ibig na dapat nilang gawin sa isa’t-isa. Pagkatapos na manatili ang Banal na Espiritu sa kanila noong araw ng Pentecostes, ang pag-ibig na iyon ay nahayag.”—*The Signs of the Times*, Oktubre 20, 1898.

b. Ano ang unang bunga ng Banal na Espiritu at ano ang mga katibayan na ang bungang ito ay nagiging sakdal sa atin? Galacia 5:22; 1 Juan 4:11–13; 3:18.

“Ang pagiging ganap ng Kristiyanong katangian ay natatamo kapag ang udyok na tumulong at pagpalain ang iba ay patuloy na bumubukal sa kalooban.”—*The Acts of the Apostles*, p. 551.

- a. Sa anong diwa tinukoy ni Kristo ang pag-ibig sa mga kapatid bilang “isang bagong utos”? Juan 13:34.

“Para sa mga alagad ang utos na ito ay bago; sapagkat hindi nila iniibig ang isa’t isa gaya ng pag-ibig ni Kristo sa kanila. Nakita Niya na ang mga bagong pananaw at likas ang dapat magkontrol sa kanila; na ang mga bagong prinsipyo ay dapat nilang isagawa; sa pamamagitan ng Kanyang buhay at kamatayan sila ay tatanggap ng bagong konsepto ng pag-ibig. Ang utos na mag-ibigan sa isa’t isa ay nagkaroon ng bagong kahulugan sa liwanag ng pag-sakripisyo ng Kaniyang sarili. Ang buong gawain ng biyaya ay isang patuloy na paglilingkod ng may pag-ibig, ng pagtangga sa sarili, pagsisikap ng pagsakripisyo sa sarili. Sa bawat oras ng pamamalagi ni Kristo sa lupa, ang pag-ibig ng Diyos ay dumadaloy mula sa Kanya sa hindi-mapigil na mga pag-agos. Ang lahat na napuspos ng kanyang Espiritu ay umiibig gaya ng Kaniyang pag-ibig. Ang mismong prinsipyo na nagpakilos kay Kristo ang magpapakilos sa kanila sa lahat ng kanilang pakikitungo sa isa’t-isa.”—*The Desire of Ages*, pp. 677, 678.

- b. Ano ang nagpapakita na tayo ay mga anak ng Diyos at mga kaibigan ni Kristo? Roma 8:14; 1 Juan 3:10.

“Ang relihiyon ay binubuo sa pagsasagawa ng mga salita ni Kristo; hindi sa paggawa upang matamo ang biyaya ng Diyos, kundi dahil, ang lahat ay hindi karapat-dapat, tayo ay tumanggap ng kaloob ng Kanyang pag-ibig. Si Kristo ay inilalagay ang kaligtasan ng tao, hindi sa pag-aangkin lamang, kundi sa pananampalataya na nahahayag sa mga gawa ng katuwiran. Ang paggawa, hindi sa pagpapahayag lamang, ang inaasahan sa mga tagasunod ni Kristo. Ito ay sa pamamagitan ng gawa, na ang pag-uugali ay nabubuo. ‘Sapagka’t ang lahat ng mga pinapatnubayan ng Espiritu ng Dios, ay sila ang mga anak ng Dios.’ Roma 8:14, Hindi yaong mga ang puso ay naantig ng Espiritu, hindi yaong paminsan-minsang sumusuko sa kapangyarihan nito, kundi yaong mga pinapatnubayan ng Espiritu, ang mga anak ng Diyos.”—*Thoughts From the Mount of Blessing*, p. 149, 150.

“Ang katangian at disposisyon ng mga tagasunod ni Kristo ay magiging katulad ng sa kanilang Panginoon. Siya ang huwaran, ang banal at sakdal na halimbawa na ibinigay para sa mga Kristiyano upang tularan. Ang Kanyang mga tunay na tagasunod ay iibigin ang kanilang mga kapatid at magiging kaayon nila. Iibigin nila ang kanilang kapuwa gaya ng ibinigay sa kanilang halimbawa ni Kristo at gagawa ng anumang sakripisyo kung maaari upang sa pamamagitan ng paggawa nito ay mahikayat ang mga kaluluwa na iwanan ang kanilang mga kasalanan at mahikayat sa katotohan.”—*Testimonies for the Church*, vol. 3, pp. 58, 59.

a. Anong pribilehiyo ang ibinibigay ni Jesus sa Kaniyang matapat na mga tagasunod, at bakit? Juan 15:15, 14.

“Sinabi ni Kristo: ‘Kayo’y Aking mga kaibigan, kung gawin ninyo ang mga bagay na Aking iniuutos sa inyo.’ Ito ang kondisyong ibinigay, ito ang pagsubok na magpapatunay sa mga pag-uugali ng mga tao.”—Testimonies for the Church, vol. 4, p. 188.

“Ang kasalukuyan ay isang panahon ng solemneng pribilehiyo at sagradong pagtitiwala sa mga lingkod ng Diyos. Kung ang mga pagtitiwalang ito ay matapat na iniingatan, napakadakila ang magiging gantimpala ng matapat na lingkod kapag sinabi ng Panginoon: ‘Magbigay-sulit ng iyong pagiging katiwala.’ Ang masigasig na pagpapagal, ang hindi makasariling paggawa, ang mapagtiis, matiyagang pagsisikap, ay gagantimpalaan ng sagana; si Jesus ay magsasabi: Hindi ko na kayo tatawaging mga alipin, kundi mga kaibigan, mga panauhin. Ang pagsang-ayon ng Panginoon ay hindi ibinibigay dahil sa kadakilaan ng gawaing isinagawa, dahil maraming mga bagay ang natamo, kundi dahil sa katapatan sa kahit na kakaunting bagay. Hindi ang mga dakilang resulta na ating natamo, kundi ang mga motibo kung paano tayo kumikilos, ang mahalaga sa Dios. Pinahahalagahan Niya ang kabutihan at katapatan kaysa sa kadakilaan ng gawaing naisakatuparan.”—Ibid., vol. 2, pp. 510, 511.

b. Para sa anong layunin tayo pinili ni Jesus, at ano ang mga responsibilidad na kaakibat ng pribilehiyong ito? Juan 15:16, 17 .

“Ang ating Tagapagligtas ay nagpakita sa atin ng pag-ibig na hindi kailanman matutumbasan ng pag-ibig ng tao. Noong tayo ay nabugbog at malapit ng mamatay, Siya ay nahabag sa atin. Hindi Niya tayo nilampasan sa kabilang panig, at tayo ay iniwang, walang magawa at walang pag-asa, na mapapahamak. Siya ay hindi nanatili sa Kanyang banal, masayang tahanan, kung saan Siya ay minamahal ng lahat ng makalangit na hukbo. Nakita Niya ang ating matinding pangangailangan. Kinuha Niya ang ating kalagayan, at iniugnay ang Kanyang pagnanais sa sangkatauhan. Siya ay namatay upang iligtas ang Kaniyang mga kaaway. Kaniyang ipinanalangin ang papatay sa Kanya. Itinuturo sa Kaniyang sariling halimbawa, sinabi Niya sa Kaniyang mga tagasunod, ‘Isang bagong utos ang sa inyo’y ibinibigay ko, na kayo’y mangagibigan sa isa’t isa: na kung paanong iniibig ko kayo, ay mangagibigan naman kayo sa isa’t isa.’ John 15:17; 13:34.”—Christ’s Object Lessons, pp. 381, 382.

“Maaari tayong mag-angkin bilang mga tagasunod ni Kristo, maari tayong mag-angkin na naniniwala sa bawat katotohanan sa salita ng Diyos; ngunit ito ay walang maidudulot na kabutihan sa ating kapwa maliban kung ang ating paniniwala ay dinadala sa ating pang-araw-araw na pamumuhay.”—Ibid., p. 383.

- a. Ano ang ginagawa ng sanlibutan sa mga kaibigan ni Kristo? Bakit? Juan 15:18, 19.

“Kapag ang mga tao ay nagsasama-sama, hindi dahil sa pamamagitan ng puwersa o pansariling interes, kundi sa pamamagitan ng pag-ibig, sila ay nagpapakita ng kapangyarihan na higit sa lahat ng impluwensyaa ng tao. Kung saan umiiral ang pagkakaisang ito, ito ay katibayan na ang wangis ng Diyos ay naibabalik sa sang-katauhan, na ang isang bagong prinsipyo ng buhay ay naitanim. Ito ay nagpapakita na may kapangyarihan sa banal na likas upang mapaglabanan ang hindi pang-karaniwang mga ahensya ng kasamaan, at ang biyaya ng Dios ang sumusupil sa minanang pagiging makasarili sa likas na puso.

“Ang pag-ibig na ito, na ipinapakita sa iglesia, ay tiyak na pupukaw sa galit ni Satanas. Si Kristo ay hindi nagbalangkas para sa Kanyang mga alagad ng isang napa-kadaling landas.”— *The Desire of Ages*, p. 678.

- b. Bakit ang sanlibutan ay inuusig si Kristo, at bakit inuusig din ang Kanyang mga tagasunod? Juan 3:19, 20; 15:20, 21.

“Sa pagitan ng katuwiran at kasalanan, pag-ibig at poot, katotohanan at kasinungalingan, mayroong isang hindi mapipigilang tunggalian. Kapag ang isang tao ay ipinapahayag ang pag-ibig ni Kristo at ang kagandahan ng kabanalan, inilalayo niya ang mga lingkod ng kaharian ni Satanas, at ang prinsipyo ng kasamaan ay napupukaw upang labanan ito. Pag-uusig at kahihiyan ay naghihintay sa lahat ng mga napupuspos ng Espiritu ni Kristo. Ang katangian ng pag-uusig ay nagbabago ayon sa panahon, subali’t ang prinsipyo—ang espiritu na pinagbabatayan nito—ay siya ring pumatay sa mga pinili ng Panginoon mula pa noong mga panahon ni Abel.”— *Thoughts From the Mount of Blessing*, p. 29.

“Ang katotohanan ng Diyos ay hindi kailanman naging tanyag sa sanlibutan. Ang likas ng puso ay laging salungat sa katotohanan. Ako ay nagpapasalamat sa Diyos na dapat nating talikuran ang pag-ibig sa sanlibutan, at ang kapalaluan ng puso, at lahat ng bagay na nauuwi sa pagsamba sa diyus-diyosan, upang maging mga tag-asunod ng Tao ng Kalbaryo. Ang mga sumusunod sa katotohanan ay hindi kailanman iibigin at pararangalan ng sanlibutan. Mula sa mga labi ng mga anak ng mga banal na Guro, tulad ng Kanyang paglakad ng may kapakumbabaan sa mga anak ng mga tao, ay maririnig ang mga salita: Kung ang sinoman ay ibig maging Aking alagad, ay pasanin ang Aking krus, at sumunod sa Akin. Oo, sumunod sa ating Halimbawa. Siya ba ay nagsisikap para sa papuri at pagluwalhati ng tao? O hindi! Tayo rin ba ay magsisikap para sa papuri o pagpaparangal mula sa mga taga-sanlibutan? “Ang mga walang pag-ibig sa Diyos ay hindi iibigin ang mga anak ng Diyos. Pakinggan ang mga salita ng makalangit na pagtuturo: ‘Sa aba ninyo, pagka ang lahat ng tao ay mangagsasalita ng magaling tungkol sa inyo.’ ”—*Testimonies for the Church*, vol. 2, p. 491.

- a. Paano ipinakikilala ni apostol Pablo ang pagkakaiba ng huwad laban sa tunay na Kristiyanong pag-ibig? 1 Corinto 13:1–8.

“Gaano man kataas ang pag-aangkin, siya na ang puso ay hindi puspos ng pag-ibig sa Diyos at sa kanyang kapwa tao ay hindi tunay na alagad ni Cristo. Bagama’t siya ay dapat magkaroon ng dakilang pananampalataya at magkaroon ng kapangyarihan kahit na gumawa ng mga himala, ngunit kung walang pag-ibig ang kanyang pananampalataya ay magiging walang halaga. Siya ay maaaring magpakita ng kahanga-hangang pagiging mapagbigay; ngunit kung siya, mula sa ibang motibo maliban sa tunay na pag-ibig, ay nagkakaloob ng lahat ng kanyang mga pag-aari upang pakainin ang mga dukha, ang gawa ay hindi sa kanya magdadala ng parangal mula sa Dios. Sa kanyang kasigasigan ay maaaring harapin ang kamatayan ng isang martir, ngunit kung hindi pinakikilos ng pag-ibig, siya ay ituturing ng Diyos bilang isang nalinlang na taong masigasig o isang mapaghangad na mapagpaimbabaw.”—The Acts of the Apostles, pp. 318, 319.

- b. Ano ang dapat nating maunawaan tungkol sa mga katangiang ipinatatagubilin ni Cristo sa Pahayag 3:10–12, ganon din sa mga pangako sa mga nagtataglay nito?

“Ang malinis at banal na mga kasuotan ay hindi inihahanda upang isuot ng sinuman pagkatapos niyang makapasok sa pintuan ng lungsod. Ang lahat ng papasok ay dapat nakasuot na ng balabal ng katuwiran ni Kristo at ang pangalan ng Diyos ay makikita sa kanilang mga noo. Ang pangalang ito ay ang simbolo na nakita ng apostol sa pangitain, at nangangahulugan ng pagsuko ng kaisipan sa matalino at matapat na pagsunod sa lahat ng mga ipinag-uutos ng Dios. Walang mga pagtatakip ng mga kasalanan at mga kamalian upang itago ang depekto ng pag-uugali; walang kasuotan ang hindi maayos na nalabhan; kundi lahat ay malinis at walang bahid ng mantsa.”—The Youth’s Instructor, August 18, 1886.

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL**Biy, Ago 22**

1. Anong mga katangian ng banal na pag-ibig ang nais ni Kristo na lumago sa akin?
2. Ano ang humahadlang sa akin sa pagtanggap ng hindi makasariling pag-ibig ni Kristo sa kapuspusan nito?
3. Paano ang utos ni Kristo magiging bago sa akin?
4. Bakit hindi ako dapat magtaka sa pag-uusig?
5. Ilarawan ang mga pagpapala sa mga mananampalataya sa panahon ng Philadelphia.

Ang Misyong ng Banal na Espiritu

SAULUHING TALATA: “At siya, pagparito niya, ay kaniyang susumbatan ang sanglibutan tungkol sa kasalanan, at sa katuwiran, at sa paghatol” (Juan 16:8).

Iminumungkahing Babasahin: *Testimonies for the Church*, vol. 8, pp. 14–23.

“Sa pamamagitan ng mga Banal na Kasulatan ang Banal na Espiritu ay nagpapahayag sa isipan, at ikinikintal ang katotohanan sa puso. Sa gayo’y inihahayag Niya ang pagkakamali, at inaalis ito mula sa kaluluwa. Ito ay sa pamamagitan ng Espiritu ng katotohanan, na kumikilos sa pamamagitan ng salita ng Diyos, na sinusupil ni Cristo ang Kanyang piniling bayan sa Kanyang sarili.” —*The Desire of Ages*, p. 671.

1. “HINDI KO KAYO IIWANG MAG-ISA”

Lin, Ago 24

a. Anong mga paghihirap ang mararanasan ng mga alagad pagkatapos ng pag-akyat ni Kristo sa langit? Juan 16:1–3.

“Ang Panginoon ay nalalaman ang lahat ng tungkol sa Kaniyang matapat na mga lingkod na alang-alang sa Kanya ay nakahiga sa bilangguan o mga ipinatapon sa malungkot na mga isla. Inaaliw Niya sila ng Kanyang sariling presensya. Kapag alang-alang sa katotohanan ang mananampalataya ay nakatayo sa harapan ng mga hindi matuwid na hukuman, si Kristo ay nakatayo sa kanyang tabi. Lahat ng mga panlalait na dumarating sa kanya, ay nahuhulog kay Kristo. Si Kristo ay hinahatulan muli sa katauhan ng Kaniyang mga alagad. Kapag ang isa ay nakukulang sa bilangguan, si Kristo ay binibigay ang puso ng Kanyang pag-ibig.” —*The Desire of Ages*, p. 669.

b. Ano ang tinitiyak sa mga alagad—at paano? Juan 14:18; 15:26.

“[Si Kristo] ay determinado na ibigay ang Kaniyang kinatawan, ang ikatlong persona ng pagka-Diyos. Ang kaloob na ito ay hindi mahihigitan. Ibibigay Niya ang lahat ng mga kaloob nang sama-sama, at sa gayon ang banal na Espiritu, na humihikayat, nagbibigay-liwanag at ang nagpapabanal na kapangyarihan ang magiging Kaniyang kaloob.” —*My Life Today*, p. 36.

- a. Anong pagkakaiba ng ugnayan sa pagitan ni Kristo at ng Kanyang mga tag-asunod ang magaganap pagkatapos ng Kanyang pag-akyat sa langit? Juan 16:7.

“Mula noon sa pamamagitan ng Espiritu, si Kristo ay dapat na patuloy na mananatili sa puso ng Kanyang mga anak. Ang kanilang ugnayan sa Kanya ay mas malapit kaysa noong Siya ay personal na kasama nila. Ang liwanag, at pag-ibig, at kapangyarihan ng nananahan na Kristo ay sumisinag sa pamamagitan nila.” —Steps to Christ, p. 75.

- b. Anong malawak na gawain ang gagawin ng Banal na Espiritu para sa kapakanan ng mga makasalanan? Juan 16:8–11.

“Ang Espiritu ay ibinigay bilang isang kapangyarihang nagpapabago, upang gawing mabisa ang kaligtasang nagdulot ng kamatayan ng ating Manunubos. Ang Espiritu ay patuloy na nagsisikap na ituon ang pansin ng mga tao sa dakilang handog na ginawa sa krus ng Kalbaryo, upang ilahad sa sanlibutan ang pag-ibig ng Diyos, at upang buksan sa nagsisising kaluluwa ang mahahalagang bagay ng Banal na Kasulatan.

“Nang dinala ang pagkilala sa kasalanan, at ipinahayag sa isipan ang paman-tayan ng katuwiran, ang Banal na Espiritu ay inaalís ang mga damdamin mula sa mga bagay ng sanlibutang ito at pinupuno ang kaluluwa ng pag-nanais para sa kabanalan. ‘Papatnubayan Niya kayo sa buong katotohanan’ (Juan 16:13), ipinahayag ng Tagapagligtas. Kung ang mga tao ay handang mahubog, magkakaroon ng pagpapakabanal ng buong pagkatao. Ang Espiritu ay kukunin ang mga bagay ng Dios at itatak ang mga ito sa kaluluwa. Sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan ang daan ng buhay ay gagawing malinaw upang walang kinakailangang magkamali sa gayong paraan.”—The Acts of the Apostles, pp. 52, 53.

- c. Ano pang mahalagang misyon ang gagawin ng Banal na Espiritu sa sanlibutan? Juan 15:26.

“Ang pagsasama ng Banal na Espiritu at ng patotoo ng buhay na saksi ang siyang magbababala sa sanlibutan. Ang manggagawa para sa Diyos ay ang kinatawan kung saan ang makalangit na pakikipag-ugnayan ay ibibigay, at ang Banal na Espiritu ay magbibigay ng banal na kapamahalaan sa salita ng katotohanan.” —The SDA Bible Commentary [E. G. White Comments], vol. 6, p. 1053.

- a. Maliban sa Banal na Espiritu, sino pa ang magpapatotoo para kay Kristo? Juan 15:27; 1 Juan 1:1–3. Paano?

“Ang negosyante ay maaaring pamahalaan ang kanyang negosyo sa paraang maluluwalhati ang kanyang Panginoon dahil sa kanyang katapatan. Kung siya ay isang tunay na tagasunod ni Kristo ay dadalhin niya ang kanyang relihiyon sa lahat ng bagay na ginagawa at ihahayag sa mga tao ang espiritu ni Kristo. Ang mekaniko ay maaaring maging isang matiyaga at matapat na kinatawan Niya na nagpagal sa mapagpakumbabang pamumuhay sa mga burol ng Galilea. Ang bawat isa na binabanggit ang pangalan ni Kristo ay dapat gumawa upang ang iba, sa pagtingin sa kanyang mabubuting gawa, ay maaaring maakay na luwalhatiin ang kanilang Maylalang at Manunubos. . . .”

“Sa pamamagitan ng may pag-ibig na espiritu ay maaari nating gampanan ang pinakamababang tungkulin sa buhay ‘na gaya ng sa Panginoon.’ Colosas 3:23. Kung ang pag-ibig ng Diyos ay nasa puso, ito ay makikita sa buhay. Ang matamis na samyo ni Kristo ay babalot sa atin, at ang ating impluwensya ay magpaparangal at magiging pagpapala.”—Steps to Christ, pp. 82, 83.

- b. Anong natatanging pangako para sa hinaharap ang ibinigay sa bayan ng Diyos sa mga panahon ng Lumang Tipan sa pamamagitan ng propetang si Joel? Joel 2:28, 29.

- c. Kailan at paano ang pangakong ito bahagyang natupad? Mga Gawa 2:1–7, 16–18.

“Ang pag-akyat ni Kristo sa langit ay ang tanda na ang Kanyang mga tagasunod ay tatanggap ng ipinangakong pagpapala. Dahil dito sila ay kinakailangang maghintay bago nila pasukin ang kanilang gawain. Nang si Kristo ay dumaan sa loob ng makalangit na mga pintuan, Siya ay dinakila sa gitna ng pagsamba ng mga anghel. Sa sandaling natapos ang seremonyang ito, ang Banal na Espiritu ay bumaba sa mga alagad na may saganang kapangyarihan, at si Kristo ay tunay na niluwalhati, kasama ng kaluwalhatiang mayroon na Siya kasama ng Ama na mula sa buong walang hanggan. Ang pagbuhos sa Pentecostal ay ang pagpapahayag ng Langit na ang pagtatalaga sa Manunubos ay naisakatuparan. Ayon sa Kanyang pangako ipinadala Niya ang Banal na Espiritu mula sa langit sa Kanyang mga tagasunod bilang isang tanda na Siya ay, bilang saserdote at hari, ay tumanggap ng lahat ng kapamahalaan sa langit at sa lupa, at Siya ang Pinahiran sa Kanyang bayan.”—The Acts of the Apostles, pp. 38, 39.

a. Paano natin malalaman na ang pangako sa Joel 2:28–32 ay iniaangkop din sa atin? Mga Gawa 3:19.

“Ang pangakong ito ay para sa atin gayon din sa kanila, subali’t gaano ito kadalang na ipinapahayag sa bayan, at ang pagtanggap nito pinag-uusapan sa iglesia. Bilang resulta ng katahimikang ito sa pinakamahalagang paksang ito, anong pangako ang hindi natin gaanong nauunawaan sa praktikal na katuparan nito kaysa sa masaganang pangakong ito ng kaloob ng Banal na Espiritu, kung saan ang kahusayan ay dapat maibigay sa lahat ng ating espirituwal na paggawa? Ang pangako ng Banal na Espiritu ay karaniwang nababanggit lamang sa mga talakayan, at paminsan-minsang napag-uusapan, at hanggang doon lang. Ang mga propesiya ay pinagtutuonan nang husto, ang mga doktrina ay ipinapaliwanag; Subali’t yaong mahalaga sa iglesia upang sila ay lumago sa espirituwal na kalakasan at kahusayan, upang ang pangangaral ay magdala ng pananalig na kasama nito, at ang mga kaluluwa ay mahikayat sa Diyos, ay kadalasang hindi naisasama sa pangministeryong pagsisikap.” — Testimonies to Ministers, p. 174.

“Kung ang mga karaniwang kaanib ng iglesia ay mapupukaw na gawin ang gawaing maaari nilang gawin, na nagpapatuloy sa pakikibaka sa kanilang sariling mga tungkulin, bawat isa ay tinitingnan kung gaano kalaki ang kanyang magagawa sa pagliligtas ng mga kaluluwa kay Jesus, makikita natin na marami ang umaalis sa hanay ni Satanas upang manindigan sa ilalim ng watawat ni Kristo. Kung ang ating bayan ay kumikilos ayon sa liwanag na ibinigay sa ilang mga salitang ito ng tagubilin, tayo ay makakatiyak na makikita natin ang kaligtasan ng Dios. Nakakamanghang pagbabagong-buhay ang susunod. at maraming kaluluwa ang madadagdag sa iglesia. Kapag dinadala natin ang ating mga puso sa pakikipagkaisa kay Kristo, at ang ating mga buhay na naaayon sa Kanyang gawain, ang Espiritu na ibinuhos sa mga alagad noong Panahon ng Pentecostes ay ibubuhos sa atin.”—Testimonies for the Church, vol. 8, p. 246.

b. Ano ang dapat nating pangunahing alalahanin ngayon, at para sa ano tayo dapat taimtim na manalangin sa Panginoon? Juan 16:12–14; Zacarias 10:1.

“Oh, gaano nating lahat kinakailangan ang bautismo ng Espiritu Santo. Pagkatapos tayo ay patuloy na gagawa nang may kaisipan ni Kristo, nang may kabaitan, pagkahabag, at pagdamay, na nagpapakita ng pag-ibig para sa nagkasala habang napopoot sa kasalanan nang may sakdal na pagkamuhì.” — Evangelism, p. 369.

“Kinakailangang mapukaw ang bayan ng Diyos, upang ang Kanyang gawain ay maisulong nang may kapangyarihan. Kinakailangan natin ang bautismo ng Banal na Espiritu. Kinakailangan nating maunawaan na ang Diyos ay magdaragdag sa hanay ng Kanyang bayan ng mga taong may kakayahan at impluwensya, na gagawa ng kanilang bahagi sa pagbababala sa sanlibutan.” — Ibid., pp. 558, 559.

a. Paano tayo maghahanda para sa pagbuhos ng Banal na Espiritu sa kapang-yarihan ng huling ulan? Oseas 6:1–3.

“Nakita ko na marami ang nagpapabaya sa paghahandang lubhang kinakailangan at umaasa sa panahon ng ‘kaginhawahan’ at sa ‘huling ulan’ na sila ay iaangkop na makapanindigan sa araw ng Panginoon at mabuhay sa Kanyang paningin. O, gaano karami ang aking nakita na sa panahon ng kabagabagan na walang kanlungan! Sila ay nagpabaya sa kinakailangang paghahanda; kaya’t hindi nila matatanggap ang kaginhawahan na kinakailangan ng lahat upang iangkop sila na mabuhay sa paningin ng isang banal na Diyos. Yaong tumangging hubugin sa pamamagitan ng mga propeta at nabigong dalisayin ang kanilang mga kaluluwa sa pagsunod sa buong katotohanan, at naniniwalang ang kanilang kalagayan ay higit na mabuti kaysa sa tunay nitong kalagayan, ay darating sa panahon ng pagbuhos ng mga salot, at pagkatapos ay makikita na sila ay kinakailangang tabasin at gawing parisukat para sa pagtatayo. Subali’t wala nang panahon upang gawin iyon at wala ng Tagapamagitan na magsusumamo para sa kanilang layunin sa harapan ng Ama. Bago ang panahong ito ang nakakatakot at solemneng pagpapahayag ay lumipas na, ‘Ang liko, ay magpapakaliko pa: at ang marumi, ay magpapakarumi pa: at ang matuwid, ay magpapakatuwid pa: at ang banal, ay magpapakabanal pa.’ Nakita ko na walang makakabahagi ng ‘kaginhawan’ maliban lamang kung matamo nila ang tagumpay laban sa bawat paghihirap, sa kapalaluan, sa pagka-makasarili, at sa pag-ibig sa sanlibutan, at sa bawat maling pananalita at pagkilos. Tayo dapat, kung gayon, ay lumalapit nang lumalapit sa Panginoon at taimtim na pagsikapan ang paghahandang iyon na kinakailangan upang tayo ay makatayo sa pakikibaka sa araw ng Panginoon. Alalahanin ng lahat na ang Diyos ay banal at walang sinuman maliban sa mga banal na nilalang ang makakapanatili kailanman sa Kanyang presensya.”—Early Writings, p. 71.

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

Biy, Ago 29

1. Anong gawain ang ginagawa ng Banal na Espiritu sa akin—at paano Niya ako nais gamitin sa mas malaking sukat bilang kasangkapan sa mga kamay ng Diyos?
2. Ano ang maaaring humahadlang sa aking pagtanggap ng Banal na Espiritu sa kapuspusan?
3. Ano ang aking bahagi sa pagtulong sa aking iglesia na matanggap ang kapuspusan ng Espiritu?
4. Ipaliwanag ang mga gawain ng Banal na Espiritu sa lupa.
5. Ilarawan ang mga aplikasyon ng propesiya sa Joel 2:28–32.

First Sabbath Offering

Sabbath, Setyembre 6, 2025



Isang paaralan sa Mahoko, Rwanda

Ang Republika ng Rwanda ay isang bansa sa Silangang Africa, na nasa hangganan ng Tanzania, ang Democratic Republic ng Congo, Uganda, at Burundi. Ang ekonomiya ng bansa ay lumago nang husto mula noong unang bahagi ng 2000's sa pamamagitan ng pag-export ng kape at tsaa gayundin ang produksyon ng agrikultura, sabon, enerhiya, de-boteng tubig, at marami pa. Tanyag na kilala bilang ang Land of a Thousand Hills, sa mga nakaraang taon, ang Rwanda ay umaakit ng mga turista dahil sa kagandahan nito—lalo na sa mga ilog at lawa nito, kabilang na ang malapit sa lungsod ng Mahoko, kung saan mayroon tayong proyektong paaralan.

Sa mahigit 13 milyong tao, ang mga wika dito ay ang katutubong Kinyarwanda, French, English (ang opisyal na wikang sinasalita ni 20%), at Swahili. Sa populasyon, 43.7% ay mga Katoliko, 37.7% pangunahing mga Protestante, 11.8% Seventh-day Adventists (binanggit bilang isang kategoryang naiiba mula sa ibang mga Protestante), at 2.0% Muslim, sinundan ng iba.

Sa kabila ng lahat ng pagaangkin ng relihiyon dito, sa isang lalong nahuhulog na sanlibutan, nakikita natin ang isang malaking pangangailangan na mamuhunan sa isang mahusay na edukasyon ng ating mga anak. “Ang tunay na edukasyon ay pagsasanay sa pagiging-misyonero. Bawat anak na lalaki at babae ng Diyos ay tinawagan na maging isang misyonero; tayo ay tinatawagan sa paglilingkod sa Diyos at sa ating kapwa tao; at iangkop tayo para sa paglilingkod na ito ang dapat maging layunin ng ating edukasyon.”—The Ministry of Healing, p. 395.

Habang ang ating mga anak ay ginugulo sa pamamagitan ng mga bagay ng sanlibutan, ito ay lalong nagiging mas mahirap na protektahan sila mula sa mga panlilinlang ng kaaway. Ang dating limitado sa pagkakaroon nito ay literal na nakakabit na ngayon sa ating mga anak sa pamamagitan ng “smart” phones at iba pang mga devices. Paano tayo magiging angkop para sa gawain ng pangangaral kung ang ating sariling mga anak ay hindi maaaring maging handa para dito? Tayo ay may mas malaking pag-aalala dahil ang ating mga anak ay nag-aaral sa mga paaralang pagmamay-ari ng gobyerno ay napipilitang dumalo sa mga klase sa araw ng Sabbath. Kaya’t, ang pangangailangan ay napakahalaga.

Dahil ang aming mga mapagkukunang pinansyal ay hindi sapat, kami ay magiliw na nagsusumamo sa ating mga kapatid sa buong sanlibutan na kami ay tulungan ng inyong mga handog para sa school building na ito...

Kapag nililikom ang Handog sa Unang Sabbath, mangyaring magbigay ng sagana, upang ang Diyos ay maluwalhati sa pamamagitan ng proyektong ito ng paaralan dito sa gitna ng libo-libong burol. Ito ay aming dalangin na nawa ang Panginoon saganang pagpalain ang mga handog at ang nagkakaloob!

Your brothers and sisters from Rwanda

Si Kristo ay Idinadalangin ang Kanyang mga Alagad (1)

SAULUHING TALATA: “Idinadalangin ko sila: hindi ang sanglibutan ang idinadalangin ko, kundi yaong mga sa akin ay ibinigay mo; sapagka’t sila’y iyo: At ang lahat ng mga bagay ay iyo, at ang mga iyo ay akin: at ako’y lumuluwalhati sa kanila” (Juan 17:9, 10).

Iminumungkahing Babasahin:

Testimonies for the Church, vol. 5, pp. 737–746.

“Ang panalangin ito [sa Juan 17] ay isang aralin patungkol sa pamamagitan na isasagawa ng Tagapagligtas sa loob ng tabing, kapag ang Kanyang dakilang sakripisyo alang-alang sa mga tao, ang paghahandog ng Kanyang Sarili, ay matapos na.”—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 5, p. 1145.

1. ANG HULING PANALANGIN NI KRISTO SA KANYANG MGA ALAGAD

Lin, Ago 31

a. Matapos magbigay ng tagubilin si Jesus sa mga alagad, ano ang ginawa Niya sa kanila sa huling pagkakataon? Juan 17:1, 9.

“[Ang Juan 17:1–6 ay sinipi.] Ito ang huling panalangin ni Kristo kasama ang Kanyang mga alagad. Ito ay inialay bago Siya pumunta sa Halamanan ng Getsemani, kung saan Siya ipagkakanulo at huhulihin.”—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 5, p. 1145.

b. Ano ang inihayag ni Kristo sa panimula ng panalangin ito? Juan 17:1, 2.

“Ang ikalabing pitong kabanata ng Juan ay malinaw na nagpapahayag tungkol sa personalidad ng Diyos at ni Kristo, at ng kanilang kaugnayan sa isa’t isa.”—*Ibid.*

“Pag-aralan nang may pananalangin ang ikalabing pitong kabanata ng Juan. Ang kabanatang ito ay hindi lamang dapat basahin nang paulit-ulit, ang mga katotohanan nito ay dapat kainin at unawain.”—*Testimonies for the Church*, vol. 8, p. 80.

a. Anong pangunahing katotohanan ang ipinahayag ni Jesus bilang batayan ng buhay na walang hanggan? Juan 17:3.

“Ang kaalaman sa Diyos na ipinahayag kay Kristo ay ang kaalaman na dapat taglayin ng lahat ng maliligtas. Ito ang kaalaman na gumagawa ng pagbabago ng pag-uugali. Kapag tinanggap sa buhay, ito ay muling lilikhaing ang kaluluwa ayon sa wangis ni Kristo. Ito ang kaalaman na hinihiling ng Diyos sa Kanyang mga anak na tanggapin, bukod sa kung alin pa man, ang lahat ng iba pa ay walang kabuluhan at walang halaga.” —The Acts of the Apostles, p. 475. “Sinabi ni Jesus: ‘Sapagka’t ang Ama rin ang umiibig sa inyo.’ Kung ang ating pananampalataya ay nakatuon sa Diyos, sa pamamagitan ni Cristo, ito ay magpapatunay ‘Na ating inaring tulad sa sinepete ng kaluluwa, isang pagasa na matibay at matatag at pumapasok sa nasa loob ng tabing; Na doo’y pumasok dahil sa atin si Jesus, na gaya ng pangunahin.’ Totoong ang mga kabiguan ay darating; ang kapighatian ay dapat nating asahan; subali’t dapat nating ipagkatiwala ang lahat ng bagay, malaki at maliit sa Dios. Siya ay hindi nalilito sa karamihan ng ating mga karaingan at hindi nadadaig ng bigat ng ating mga pasanin. Ang Kaniyang pag-iingat ay umaabot sa bawat sambahayan at kinukupkop ang bawat isa; Siya ay nagmamalasakit sa lahat ng ating gawain at ating mga kalungkutan. Ang lahat ng kahirapan at mga pagsubok na nagyayari sa atin dito ay pinahihintulutan, upang gawin ang Kaniyang layunin ng pag-ibig sa atin. ‘upang tayo’y makabahagi ng kaniyang kabanalan’ at sa gayon ay maging kabahagi ng kapuspunan ng kagalakang iyon na masusumpungan sa Kanyang presensya.”—Testimonies for the Church, vol. 5, p. 742.

b. Ano ang ibig sabihin ng kilalanin si Kristo, at ano ang resulta ng gayong pagkilala? Ihambing ang Oseas 6:3 sa Juan 17:3.

“Sa pamamagitan lamang ng pagkilala kay Kristo makikilala natin ang Diyos... Ang kilalanin si Kristo na nagliligtas ay magpapasigla ng espirituwal na kaalaman, upang maisagawa ang Kanyang mga salita. Kung wala ito, ang lahat ng iba pa ay walang halaga.

“Si Kristo ay naparito sa sanlibutang ito upang ihayag ang Ama. Anong pagtitiis, anong matinding pagmalasakit, anong banal na pagkahabag, anong matatag na layunin, ang Kanyang ipinakita! Siya ay hindi nagkulang o pinanghinaan ng kalooban. Siya ang simbolo ng kadalisan, at ang Kanyang pag-ibig ay walang kapantay. Sa bawat hakbang ay isinasagawa Niya ang pagtangi sa sarili at pagsasakripisyo sa sarili. Sa Kaniyang kamatayan Siya ang kapahayagan ng pagkakasundo sa pagitan ng Dios at ng tao.”—The Signs of the Times, January 27, 1898.

“Ang pagkilala sa Diyos ay ang ibigin Siya.”—The Desire of Ages, p. 22.

a. Sa panahon ng Kanyang ministeryo, ano ang naging kabuuan ng buhay ni Kristo sa lupa? Juan 17:4.

“Sa lahat ng mapagbiyayang gawa na ginawa ni Jesus, sinikap Niyang ikintal sa mga tao ang tulad sa isang ama, na mabubuting mga katangian ng Diyos. Sa lahat ng Kanyang mga aral, sinisikap Niyang ituro sa mga tao ang kamangha-manghang katotohanan na ‘Gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanlibutan, na ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa Kaniya’y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.’ Si Jesus ay nais na ating maunawaan ang pag-ibig ng Ama, at Siya ay nagsisikap na akayin tayo sa Kanya sa pamamagitan ng pagpapahayag ng Kaniyang biyaya tulad sa isang ama.

“Si Jesus ay naparito sa sanlibutan upang ilarawan ang katangian ng Diyos sa Kanyang sariling buhay, at Kanyang inalis ang mga maling paglalarawan na pinasimulan ni Sata-nas, at inihayag ang kaluwalhatian ng Diyos. Sa pamamagitan lamang ng pamumuhay kasama ng mga tao maaari Niyang ihayag ang awa, pagkahabag, at pag-ibig ng Kanyang makalangit na Ama; sapagkat ito ay sa pamamagitan lamang ng mga gawa ng kabutihang-loob na maaari Niyang maihayag ang biyaya ng Diyos.”—Sons and Daughters of God, p. 139.

b. Ano ang hiniling ni Jesus sa Ama sa pagtatapos ng Kanyang misyon sa lupa? Juan 17:5.

“Si Kristo ay hindi nananalangin para sa pagpapakita ng kaluwalhatian ng likas ng tao; sapagkat ang likas ng tao ay hindi kailanman nagkaroon ng pag-iral sa Kanyang pag-iral noon pa. Siya ay nananalangin sa Kanyang Ama patungkol sa isang kaluwalhatianang taglay sa Kanyang pakikipagkaisa sa Diyos. Ang Kanyang panalangin ay yaong sa isang tagapamagitan; ang biyaya na Kanyang hinihiling ay ang pagpapakita ng banal na kaluwalhatianang iyon na taglay Niya noong Siya ay kaisa pa ng Dios. Hayaang maalis ang lambong, sinabi Niya, at hayaang ang Aking kaluwalhatian ay suminag—ang kaluwalhatianang Aking tinamo sa iyo bago ang sanglibutan ay naging gayon.”—The Signs of the Times, Mayo 10, 1899.

“Ang sanglibutang ito ay isang atom lamang sa napakalawak na mga nasasakupan kung saan pinamamahalaan ng Diyos, subali’t itong maliit na nahulog na sanglibutan—ang isang nawaglit na tupa—ay higit na mahalaga sa Kanyang paningin kaysa sa siyamnapu’t siyam na hindi naligaw mula sa kawan. Si Kristo, ang minamahal na Tagapangasiwa sa mga makalangit na dambana, ay yumukod mula sa Kanyang mataas na kalagayan, isinantabi ang kaluwalhatianang mayroon Siya kasama ang Ama, upang iligtas ang isang nawaglit na sanglibutan. Dahil dito iniwan Niya ang hindi nagkasalang mga sanglibutan sa kaitaasan, ang siyamnapu’t siyam na umiibig sa Kanya, at naparito sa lupang ito, upang ‘masugatan dahil sa ating mga pagsalangsang’ at ‘mabugbog dahil sa ating mga kasamaan.’ (Isaias 53:5.) Ang Diyos ay ibinigay ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng Kanyang Anak upang magkaroon Siya ng kagalakan sa pagtanggap muli ng mga tupang nawaglit.”—Christ’s Object Lessons, pp. 1990.

- a. Sa pamamagitan ng pakikisama kay Kristo, anong pag-unawa ang naabot ng mga alagad hinggil sa Kanyang mga salita? Juan 7:17; 17:7. Ano ang tungkulin natin ngayon?

“Yaong mga nagsisikap na malaman ang katotohanan at maunawaan ang ka-looban ng Diyos, na matapat sa liwanag at masigasig sa pagganap ng kanilang pang-araw-araw na mga tungkulin, ay tiyak na malalaman ang doktrina, sapagkat sila ay papatnubayan sa lahat ng katotohanan. Ang Diyos ay hindi ipinangako; na sa pamamagitan ng nakakamanghang pagkilos ng Kanyang probidensya, sa paraang hindi mapaglalaman ay dadalhin ang tao sa kaalaman ng Kanyang katotohanan. Ang tao ay may kakayahang hadlangan ang Espiritu ng Dios; ang kakayahan ng pagpili ay nasa kanila. Sila ay may kalayaan sa pagkilos. Maaaring sila ay masunurin sa pamamagitan ng pangalan at biyaya ng ating Manunubos, o maaaring sila ay masuwayin, at nauunawaan ang mga kapinsalaan. Ang tao ay may pananagutan sa pagtanggap o pagtangi sa sagrado at walang hanggang katotohanan. Ang Espiritu ng Dios ay patuloy sa pagpapaunawa, at ang mga kaluluwa ay nagpapasya para sa o laban sa katotohanan.”—Testimonies for the Church, vol. 3, pp. 427, 428

- b. Ano ang sinabi ni Jesus sa Kanyang Ama tungkol sa paniniwala ng mga apostol? Juan 17:8. Paano ang mga salitang ito naaangkop sa atin ngayon?

“[Sinipi ang Juan 17:3, 8.] Narito ang gawaing inilalahad sa ating harapan, ang maging mga kinatawan ni Kristo, tulad Niya sa ating sanglibutan ay naging kinatawan ng Ama. Dapat nating ituro ang mga salitang ibinigay sa atin sa mga aral ni Cristo. . . . Tayo ay nasa katuparan ng panahon ng pagbabayad-sala (day of atonement), hindi lamang natin ipagpapakumbaba ang ating mga puso sa harapan ng Dios at ipagtatapat ang ating mga kasalanan, kundi tayo ay, sa pamamagitan ng ating kaloob sa pagtuturo, na pagsikapang maturuan ang mga nakakasalamuha natin, at dalhin sila sa pamamagitan ng prinsipyo at halimbawa upang makilala ang Diyos at si Jesu-Kristo na Kanyang sinugo.”—Christian Education, p. 157.

- c. Para sa kaninong kapakanan, partikular, si Jesus nag-alay ng Kanyang panalangin sa Juan 17? Juan 17:9, 20.

“[Si Kristo] ay namamagitan para sa pinakamababa, pinaka-naaapi at naghihirap, para sa mga lubos na sinusubok at tinutukso.”—Our High Calling, p. 49.

- a. Paano si Jesus niluwalhati sa pamamagitan ng Kanyang mga alagad? Juan 17:10, 11. Ano ang kinakailangan upang ang gawaing ito ay maisagawa?

“Si Kristo ay idinisenyo na ang kaayusan ng langit, ang plano ng pamahalaan ng langit, ang banal na pagkakaisa ng langit, ay mailarawan sa Kanyang iglesia sa lupa. Sa gayon sa Kanyang bayan Siya ay niluluwalhati. Sa pamamagitan nila ang Araw ng Katuwiran ay sisinag ng hindi nagbabagong ningning sa sanglibutan. . . . Ang iglesia, na pinagkalooban ng katuwiran ni Kristo, ay ang Kaniyang imbakan, kung saan ang mga kayamanan ng Kaniyang awa, ng Kaniyang biyaya, at Kaniyang pag-ibig, ay mahahayag nang lubusan at huling pagpapakita. Si Kristo ay inaasam sa Kanyang bayan ang kanilang kadalisan at kasakdalan, bilang gantimpala ng Kanyang kahihiyan, at karagdagan sa Kanyang kaluwalhatian—si Kristo, ang dakilang Sentro, kung kanino nagmumula ang lahat ng kaluwalhatian.” – *The Desire of Ages*, p. 680.

“Tanging kung sila lamang ay kaisa ni Kristo maaaring ang mga alagad ay umasa na magkaroon ng pumapatnubay na kapangyarihan ng Banal na Espiritu at ng pakikipagtulungan ng mga anghel sa langit. Sa tulong ng mga banal na ahensyang ito sila ay maaaring magpakita sa harap ng sanlibutan ng nagkakaisang paninindigan at magtatagumpay sa labanan na napipilitan silang makipaglaban nang walang tigil laban sa mga kapangyarihan ng kadiliman. Habang sila ay dapat na magpatuloy sa paggawa ng nagkakaisa, ang mga makalangit na mensahero ay pupunta sa harapan nila, binubuksan ang daan, ang mga puso ay inihahanda para sa pagtanggap ng katotohanan, at marami ang maililigtas kay Kristo. Hangga’t sila ay nananatiling nagkakaisa, ang iglesia ay susulong na ‘maganda na parang buwan, maliwanag na parang araw, at kakilakilabot na parang hukbo na may mga watawat.’ Awit ni Solomon 6:10. Walang makakapigil sa kanyang patuloy na pagsulong. Ang iglesia ay susulong na tagumpay at magtatagumpay, maluwalhating gaganapin ang kaniyang banal na misyon ng pagpapahayag ng ebanghelyo sa sanglibutan.”—*The Acts of the Apostles*, pp. 90, 91.

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL**Biy, Set 5**

1. Paano ang personal na kaalaman kay Kristo makakaapekto sa aking kahahantungan?
2. Sa anong mga pamamaraan ang aking Kristiyanong karanasan maaaring magamit bilang kasangkapang pang-edukasyon sa mga kamay ng Diyos?
3. Ano ang maaari kong gawin upang lubusang maluwalhati si Kristo?
4. Sa ilalim ng anong mga kalagayan si Jesus ay nanalangin sa huling pagkakataon kasama ng Kanyang mga alagad?
5. Ipaliwanag ang mga dahilan ng unang pagparito ni Kristo.

Si Kristo ay Idinadalangin ang Kanyang mga Alagad (2)

SAULUHING TALATA: “At ipinakilala ko sa kanila ang iyong pangalan, at ipakikilala ko; upang ang pagibig na sa akin ay iniibig mo ay mapasa kanila, at ako’y sa kanila” (Juan 17:26).

Iminumungkahing Babasahin:

The Sanctified Life, pp. 61–69.

“Bilang isang itinalagang dakilang saserdote Siya ay namamagitan para sa Kanyang bayan. Bilang isang matapat na pastor ay tinitipon Niya ang Kanyang kawan sa ilalim ng lilim ng Makapangyarihan sa lahat, sa matatag at nakatitiyak na kanlungan. Para sa Kanya ay mayroong naghihintay na huling pakikipaglaban kay Satanas, at Siya ay humayo upang harapin ito.” —*The Desire of Ages*, p. 680.

1. NAGKAKAISA KAY CRISTO

Lin, Set 7

a. Anong puntong napakahalaga sa tagumpay ng iglesia ang paulit-ulit na binanggit ni Jesus sa Kanyang namamagitang panalangin? Juan 17:11 (huling bahagi), 21–23.

“[Si Kristo] ay idinadalangin na ang Kanyang mga alagad ay maging isa, na gaya naman Niya at ng Ama ay iisa; at ang pagkakaisang ito ng mga mananampalataya ay magiging patotoo sa sanlibutan na Siya ang nagsugo sa atin, at dapat tinataglay natin ang katibayan ng Kanyang biyaya.”—*My Life Today*, p. 252.

“Kung tayo ay lalapit sa Diyos, bawat isa, kung gayon hindi mo ba nakikita kung ano ang magiging resulta? Hindi mo ba nakikita na tayo ay magiging malapit sa isa’t isa? Hindi tayo maaaring lumapit sa Diyos, at makarating sa parehong krus, nang hindi pinagsasama ang ating mga puso sa sakdal na pagkakaisa.”—*Our High Calling*, p. 96.

b. Paano ang pagkakaisa ng iglesia makakamit at mapapanatili? 1 Juan 1:7.

“Ang pagkakaisa ng mga mananampalataya kay Kristo ay magiging isang likas na resulta na hahantong sa pakikipagkaisa sa isa’t isa, na kung saan ang bigkis ng pagkakaisa ay ang pinakamananatili sa lupa. Tayo ay kaisa kay Kristo, gaya naman ni Kristo na kaisa ng Ama. Ang mga Kristiyano ay mga sanga, at tanging mga sanga lamang, sa buhay na Puno ng ubas.” —*Testimonies for the Church*, vol. 5, p. 47.

a. Ano ang sinasabi ni Kristo tungkol sa Kanyang mga alagad at sa sanglibutan? Juan 17:13, 14. Bakit sila inuusig ng sanglibutan?

“Ang mga sinaunang Kristiyano ay tunay na natatanging bayan. Ang kanilang walang kapintasang pag-uugali at hindi natitinag na pananampalataya ay isang patuloy na pagsaway na nakakagambala sa kapayapaan ng makasalanang. Bagama’t kakaunti ang bilang, walang kayamanan, posisyon, o marangal na mga katungkulan, sila ay kinatatakutan ng mga gumagawa ng kasamaan saanman ang kanilang pag-uugali at mga doktrina ay nalalaman. Kaya’t sila ay kinasusuklaman ng masasama, gaya ni Abel na kinasuklaman ng hindi maka-Dios na si Cain. Sa parehong dahilan pinatay ni Cain si Abel, na gagawin ng mga nagsisikap na alisin ang pagpipigil ng Banal na Espiritu, upang patayin ang bayan ng Dios. Ito ay ang parehong dahilan nang ang mga Hudyo ay tinanggihan at ipinako sa krus ang Tagapagligtas—sapagkat ang kadalisan at kabanalan ng Kanyang katangian ay isang patuloy na pagsaway sa kanilang pagkamakasariili at kasamaan. Mula sa panahon ni Kristo hanggang ngayon ang Kanyang mga matapat na mga alagad ay napupukaw ang galit at pagsalungat ng mga umiibig at sumusunod sa mga daan ng kasalanang.”—The Great Controversy, p. 46.

b. Ano ang plano ng Diyos para sa Kanyang mga anak sa gitna ng mga impluwensya ng sanlibutan? Juan 17:15, 16.

“Sa pamamagitan ng Kanyang sariling halimbawa ang Tagapagligtas ay nagpakita na ang Kanyang mga tagasunod ay maaaring nasa sanlibutan subali’t hindi taga-sanlibutan. Siya ay naparito hindi upang makibahagi sa mga mapanlinlang na kasiyahan nito, upang maimpluwensyahan ng mga kaugalian nito, at sundin ang mga gawain nito, kundi upang gawin ang kalooban ng Kanyang Ama, upang hanapin at iligtas ang nawaglit. Sa layuning ito sa kanyang harapan ang Kristiyano ay maaaring makapanindigan na hindi nahahawahan ng alinmang mga kapaligiran. Anoman ang kaniyang katayuan o kalagayan, mataas o mababa, siya ay magpapakita ng kapangyarihan ng tunay na relihiyon sa matapat na pagganap ng tungkulin.”—The Acts of the Apostles, p. 467.

“Ang sanglibutan ay wala pang sapat na tunay na mga Kristiyano; ang iglesia ay kinakailangan sila; ang lipunan ay hindi sila kaaawan. Ang panalangin ni Kristo para sa Kanyang mga alagad ay: ‘Hindi ko idinadalangin na alisin Mo sila sa sanglibutan, kundi ingatan Mo sila sa masasama.’ Nalalaman ni Jesus na tayo ay nasa sanlibutan, na nakalantad sa mga tukso nito, subali’t tayo ay iniibig Niya at bibigyan Niya tayo ng biyaya upang magtagumpay sa nakakasamang mga impluwensya. Nais Niya sa atin ang sakdal na pag-uugali, upang ang pagkasuwail ay hindi magkaroon ng pagkakataon na magdulot ng moral na depekto sa iba.”—Testimonies for the Church, vol. 5, p. 334.

a. Ano ang nagagawa ng katotohanan para sa mga nakakaalam at sumusunod dito? Juan 8:32; 17:17.

“Kapag tinatanggap sa puso, ang lebadura ng katotohanan ang magsasaayos ng mga pagnanasa, magpapadalisa sa mga kaisipan, at magpapatamis ng disposisyon. . . . “Ang salita ng Diyos ay magkaroon ng nakapagpapabanal na epekto sa ating pakikisalamuha sa bawat kaanib ng pamilya ng tao. Ang lebadura ng katotohanan ay hindi magbubunga ng espiritu ng pakikipagpaligsahan, ang pag-ibig sa ambisyon, ang pagnanais na maging nangunguna. Totoo, ang pag-ibig na ipinanganak ng langit ay hindi makasarili at pabago-bago. Ito ay hindi nakasalalay sa papuri ng tao. Ang puso niya na tumatanggap ng biyaya ng Diyos ay nag-uumpaw ng pag-ibig para sa Dios at para sa mga pinagkamatayan ni Cristo. Ang sarili ay hindi nagsusumikap para sa pagpapahalaga. Hindi nila iniibig ang iba dahil iniibig at pinaluluguran nila siya, dahil pinahahalagahan nila ang kanyang kabutihan, kundi dahil sila ay biniling pag-aari ni Cristo. Kung ang kaniyang mga motibo, pananalita, o mga pagkilos ay hindi nauunawaan, mali ang pakahulugan, hindi siya nasasaktan, kundi ipinagpapatuloy ang kalmadong diwa ng kaniyang pamamaraan. Siya ay mabait, at maalalahanin, mapagpakumbaba sa kaniyang opinyon ng kaniyang sarili, subali’t puno ng pag-asa, palaging nagtitiwala sa awa at pag-ibig ng Dios.”—Christ’s Object Lessons, pp. 100, 101.

b. Paano ang katotohanan ipinaliwanag? Awit 119:142.

“Ang katotohanang ayon kay Jesus ay ang pagsunod sa bawat utos ni Jehova. Ito ay gawain ng puso. Ang pagpapabanal ng Bibliya ay hindi ang huwad na pagpakabanal na hindi nagsasaliksik sa Kasulatan, ngunit nagtitiwala sa magandang pakiramdam at mga likas na damdamin sa halip na sa paghahanap ng katotohanan gaya ng nakatagong kayamanan. Ang pagpakabanal sa Biblia ay aakayin ang nagtataglay nito na alamin ang mga hinihiling ng Dios at sundin ang mga ito.”—Lift Him Up, p. 152.

c. Paano tayo mapapabanal sa pamamagitan ng katotohanan? Juan 17:19; 16:13 (unang bahagi).

“Ipinahayag ni Kristo na Kanyang pinabanal ang Kanyang sarili, upang tayo rin ay mapabanal. Kinuha Niya sa Kanyang sarili ang ating likas, at naging isang huwaring walang kapintasan para sa mga tao. Siya ay hindi nakagawa ng pagkakamali, upang tayo rin ay maging mga matagumpay, at makapasok sa Kanyang kaharian bilang mga mananagumpay. Siya ay nanalangin na tayo ay mapabanal sa pamamagitan ng katotohanan. Ano ang katotohanan? Ipinahayag Niya, ‘Ang salita mo’y katotohanan.’ Ang Kaniyang mga alagad ay dapat mapabanal sa pamamagitan ng pagsunod sa katotohanan.”—My Life Today, p. 252.

a. Paano natin malalaman na isinasama tayo ni Kristo sa Kanyang panalangin ng pamamagitan? Juan 17:20.

“Lahat ng naging papel ni Kristo para sa mga alagad, ay ninanais Niya para sa Kanyang mga anak ngayon.”—*Steps to Christ*, p. 75.

“Ang mga tinubos ni Kristo ay Kanyang mga hiyas, ang Kanyang mahalaga at natatanging kayamanan.”—*Testimonies for the Church*, vol. 6, p. 309.

b. Anong katiyakan ang mayroon tayo na ang pangangalaga ni Kristo, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ay nasa atin ngayon? Juan 14:16.

“Ang mga salitang ipinahayag sa mga alagad ay ipinapahayag din sa atin. Ang Mang-aaliw ay nasa atin at gayundin sa kanila. Ang Espiritu ay nagkakaloob ng kalakasan na umaalalay sa nagsusumikap, nakikipagbuno na mga kaluluwa sa bawat kagipitan, sa gitna ng pagkapoot ng sanlibutan, at ng pag-unawa ng kanilang sariling mga kabiguan at pagkakamali. Sa kalungkutan at paghihirap, kapag ang pananaw ay tila madilim at ang hinaharap ay nakakalito, at nararamdaman natin na wala tayong magawa at nag-iisa—may mga panahon na, bilang sagot sa panalangin ng may pananampalataya, ang Banal na Espiritu ay nagdudulot ng kaaliwan sa puso.”—*The Acts of the Apostles*, p. 51. “Sa oras ng pinakamatinding pangangailangan, kapag ang panghihina ng kalooban ay nananaig sa kaluluwa, sa panahong iyon ang mapagbantay na mata ni Jesus ay nakikita na kinakailangan natin ang Kanyang tulong. Ang panahon ng pangangailangan ng tao ay ang pagkakataon ng Diyos. Kapag ang lahat ng tulong na mula sa tao ay nagkulang, sa panahong iyon si Jesus ay darating upang tulungan tayo, at ang Kanyang presensya ay magtatagayong ng kadiliman at itataas ang ulap ng kalungkutan.” —*Testimonies for the Church*, vol. 4, p. 530.

c. Anong pagnanais ang ipinakita ni Jesus para sa Kanyang bayan sa pagtatapos ng Kanyang panalangin? Juan 17:24.

“Bago inilatag ang mga pundasyon ng lupa, ang Ama at ang Anak ay nagkaiisa sa isang tipan upang tubusin ang tao kung siya ay madadaig ni Satanas. Pinaglakip nila ang Kanilang mga kamay sa isang solemneng pangako na si Kristo ay magiging tagapanagot para sa sangkatauhan. Ang pangakong ito ay tinupad ni Kristo.” —*The Desire of Ages*, p. 834.

a. Paano natin ipapakilala ang Ama sa pamamagitan ni Kristo? Juan 17:25, 26.

“Si Kristo ay ipinahayag ang Kanyang sarili na sinugo sa sanlibutan bilang kinatawan ng Ama. Sa kadakilaan ng Kaniyang pag-uugali, sa Kanyang awa at pagkamahabagin, sa Kanyang pag-ibig at kabutihan, Siya ay nakatayo sa harapan natin bilang huwaran ng banal na kasakdalan, ang larawan ng hindi nakikitang Diyos.” —Testimonies for the Church, vol. 5, p. 739.

b. Anong pinatutuonan ng pansin ang dapat nating laging panatilihin sa buhay? Jeremias 9:23, 24.

“Lahat ng pagmamataas ng kabutihan sa ating sarili ay hindi nararapat.

“Ang utos ay hindi, Siya na lumuluwalhati ay magmapuri sa kanyang sarili, kundi sa Diyos. . . . Kung gayon, walang batayan para sa mga tao na magkaroon ng kaluwalhatian sa kanilang sarili. Para sa bawat pagpapala na kanilang tinatamasa, para sa bawat mabuting katangian na kanilang tinataglay, sila ay may pagkakautang sa biyaya ni Kristo. Walang sinuman ang dapat magtaas ng kanilang sarili na nagtataglay ng karunungan o katuwiran.

“Yaong mga may pinakamalalim na karanasan sa mga bagay ng Diyos, ay ang pinakamalayo mula sa kapalaluan o pagmamataas sa sarili. Sila ay may pinaka-mapagpakumbabang pag-iisip sa sarili, at may pinakamarangal na pagkaunawa sa kaluwalhatian at kadakilaan ni Kristo. . . . Kapag ang ating mga mata ay nakatuon sa langit, at may malinaw na pananaw sa katangian ni Cristo, ating dadakilain ang Panginoong Dios sa ating mga puso.

“Habang ang isang tao ay nalalaman ang kasaysayan ng Manunubos, natutuklasan niya sa kanyang sarili mismo ang mga malubhang depekto; ang kanyang hindi pagkakatulad kay Kristo ay napakalaki na nakikita niya ang pangangailangan para sa lubusang pagbabago sa kanyang buhay. Lalo pa siyang nag-aaral na may pagnanais na maging katulad ng kanyang dakilang Huwaran.”—Sons and Daughters of God, p. 235.

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL**Biy, Set 12**

1. What can I do to promote unity among the brethren?
2. How can I benefit from Christ's prayer in behalf of His disciples?
3. In what ways can I develop a deeper knowledge of the name of God?
4. Explain Christ's saying: "They are not of the world."
5. Summarize the biblical definitions of "truth."

Ang Pagsasakdal kay Kristo

SAULUHING TALATA: “Sinabi nga ni Jesus kay Pedro, Isalong mo ang iyong tabak: ang sarong sa akin ay ibinigay ng Ama, ay hindi ko бага iinuman?” (Juan 18:11).

Iminumungkahing Babasahin: *Early Writings*, pp. 165–168.

“Ang nakakakilabot na sandali ay dumating na—ang sandaling iyon na magpapasya sa kahahantungan ng sanglibutan.”—*The Desire of Ages*, p. 690.

1. ISANG SOLEMNENG SANDALI

Lin, Set 14

a. Nang matapos ni Jesus sa Kanyang panalangin ng pamamagitan, saan Siya pumunta kasama ang Kanyang mga alagad, at para sa anong layunin? Juan 18:1; Mateo 26:36.

b. Sa panawagan sa tatlong alagad na samahan Siya, anong kahilingan ang ginawa ng Panginoon, at bakit? Marcos 14:33, 34.

“Layunin ni [Satanas] na palakihin ang kasamaan sa napakalaking sukat, na maaari nitong gawing tila imposible ang pagtubos, upang ang Anak ng Diyos, na nagsisikap na iligtas ang nahulog na sanglibutan, ay madurog sa ilalim ng sumpa ng kasalanan. Ang pagkilos ng mapagbantay na kalaban sa pagpapakita kay Kristo ng malawak na sukat ng pagsalangsang, ay nagdulot ng matinding sakit na nadama Niya na hindi Siya maaaring manatili nang malapit sa harapan ng sinumang tao. Hindi Niya kaya na maging ang Kanyang mga alagad ay masaksihan ang Kanyang paghihirap habang pinagmamasdang mabuti ang kapighatian ng sanlibutan. Kahit na ang Kanyang pinakamamahal na mga kaibigan ay dapat na hindi Niya kasama. Ang tabak ng katarungan ay nahugot, at ang poot ng Diyos laban sa kasamaan ay napunta sa kahalili ng tao, si Jesu-Kristo, ang bugtong ng Ama.” — *The SDA Bible Commentary*. G. White Comments], vol. 5, pp. 1102, 1103.

a. Ano ang kahulugan ng unang panalangin ni Kristo sa Getsemani? Marcos 14:35, 36.

“Si Kristo ay nalalagay ngayon sa naiibang kalagayan mula sa kung saan ang Kaniyang kinatatayuan noon. Ang Kanyang pagdurusa ay mailalarawan na pinakam-abuti sa mga salita ng propeta, ‘Gumising ka, Oh tabak, laban sa pastor Ko, at laban sa lalake na Aking kasama, sabi ng Panginoon ng mga hukbo.’ Zacarias 13:7. Bilang kahalili at tagapanagot ng makasalanang tao, si Kristo ay nagtitiis sa ilalim ng banal na katuwiran. Nakita Niya kung ano ang kahulugan ng katuwiran. Sa simula pa Siya ay naging tagapamagitan para sa iba; ngayon Siya ay nag-aasam na magkaroon ng tagapamagitan para sa Kanyang sarili.

“Nang si Kristo ay naramdaman na ang Kanyang pagkakaugnay sa Ama ay naputol, Siya ay natakot na sa Kanyang pagiging tao ay hindi Niya makayanang tiisin ang paparating na pakikibaka sa mga kapangyarihan ng kadiliman. Sa ilang ng tukso ang kahahantungan ng sangkatauhan ay nakataya. Si Kristo noon ay naging mananagumpay. Ngayon ang manunukso ay dumating para sa huling nakakatakot na pakikibaka. Dahil dito siya ay naghahanda sa tatlong taon ng ministeryo ni Kristo. Lahat ng bagay ay nakataya sa kanya. Kung siya ay mabibigo dito, ang kaniyang tagumpay ay mawawala; ang mga kaharian sa sanglibutan sa huli ay magiging kay Kristo; siya mismo ay ibabagsak at palalayasin. Subali’t kung si Kristo ay matatalo, ang lupa ang magiging kaharian ni Satanas, at ang sangkatauhan ay magiging kaniyang kapangyarihan magpakailanman. Sa mga hamon sa pakikipagtunggali na nasa Kaniyang harapan, ang kaluluwa ni Kristo ay napuno ng pagkatakot ng pagkakahiwalay mula sa Dios.”—The Desire of Ages, pp. 686, 687.

b. Sa pagbabalik mula sa Kanyang matinding paghihirap sa pananalangin, sa anong kalagayan nadatnan ni Jesus ang Kanyang mga alagad? Anong pag-saway ang ibinigay Niya sa kanila? Marcos 14:37, 38.

“Tumayo nang may matinding paghihirap, Siya ay pahapay-hapay patungo sa lugar kung saan Niya iniwan ang Kanyang mga kasama. Ngunit ‘sila’y Kaniyang naratnang nangatatutug.’ Kung nakita Niya silang nananalangin, Siya sana ay mapapagaan ang kalooban. Kung sila sana ay naghahanap ng kanlungan sa Diyos, ang mga makadiablong ahensyang iyon ay hindi mananaig sa kanila, Siya sana ay maaaliw ng kanilang matatag na pananampalataya. Subali’t hindi nila pinakinggan ang paulit-ulit na babala, ‘Mangagpuyat at magsipanalangin.’ Sa unang pagkakataon sila ay nababagabag na makita ang kanilang Panginoon, na kadalasang napaka-kalmado at kagalang-galang, na nakikipagbuno sa kalungkutang mahirap maunawaan. Sila ay nanalangin nang marinig nila ang matinding pagtangis ng nagdurusa. Hindi nila sinadyang iwan ang kanilang Panginoon, subali’t sila ay tila paralisado dahil sa pagkatulala na maaari sanang maalog kung sila ay nagpatuloy sa pagsusumamo sa Dios. Hindi nila naunawaan ang kahalagahan ng pagbabantay at taimtim na pananalangin upang mapaglabanan ang tukso.”—Ibid., p. 688.

- a. Ano ang ikalawang panalangin ni Kristo, at ano ang ginagawa ng mga alagad? Mateo 26:42, 43. Anong propesiya ang natupad noon? Isaias 52:14.

“Sa ilang sandali, si Jesus ay nakatayo tulad ng isang matatag na sedro, na napagtiisan ang unos ng pagsalungat na gumugol ng matinding galit nito sa Kanya. Ang matitigas na kalooban, at ang mga pusong puno ng masasamang hangarin at katusuhan, ay nagsumikap nang walang kabuluhan upang lituhin at madaig Siya. Siya ay nakatayo sa marilag na kabanalan bilang Anak ng Diyos. Ngayon Siya ay tulad ng isang tambo na hinampas at binabali ng nagnangalit na unos. Siya ay napakalapit na sa katuparan ng Kaniyang gawain na isang mananagumpay, na sa bawat hakbang ay nakamit Niya ang tagumpay laban sa mga kapangyarihan ng kadiliman. Bilang isa na niluwalhati na, Siya ay nag-aangkin ng pakikipagkaisa sa Diyos. Sa hindi natitinag na tinig Siya ay nag-alay ng Kanyang mga awit ng papuri. Siya ay nagpahayag sa Kanyang mga alagad sa pananalita ng may katatagan at pagkahabag. Ngayon ay dumating na ang oras ng kapangyarihan ng kadiliman. Ngayon ang Kaniyang tinig ay naririnig sa tahimik na hangin sa gabi, hindi sa tinig ng pagtagumpay, kundi puno ng pagdadalamhati ng isang tao.”—The Desire of Ages, pp. 689, 690.

- b. Paano ang Anak ng Diyos naaliw sa panahon ng kritikal na oras na iyon? Lucas 22:43. Sa anong mga salita inihula ni Isaias ang tungkol sa pagdadalamhati at kaaliwan ni Kristo? Isaias 53:11.

“Sa nakakakilabot na krisis na ito, nang ang lahat ay nakataya, nang ang mahiwagang saro ay nanginig sa kamay ng nagdurusa, ang langit ay nabuksan, ang liwanag ay suminag sa gitna ng mabagsik na kadiliman sa oras ng krisis, at ang makapangyarihang anghel na nakatayo sa harapan ng Diyos, na humahawak na ng posisyon kung saan nahulog si Satanas, ay dumating sa tabi ni Kristo. Ang anghel ay dumating hindi upang kunin ang saro mula sa kamay ni Kristo, kundi upang palakasín Siya na inumin ito, na may katiyakan ng pag-ibig ng Ama. Siya ay dumating upang magbigay kapangyarihan ng pag-ibig ng Ama, Siya ay naparito upang magbigay ng kapangyarihan sa banal na tao na nagsusumamo. Itinuro niya Siya sa nakabukas na langit, na nagsasabi sa Kanya tungkol sa mga kaluluwa na maaaring mailigtas bilang bunga ng Kanyang mga paghihirap. Tininyak niya sa Kanya na ang Kaniyang Ama ay higit na dakila at higit na makapangyarihan kaysa kay Satanas, na ang Kaniyang kamatayan ay magdudulot ng lubos na pagkabalisa kay Satanas, at ang kaharian ng sanglibutang ito ay ibibigay sa mga banal ng Kataastaasan. Sinabi niya sa Kanya na Siya’y makakakita ng pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa at masisiyahan, sapagka’t makikita Niya ang napakaraming tao na naligtas, walang hanggang ligtas.”—Ibid., pp. 693, 694.

- a. Sino ang namuno sa pulutong na humuli kay Hesus? Juan 18:2-5.
- b. Ano ang nangyari sa galit na mga tao nang ipakilala ni Jesus ang Kanyang sarili sa kanila? Juan 18:6.

“Walang mga bakas ng Kanyang hindi pa natatagalang paghihirap ang nakita nang humakbang si Jesus upang harapin ang nagkanulo sa Kanya. Nakatayo sa unahan ng Kanyang mga alagad Sinabi Niya, ‘Sino ang inyong hinahanap?’ Sumagot sila, ‘Si Jesus na taga-Nazaret.’ Sinabi sa kanila ni Jesus, ‘Ako nga.’ Habang binibigkas ang mga salitang ito, ang anghel na hindi pa natatagalan na naglingkod kay Jesus ay kumilos sa pagitan Niya at ng mga tao. Sa presenya ng banal na kaluwalhatian ng ito, ang mga marahas na mga tao ay nalugmok ng ilang sandali. Sila ay umurong. Ang mga saserdote, mga matatanda, mga kawal, at kahit si Judas, ay nalugmok tulad ng patay na tao sa lupa.

“Ang anghel ay umurong, at ang liwanag ay naglaho. Si Jesus ay may pagkakataong makatakas, subali’t Siya ay nanatili, kalmado at mahinahon. Bilang isa na niluwalhati Siya ay tumayo sa gitna ng mabagsik na pulutong na iyon, ngayon ay nakalugmok at walang magawa sa Kanyang paanan. Ang mga alagad ay tumingin, tahimik na may pagkamangha at paghanga.” —The Desire of Ages, p. 694.

- c. Paano naapektuhan ng pagtatraidor ni Hudas ang mga karamihan—at nang kaamuan ni Jesus na hindi naunawaan ni Pedro? Juan 18:7-10; Lucas 22:47-50.

“Ang karamihan ay naging matapang nang makita nilang hinawakan ni Judas ang Kaniyang katauhan na hindi pa natatagalan ay niluwalhati sa harapan ng kanilang mga mata. Hinawakan nila si Jesus, at patuloy na ginapos ang mga napakahahalagang kamay na ginamit sa paggawa ng mabuti.

“Ang mga alagad ay inisip na hindi hahayaan ng kanilang Guro ang Kanyang sarili na hulihin. Sapagkat ang parehong kapangyarihang nagpabagsak sa karamihan na tulad ng mga patay na tao ay makapagpapanatili sa kanila na walang magagawa, hanggang si Jesus at ang Kanyang mga kasamahan ay makatakas. Sila ay nabigo at nagalit nang makita nila ang mga panaling dinala upang igapos ang Kaniyang mga kamay na kanilang minamahal. Si Pedro sa kanyang galit ay kaagad na kinuha ang kaniyang tabak at sinubukang ipagtanggol ang kaniyang Panginoon, subali’t tinagpas lamang niya ang tainga ng alipin ng pangulong saserdote.”—Ibid., p. 696.

- a. Ilarawan ang pag-ibig na may pagtitiis na ipinakita ni Jesus sa oras ng pag-dakip sa Kanya. Mateo 26:51–53; Lucas 22:50, 51. Paano ito tiningnan ng Langit?

“Ang mga alagad ay nakaramdam ng pag-asa nang makita nilang ang karamihan kasama ng kanilang mga tungkod at sandata na napakabilis na nalugmok. Nang sila ay tumindig at muling pinalibutan ang Anak ng Diyos, si Pedro ay binunot ang kanyang tabak at sinugatan ang isang alipin ng pangulong saserdote at tinagpas ang isang tainga. Inutusan siya ni Jesus na isalong ang tabak, na sinasabi, ‘Inaakala mo baga na hindi Ako makapamamanhik sa Aking Ama, at padadalhan niya Ako ngayon din ng mahigit sa labingdalawang pulutong na mga anghel? Nakita ko na habang binibigkas ang mga salitang ito, ang mga mukha ng mga anghel ay nabuhayan ng pag-asa. Ninais nila noon at doon na palibutan ang kanilang Pinuno at itaboy ang galit na karamihan. . . . Ang mga puso ng mga alagad ay nanghina sa kawalan ng pag-asa at mapait na pagkabigo, habang si Jesus ay nagtitiis sa Kaniyang sarili na madala papalayo ng Kaniyang mga kaaway.

“Ang mga alagad ay natakot para sa kanilang sariling buhay, at lahat sila ay iniwan Siya at tumakas. Si Jesus ay naiwan na nag-iisa sa mga kamay ng mabagsik na mga tao. Oh, anong tagumpay ni Satanas noon! At anong pagkahapis at kalungkutan sa mga anghel ng Diyos! Maraming pulutong ng mga banal na anghel, bawat isa ay may isang mataas na nag-uutos na anghel na kanilang pangulo, ay isinugo upang saksihan ang kaganapan. Sila ay kailangang itala ang lahat ng pag-alipusta at kalupitan na ipinataw Anak ng Diyos, at itala bawat matinding sakit ng pagdalamat na pagtitiisan ni Jesus; sapa-gkat ang mismong mga tao na kasama sa nakakakilabot na kaganapang iyon ay makikitang muli ang lahat ng ito sa totoong buhay na mga kaganapan.”—Early Writings, pp. 167, 168.

- b. Ano ang dapat matutunan ng lahat ng nagpapahayag kay Kristo mula sa payo ng Panginoon kay Pedro? Juan 18:11; 1 Juan 3:15.

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL**Biy, Set 19**

1. Anong panawagan ni Kristo sa mga alagad ang lalong may kabuluhan para sa akin?
2. Paano ang karanasan ng Panginoon sa Getsemani makakaapekto sa akin?
3. Paano ko maiiwasan ang uri ng reaksiyong ipinakita ni Pedro nang hulihin si Jesus?
4. Ano ang pangunahing dahilan ng matinding paghihirap ni Kristo?
5. Ano ang naging reaksiyon ng karamihan sa harapan ng makalangit na kauwalhatian?

Si Simon Pedro

SAULUHING TALATA: “At sinabi ng Panginoon, Simon, Simon, narito, hiningi ka ni Satanas upang ikaw ay maliglig niyang gaya ng trigo: Datapuwa’t ikaw ay ipinamanhik ko, na huwag magkulang ang iyong pananampalataya; at ikaw, kung makapagbalik ka nang muli, ay papagtibayin mo ang iyong mga kapatid” (Lucas 22:31, 32).

Iminumungkahing Babasahin:

Testimonies for the Church, vol. 5, pp. 331–336.

“Dahil sa pagiging-sapat sa sarili kaya si Pedro ay nahulog; at ito ay sa pama-magitan ng pagsisisi at pagpapakumbaba na ang kanyang mga paa ay muling naitatag.”—Christ’s Object Lessons, p. 155.

1. ANG UGALI NI PEDRO

Lin, Set 21

a. Noong unang lumapit si Simon kay Jesus, ano ang sinabi sa kanya ng Guro? Juan 1:42. Ano ang nalalaman natin sa ugali ni Pedro bago siya nahikayat?

“Ang mata ni Kristo ay nakatuon kay [Pedro], binabasa ang kanyang ugali at kasaysayan ng kanyang buhay. Ang kanyang mapusok na likas, ang kanyang pusong mapagmahal at may malasakit, ang kanyang ambisyon at pagtitiwala sa sarili, ang kasaysayan ng kanyang pagkahulog, kanyang pagsisisi, kanyang mga pagpapagal, at kanyang martir na kamatayan—ang Tagapagligtas ay nababasa ang lahat ng mga ito”—*The Desire of Ages*, p. 139.

“Iyon ay sa punto na kung saan inaakala niyang malakas ang kaniyang sarili na si Pedro ay mahina; at hanggang hindi niya nakikita ang kanyang kahi-naan ay hindi niya mauunawaan ang kanyang pangangailangan na umasa kay Kristo.”—*Ibid.*, p. 382.

b. Sa kabila ng kaniyang mga depekto, anong paanyaya ang inialok ni Jesus kay Pedro? Mateo 4:18, 19.

“Ito ay pagkatapos na makita ni Isaias ang kabanalan ng Diyos at nang pagiging hindi karapat-dapat ng kaniyang sarili nang siya ay pinagkatiwalaan ng banal na mensahe. Ito ay pagkatapos na si Pedro ay humantong sa pagtalikod sa sarili at umasa sa banal na kapangyarihan nang siya ay tumanggap ng panawagan sa kanyang gawain para kay Kristo.” - *Ibid.*, p. 246.

- a. Anong katotohanan ang nagpapakita na si Pedro ay maaaring magkamali tulad ng ibang tao, kahit na pagkatapos ng bautismo ng Banal na Espiritu sa araw ng Pentecostes? Galacia 2:11–14.

“[Si Pedro] ay nakuha ang pagtitiwala ng marami sa pamamagitan ng kanyang maingat na pag-ugali sa mga nahikayat na Gentil. Sa loob ng ilang panahon siya ay kumilos alinsunod sa liwanag na ibinigay mula sa langit. Mula noon ay napagtagumpayan na niya ang kanyang likas na pagtatangi sa pag-upo sa hapag kasama ng mga nahikayat na Gentil. Ngunit nang ang ilang mga Hudyo na masigasig para sa seremonyal na batas, ay dumating mula sa Jerusalem, si Pedro ay walang-ingat na binago ang kanyang pakikitungo sa mga nahikayat mula sa paganismo. Ang ibang mga Hudyo ay nangagpakunwari rin namang kasama niya: ano pa’t pati si Bernabe ay nabuyo sa kanilang pagkukunwari.’ Ang paghahayag na ito ng kahinaan sa bahagi ng mga iginagalang at minamahal bilang mga pinuno, ay nag-iiwan ng pinakamasakit na impresyon sa isipan ng mga mananampalatayang mga Gentil. Ang iglesia ay nanganganib na magkabaha-bahagi.” — The Acts of the Apostles, p. 198.

- b. Anong aral ang maaaring matututunan natin sa mga pagkakamali at pagbabago ni Pedro? Awit 145:14.

“Nakita ni Pedro ang pagkakamali kung saan siya nahulog, at agad na nagsimulang ayusin ang kasamaang nagawa, hanggang sa abot ng kanyang makakaya. Ang Diyos, na nakakaalam ng katapusan mula pa sa simula, ay pinahintulutan si Pedro na mahayag ang kahinaan ng pag-uugali upang ang sinubok na apostol ay makita na walang anumang bagay sa kanyang sarili na kaniyang maipagmamalaki. Maging ang pinakamahusay sa mga tao, kung hahayaan sa kanilang sarili, ay magkakamali rin sa pagpapasya. Ang Dios ay nakita rin na sa darating na panahon na ang ilan ay malililang na inaangkin para kay Pedro at sa kanyang mga nagkukunwaring kahalili ang mataas na kaukulang karapatan na pag-aari ng Diyos lamang. At ang kasaysayang ito ng kahinaan ng apostol ay mananatili bilang isang patunay ng kanyang pagkakamali at ng katotohanan na hindi siya nakakataas sa antas sa iba pang mga apostol.

“Ang kasaysayan ng pagtalikod na ito mula sa mga tamang mga prinsipyo ay nagsisilbing isang solemneng babala sa mga taong may posisyon ng pagtitiwala sa layunin ng Diyos, upang ang kanilang integridad ay hindi masira, kundi matatag na manindigan sa prinsipyo. Kung mas malaki ang mga responsibilidad na iniaatang sa tao, ay mas malaki ang kanyang mga pagkakataon na magdikta at magkontrol, at mas maraming kapinsalaan ang kanyang tiyak na magagawa kung hindi niya maingat na susundin ang paraan ng Panginoon at gumawa na kasang-ayon sa mga desisyong nagawa ng pangkabuuang katawan ng mananampalataya ng nagkakaisang kapulungan.”—Ibid., pp. 198, 199.

a. Ano ang sinabi ni Jesus tungkol sa pundasyon ng iglesia? Mateo 16:16–19.

“Ang katotohanang ipinahayag ni Pedro ay ang pundasyon ng pananampalataya ng mananampalataya. Ito ang ipinahayag ni Kristo Mismo na buhay na walang hanggan. Subali’t ang pagkakaroon ng kaalamang ito ay hindi naging batayan para sa pagluluwalhati sa sarili. Sa pamamagitan ng hindi karunungan o kabutihan ng kanyang sarili ay nahayag ito kay Pedro. Kailanman ang sangkatauhan, sa kanyang sarili, ay hindi makakamit ang kaalaman tungkol sa banalan. . . .

“Ang salitang Pedro ay nangangahulugan ng isang bato—isang gumugulong na bato. Si Pedro ay hindi ang batong buhay kung saan itinatag ang iglesia. Ang mga pintuan ng Hades ay nanaig laban sa kanya nang ipinagkaila niya ang kanyang Panginoon nang may panunungyaw at panunumpa. Ang iglesia ay itinayo sa Isa na laban kung kanino ang mga pintuan ng Hades ay hindi maaaring manaig.” —The Desire of Ages, pp. 412, 413

b. Tulad ni Pedro, ano ang ipinahayag ng ibang mga propeta at apostol tungkol sa tunay na pundasyon ng iglesia? Isaias 28:16; 1 Corinto 3:11; 1 Pedro 2:3–6.

“Sa presensya ng Diyos, at ng lahat ng makalangit na kinatawan, sa presensya ng hindi nakikitang hukbo ng Hades, si Kristo ay itinatag ang Kaniyang iglesia sa ibabaw ng Batong buhay. Ang Batong buhay na iyon ay Siya Mismo—Ang Kanyang sariling katawan, para sa atin na nadurog at nabugbog. Laban sa iglesiang itinayo sa pundasyong ito, ang mga pintuan ng Hades ay hindi mananaig. . . .

“Sa loob ng anim na libong taon, ang pananampalataya ay itinayo kay Kristo. Sa loob ng anim na libong taon ang mga baha at unos ng poot ng diablo ay humampas sa Batong buhay ng ating kaligtasan; subali’t ito ay hindi natitinag.

“Si Pedro ay ipinahayag na ang katotohanan ang pundasyon ng pananampalataya ng iglesia, at pinarangalan siya ngayon ni Jesus bilang kinatawan ng buong katawan ng mga mananampalataya. Sinabi niya, ‘Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit: at anomang iyong talian sa lupa ay tatalian sa langit; at anomang iyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit.’

“Ang mga susi ng kaharian ng langit’ ay ang mga salita ni Kristo. Ang lahat ng mga salita ng Banal na Kasulatan ay sa Kanya, at kasama rito. Ang mga salitang ito ay may kapangyarihang magbukas at magsara ng langit.” —The Desire of Ages, p. 413.

a. Ipaliwanag ang pinakamalaking depekto ng ugali ni Pedro. Marcos 14:27–29.

“Para sa bawat klase na kinakatawanan ng Pariseo at ng publikano ay may isang aral sa kasaysayan ni apostol Pedro. Sa kanyang maagang panahon ng pagiging alagad ni Pedro ay inisip niya na ang kanyang sarili ay malakas. Tulad ng Pariseo, sa kanyang sariling palagay siya ay ‘hindi ako gaya ng ibang mga tao.’ . . . Hindi nalalaman ni Pedro ang kanyang sariling panganib. Ang tiwala sa sarili ay nagligaw sa kaniya. Inakala niya na ang kaniyang sarili ay mapaglalabanan ang tukso; subali’t sa ilang panahon ang pagsubok ay dumating at may panunungayaw at panunumpa na ipinagkaila niya ang kanyang Panginoon.”—Christ’s Object Lessons, p. 152.

b. Paano ni Jesus pinakitunguhan ang mapangahas na alagad na ito? Lucas 22:31, 32.

“Nang ang pagtilaok ng manok ay nagpapaalala sa kanya ng mga salita ni Kristo, nagulat at nabigla sa kanyang ginawa siya ay lumingon at tumingin sa kanyang Guro. Sa sandaling iyon si Kristo ay tumingin kay Pedro, at sa ilalim ng malungkot na tinging iyon, kung saan ang habag at pag-ibig sa kanya ay pinaghalo, si Pedro ay naunawaan ang kanyang sarili. Siya ay lumabas at nanangis ng kapaitpaitan. Ang hitsurang iyon ni Kristo ang dumurog sa kanyang puso. Si Pedro ay dumating sa punto ng pagbabago at mapait na pinagsisihan ang kaniyang kasalanan. Siya ay tulad ng publikano sa kanyang pagsisisi, at tulad ng publikano siya ay nakatagpo ng awa. Ang tingin ni Kristo ay tumiyak sa kaniya ng pagpapatawad.

“Ngayon ang kanyang tiwala sa sarili ay nawala. Kailanman ay hindi na naulit ang dating mapagmataas na paninindigan.”—Christ’s Object Lessons, pp. 152–154.

c. Pagkatapos ng Kanyang muling pagkabuhay, ano ang itinanong ni Jesus kay Pedro? Juan 21:15–17. Bakit ito inulit ni Jesus nang tatlong beses—at paano si Pedro sumagot? Lucas 22:31, 32.

“[Si Pedro] ay hindi naparangalan si Kristo, at naranasan ang kawalan ng pagtitiwala ng kanyang mga kapatid. Inakala nila na hindi siya hahayaang makuha ang kanyang dating katungkulan sa kanila, at siya mismo ay nadama na nawala niya ang kaniyang tiwala. Bago siya muling tawagin sa kanyang gawain sa pagiging alagad, kinailangan niyang magbigay ng katibayan ng kanyang pagsisisi sa harap nilang lahat. Kung wala ito, ang kanyang kasalanan, bagaman pinagsisihan na niya, ay maaaring masira ang kaniyang impluwensya bilang ministro ni Kristo. Ang Tagapagligtas ay nagbigay ng pagkakataon upang mabawi ang pagtitiwala ng kaniyang mga kapatid, at, hanggat maaari, ay maalis ang kahihiyang idinulot sa ebanghelyo.” —The Desire of Ages, p. 811.

- a. Banggitin ang ilang mahahalagang katangian ng pagiging alagad. Colosas 1:10, 11; 3:12–14. Ano ang maaari nating matututunan sa paraan ng pakikitungo ni Kristo kay Pedro?

“Ang ebanghelyo ay hindi gumagawa ng pakikipagkompromiso sa kasamaan. Hindi nito maaaring ipagdahilan ang pagkakasala. Ang mga lihim na kasalanan ay dapat ipagtatapat ng sarilinan sa Diyos; subali’t, para sa hayag na kasalanan, ay hayagang pagtatapat ng kasalanan ang kinakailangan. Ang kahihiyang ng kasalanan ng alagad ay napupunta kay Kristo. Nagiging sanhi ito ng pagtaagumpay ni Satanas, at ang mga kaluluwang nag-aalinlangan ay natitisod. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng katunayan ng pagsisisi, ang alagad, hangga’t kanyang makakaya, ay dapat maalis ang kahihiyang ito. — *Desire of Ages*, p. 811.

“Ang paraan ng pakikitungo ng Tagapagligtas kay Pedro ay may aral para sa kanya at sa kanyang mga kapatid. Ito ay nagtuturo sa kanila na harapin ang nagkakasala nang may pagtitiis, pagdamay, at nagpapatawad na may pag-ibig. Bagama’t ikinaila ni Pedro ang kanyang Panginoon, ang pag-ibig na ibinigay sa kanya ni Jesus ay hindi kailanman nagbago. Gayon na lamang ang pag-ibig na dapat madama ng pastor para sa mga tupa at mga kordero na ipinagkatiwala sa kanyang pangangalaga. Isinasaalang-alang ang kaniyang sariling kahinaan at pagkakamali, si Pedro ay dapat pakitunguhan ang kaniyang kawan na kasing banayad gaya ni Kristo sa pakikitungo sa kaniya.

“Ang tanong na ibinigay ni Kristo kay Pedro ay makahulugan. Binanggit niya ang isang kundisyon lamang ng pagiging alagad at paglilingkod. ‘Iniibig mo бага Ako?’ Sinabi Niya. Ito ang kinakailangang katangian. Bagama’t si Pedro ay maaaring taglay ang lahat ng iba pa, subali’t kung wala ang pag-ibig ni Cristo ay hindi siya maaaring maging isang matapat na pastor sa kawan ng Panginoon. Ang kaalaman, kabutihan, kahusayan sa pagsasalita, pagpapasalamat, at kasigasigan ay lahat makakatulong sa mabuting paggawa; subali’t kung wala ang pag-ibig ni Jesus sa puso, ang gawain ng Kristiyanong ministro ay hindi magiging matagumpay.”—*Ibid.*, p. 815.

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL**Biy, Set 26**

1. Paano ako, tulad ni Pedro, ay maaaring nagkakamali sa pagpapalagay ng sarili kong pag-uugali?
2. Paano ko maiiwasan ang depekto ng pag-uugali na ipinakita ni Pedro?
3. Anong mga aral ang maaari kong matututunan mula sa pagkahulog at pagbabagong-buhay ni Pedro?
4. Pagkatapos ng pagkabuhay na mag-uli ni Kristo, bakit kinakailangang tanungin ni Kristo si Pedro ng tuwirang tanong sa harapan ng kanyang mga kapatid—at ano ang dapat nating matutunan mula rito?
5. Ipaliwanag ang pundasyon kung saan itinayo ni Cristo ang Kanyang iglesia, at tukuyin ang mga susi ng kaharian ng langit.

Mga Handog sa Unang Sabbath



Sabbath, Hulyo 5

Ang Arue Church sa Tahiti

Gaano kahalaga ito para sa malalayong Isla sa Pacific Ocean na magkaroon ng gabay na liwanag para sa Dios (see p. 4).



Sabbath, Agosto 2

Ang GC Education Department

Ang epektibong batang misyonero ay kinakailangang matalino. Ipagpatuloy natin ang paghahanda ng kanilang kurikulum (see p. 25).



Sabbath, Setyembre 6

Isang paaralan sa Mahoko, Rwanda

Pinangangalagaan at tinuturuan ang mga bata na maging matapat na misyonero para sa Panginoon (see p. 51).